

PROLOGUE

Sandra's POV

“Cassandra, halika na! Tumayo ka naman d’yan sa kinauupuan mo!” Hinaltak ako ni Mye sa kamay. Kanina pa ako nakaupo sa isang sulok ng bar at natutuwang tinitikman ang lahat ng flavor ng *Absolut Vodka* sa lamesa namin. Napaingos ako nang maalala ang best friend kong si Bea dahil hindi siya sumipot sa farewell party ni Lex.

Hindi na nga namin tinapos iyon dahil biglang nawala si Lex sa paningin namin kaya nauwi kami sa bar na nasa mismong hotel kung saan ginanap ang party. Kung nandito siya, for sure, tuwang-tuwa iyon sa bumabahang inumin. Sa aming dalawa, mas mataas ang tolerance ni Bea sa alcohol. Pero naiinis ako sa kanya sa pang-iindyan niya sa akin.

Nagpahaltak na ako kay Mye. Hindi kasi titigil ang babaeng ito sa pangungulit sa akin. Sumiksik kami sa mga taong nagsasayaw para makarating sa gitna. Partner-partner sila sa pagsasayaw samantalang ako, sige lang sa pag-indak.

Pero nagulat ako nang may isang lalaki na nakipagsayaw sa akin. Pinaliit ko ang mga mata ko para aninagin siya at napangiti ako. In fairness, mukha namang yummy kaya lalo kong ginandahan ang ngiti ko. Pero hindi man lang siya gumanti ng ngiti sa akin. Nakatitig lamang siya habang sumasayaw at may pahawak-hawak pa sa baywang ko.

Sige lang, hawak ka lang. Kung di ka lang gwapo, kanina pa kita nasapok.'

“Ano’ng name mo?” tanong ko sa kanya. Hindi ako nag-iiwas ng tingin. Para na kasi akong namagnet sa maganda niyang mga mata.

“There’s no need for that. Much better to keep that a secret,” and he smiled.

Oh, my gulalay! Bakit ang gwapo mo?

Akala ko si Lex lang ang gwapo sa paningin ko, maling-mali pala ako dahil ang lalaking ito ay tunay na yummilicious! Para ngang mas gwapo pa kay Lex, eh.

But since he didn’t want to tell me his name, I just shrugged my shoulders. Tama nga naman siya. Mas maigi na hindi namin alam ang pangalan ng isa’t isa para walang hassle.

Bigla kong naramdaman ang paglapat ng mga labi naming dalawa.

Lantang gulay! Ang lambot ng lips niya!

Gumanti ako ng halik kaya mas lumalim pa iyon. Though I kissed other guys before, this guy's kiss was incomparable!

Heaven!

Iyun ang pakiramdam ko. Para akong anghel na lumulutang sa alapaap ngayon. Parang ayokong itigil ang paghahalikan naming dalawa!

“Wow, lady! Take it easy,” narinig kong sabi niya kahit na maingay ang paligid namin.

Napansin kong hindi niya ako hawak samantalang nakahawak pa rin ang mga kamay ko, isa sa batok niya at isa sa balikat.

Ako ba ang humila sa kanya? Nakakahiya!

Pero keberness! I wanted him! As in I wanted him badly. Tatal wala talaga akong kapag-a pag-asa kay Lex, siya na lang for the meantime.

“Let's get out of here,” I smiled seductively.

“Your wish is my command, princess.” At hinaltak niya ako paalis ng kinatatayuan namin. Hinablot

ko lang ang purse ko at mabilis kaming umalis sa maingay na bar. I didn't bother to say goodbye to my friends. For sure, hindi na nila ako hahanapin

“Wait lang! Teka!” Ano ba itong lalaking ito, masyadong malikot. Kung saan-saan nakakarating ang mga kamay niya!

“You want me to stop this?” takang tanong niya habang nakakunot ang noo.

Kunot na pero pogi pa rin!

“Eh....” *Teka, ayaw ko nga ba?* “S’abi ko, wait lang. Di ko naman sinabi na ayaw ko.” Kahit nahihilo ako dahil naparami ang nainom kong alak, aware pa rin ako kung saan hahantong ang ginagawa naming dalawa.

“Then stop stopping me.” He took my lips again in a searing kiss.

Sige na nga, go na. So I kissed him back, deeper this time. Ang mga kamay niya ay abala sa paghaplos ng katawan ko. Naramdaman ko ang paglayo niya sa akin kaya napamulat ako at nakita ko siyang nakatitig sa akin.

“Beautiful.” Noon ko naramdaman ang malamig

na hanging nanggagaling sa air-con. Napasinghap ako nang mapagtanto kong nakahubad na pala ako! Bigla kong nayakap ang sarili ko para kahit paano ay matakpan ko ang maseselang parte ng aking katawan na nakabuyangyang sa harapan niya. Kahit nakainom ako, medyo naasiwa ako sa paraan ng pagkakatitig niya sa akin.

He smirked. Pinanood ko siya habang marahan na nagtatanggal ng damit. He was stripping in front of me.

Oh, my! Bakit ang skimpy ng brief niya? At ano 'yun? Parang gustong kumawala ng itinatago niya sa maliit na telang iyon!

Pumikit ka Sandy, pumikit ka! sabi ng utak ko. Pero ayaw sumunod ng mga mata ko. Mega titig na titig ako sa kanya.

“Like it?” he smiled widely.

“You are gorgeous!” *Ansabe ko?*

Lalong lumawak ang ngiti niya sa akin at humakbang palapit.

“Wait lang. Madaya ka eh.” Napatigil siya sa paglapit. “You stripped me to my birthsuit. Samantalang ikaw, may naiwan pa.” Ininguso ko sa

suot niyang briefs.

Napatawa siya at lumapit ulit. Hinawakan niya ang kamay ko.

“Then remove it for me.” And he captured my lips hungrily.

I kissed him back while his hand guided mine to hold the garter of his super duper skimpy briefs.

Unti-unti kong ibinaba iyon. Naramdaman ko na dumapo ang kanyang *Tender Juicy King-size Hotdog* sa aking tiyan when it popped out of his underwear.

Keber ko ulit! Lakasan na ang loob, Sandra! This is it! Bawal ang umatras!

Siya na ang tuluyang nagtanggap ng briefs niya dahil ayaw niyang tumigil sa paghalik sa akin.

He pushed me on the bed then he positioned himself on top of me. Napasigaw ako sa naramdaman kong hapdi. Halos maitulak ko siya palayo sa sobrang sakit. He entered me straight away without proper foreplay!

Sinabi ng mga friends namin ni Bea, dapat may foreplay pa. Iyung iki-kiss ka ng guy sa buong katawan mo, hahaplasin ka. Pero ang walanghiyang lalaking ito, walang ganoon-ganoon!

“It hurts!” Naiiyak na ako. *Syemay! Mamamatay na yata ako. Para akong kakapusin ng hininga!*

“F*ck! F*ck! F*ck!” Magkadikit na ang parteng ibaba ng mga katawan namin, iyong dikit as in all in!

Galit ba siya sa akin? Bakit siya nagmumura?

Pero hindi ko iyon isinatinig pa dahil abala ako sa nararamdaman kong sakit kaya di ko na napigilang maiyak pa. Pareho kaming hindi kumikilos. Nakasubsob lang siya sa balikat ko at malalim ang paghugot ng hininga. Gad! Ganito ba talaga kasakit iyun? Sinabi nila heaven daw. Pero ang feeling ko, parang inooperahan ako! Parang hinahati ako sa gitna!

Di pa rin siya gumagalaw sa ibabaw ko. I could feel him crazily throbbing inside me. His breathing became ragged.

“Sorry. I’m really sorry,” mayamaya ay sabi niya pagkatapos ay pinaliguan ang mukha ko ng mumunting halik. Then he started to move his hips.

“Please don’t move!” Pero hindi niya ako narinig. Hinalikan niya ako nang mariin. Mabagal lang sa una pero pabilis nang pabilis ang ginawa niyang paggalaw. “You are killing me!” sigaw ko sa kanya.

Hindi pa rin niya ako pinansin. Binabayo ko na ang likod niya. Pinipilit ko rin siyang itulak, pero niyakap niya ako nang mahigpit.

He moved faster than before. Ang sakit na nararamdaman ko kanina, biglang nag-iba. Nawawala na. Ito na yata ang tinatawag nilang heaven.

Tinitigan niya ako. Nahipnotismo naman ako dahil hindi ko nagawang ihiwalay ang mga mata ko sa kanya. Naramdaman kong sinasalubong ko na ang galaw niya.

I could hear myself moaning as he pushed himself deeper inside me. Bumabaon ang mahahaba kong kuko sa likod niya habang mahigpit ang pagkakayakap niya sa akin.

“I am coming, princess!” he said.

We both screamed as we reached the peak.

Napakunot-noo ako pagdilal ko ng mga mata. Hindi ko kwarto ito. Bigla akong napabangon at iniikot ang paningin ko. Nang bumagsak ang kumot sa aking mga hita, nagimbal ako sa nakita. Hubad ako!

Pumikit ako at pilit kong inaalala ang nangyari

kagabi. Dahan-dahan kong nilingon ang tabi ko. Wala akong kasama... wala na ang lalaking nakasama ko nang buong gabi.

I saw a note on the table with a box on top of it. Katabi ang isang bote ng mineral water at isang banig ng aspirin. Kinuha ko muna ang note at ang box.

Thanks for last night, Sweetie. Take the gift as my thanks. Binuksan ko ang kahita. I gasped when I saw it's a bracelet with diamonds.

Napapikit ulit ako. Pilit kong inaalala ang mukha ng lalaking nakaniig ko kagabi, pero malabo na talaga. Kinuha ko ang tubig at ang aspirin at ininom iyon para maibsan ang nananakit kong ulo. Gusto ko mang bumalik sa pagkakahiga sa kama para muling matulog ay hindi ko ginawa. Ayokong maabutan pa niya ako doon sakali mang bumalik siya.

Tumayo ako para matigilan lang nang maramdaman ko ang sakit sa pagitan ng aking mga hita. Nasapo ko ang ibabang bahagi ng katawan ko na parang hanggang ngayon ay may nakapasok pa din doon.

Pinilit kong maglakad hanggang makarating ako ng shower room. Kahit nahihirapan ako, kailangan kong kumilos nang mabilis. Hindi ako dapat makita

Mr. Nuknukan: Troy - LoveLornMe

ng sinumang herodes na kumuha ng virginity ko kung siya man ay babalik pa sa silid.

Biglang tumulo ang luha ko sa inis. Wala akong balak iwala ang virginity ko kung kani-kanino lang. Inihanda ko ang aking sarili na ibibigay ko sana ito kay Lex kagabi. Pero biglang naiba ang sitwasyon dahil sa ilang baso ng vodka! Padausdos akong naupo sa bathtub at mahinang iniuntog ang ulo ko sa pader.

Cassandra, sobrang tanga mo talaga kahit kailan!

1

Muling Pagkikita

Sandra's POV

“Mommy, can you please tell me again why do I need to stay here?” Natawa ako sa nakita kong pagkabagot sa mukha ni Cameron. She’s my six-year-old daughter. Iniuwi ko siya galing States kung saan siya ipinanganak. Sanay na sanay na siya doon kaya alam kong malaking adjustment ang gagawin niya dito sa Pilipinas.

“Di ba s’abi ko nga sa iyo, kailangan na nating mag-stay dito? It’s not convenient that I take a flight every now and then just to see you. It costs fortune, honey,” paliwanag ko.

I started unpacking our clothes. Wala nang dahilan pa na mag-stay kami sa Amerika dahil iniuwi na ni Dad ang bago niyang asawa sa bahay. Hindi sa galit ako kay Daddy. It’s time for him to have a new wife. Ilang taon na din kasing wala si Mommy. Ang totoo, ayaw nilang umalis kami ni Cammy doon but I insisted. That old man needed to live on his own now... with his new wife.

“But, Mommy, you know that it’s so hot in here. And I cannot live in this place, that’s for sure!” Pinigilan kong tumawa ulit dahil akala mo ay doña ito na naglalakad paroo’t parito habang nakapamaywang.

“We have AC in our house and in the car as well, Ma’am.” Sumampa siya sa kama at itinapat ang mukha sa akin.

“But surely, it’s so, so hot outside, Mom! How can I make the snowman during winter? There will be no snow in here, that is for sure!” Niyakap ko siya pero nagpumilit na kumawala.

“Hay naku, anak! All you need is to adjust. Hindi naman lahat ng gusto mo, pwedeng masunod. You know that your grandfather recently got married. Ayoko namang makigulo ka sa kanila d’un.”

Tumahimik ang aking unica hija. Bigla kong naalala si Mason. Ganito din katabil ang anak na iyon nina Bea at Lex. At ang aking best friend, alam kong magugulat siya kapag nalaman niya ang tungkol kay Cameron. Sa loob ng pitong taon, naitago ko sa kanya ang tungkol sa pagkakaroon ko ng anak.

“Mom, do you think I’ll meet lots of friends here?”

Nakangiting tumango ako sa kanya kahit pa taas na taas ang kilay niya sa pagkakaarko.

“Of course, my love. Maraming-marami. But first, try to speak in Tagalog, okay?” She pouted her lips. “I will enroll you in Mason’s school. He’s a nice boy and for sure, you will like him.”

“If he’s going to follow me around like those boys in my school, I will definitely hate him!”

Natatawang napailing ako sa pagsusungit nito. Cameron was beautiful but she didn’t look like me. Baka sa side ng daddy niya kung sinumang herodes iyun! And she was very bossy. Lahat ng sabihin niya, gusto niyang nasusunod. Ako lang ang hindi niya nauuto. Pero ang mga kalaro niya, kahit yata sabihin niyang maglakad nang patiwarik, gagawin pa rin. Pati ang lolo niya at si Manang Daleng, madaling napapasunod.

“He’s a good boy, Cammy. ”Tsaka, matalino siya. I wonder if you can beat him.” Tumaas ang kilay niya sa panunukso ko sa kanya.

Yes, she’s very smart. Matalino siya para sa edad niya. “Nobody can beat me, Mommy, and you know that. Not even that Mason Boy!” At nagmartsa palabas ng silid si Cameron.

Napabuntong-hininga ako at napailing. Kahit kailan, overconfident ang batang iyon. For sure, sa

ama nagmana dahil iyon ang wala ako sa katawan, confidence.

Nagkita kami ni Bea at nagpasyang kumain sa isang hotel. Nagulat ako nang sabihin niyang ikinasal na siya kay Lex na alam kong may ibang nobya. Kaya habang kumakain kami, sinimulan ko siyang ratratin ng mga tanong. Isang buwan lang akong nawala, ikinasal na agad-agad! At nakapag-honeymoon! Syempre, pinaalalahanan ko siya kung bakit dapat siyang mag-ingat sa nobya ni Lex at hindi porque kasal na sila, magpapakakampante na siya.

“Ice!” Biglang nagliwanag ang mukha niya. Nilingon ko kung sino iyon. And my. Oh my..... yummy, ha! At ‘Ice’ ang tawag nito sa best friend kong Beatrice ang buong pangalan. I wonder why not ‘Bea’ instead? Gusto yatang maiba.

“Troy!” Tumaas ang kilay ko. So, this was the famous Troy Villegas. Nakalimutan yatang banggitin sa akin ni Bea na sobrang gwapo pala ng lalaking ito... lamang, you could see the arrogance on his face. Iyung tipong di basta ngumingiti.

Eto namang best friend ko, ang arte-arte. May patampo-tampo pa as if namang missed na missed

niya ang kausap! Ang sarap sabunutan dahil ang haba ng hair! Ang gugwapo ng mga lalaki! Kaso sorry na lang si Troy; patay na patay si Bea sa asawa niya eh.

“Nga pala, Troy, I want you to meet Cassandra, my best friend. Sandy, meet Troy. He’s the owner of *Ozmount Hotel*.”

Ngumiti ako at ako na ang naunang mag-abot ng kamay ko sa kanya.

“Pleased to meet you. Ikaw pala si Troy.” Ang gwapo talaga! Kaso grabe naman kung makatingin. Parang nang-uuri. Inayos ko ang upo ko.

Tumango lang siya, ni wala man lang hi nor hello. Suplado, ha!

“Have we met before, Sandy?”

Sandy talaga, ha? Close kami?

“What a cliché! Nope, we haven’t. Though I always heard lots of things about you from Bea, I don’t think we already bumped into each other.” Binawi ko na ang kamay ko. My God, kinakabahan ako sa kanya!

“Guys, wait lang, ha? Need to go to the washroom,” paalam ni Bea. Bago pa ako nakahuma, nagmamadali na siyang umalis.

Gusto ko nang sumubo ng pagkain... as in gustong-gusto ko na kaso paano ko gagawin iyun kung may nakatunganga sa beauty ko?

“Uhm... Troy, pwede bang ’wag mo akong masyadong pinakatitigan? Nakaka-conscious ka kasing tumingin.” Inilayo naman niya ang tingin sa akin para tawagin ang waiter. Sinamantala ko iyon at mabilis akong sumubo.

“Now I know where I met you.”

Napatingin ako sa kanya. Hindi ko maintindihan ang sinasabi niya. Panay lang ang nguya ko.

“Seven years ago. Sa bar...” Tumaas ang kilay niya. I could see a smile on the corner of his lips.

Bigla akong nanlamig. Tumaas-bumaba ang dibdib ko sa nerbyos. Para akong nabibingi sa lakas ng kaba ko!

“Do you remember now, princess?” And he grinned at me.

Bigla kong nabitawan ang hawak kong mga kubyertos. Napailing ako. Iyon ang pilit kong inaalís sa isip ko, pero paano? Kung lagi kong nakikita ang naging bunga niyon? At ngayon, nandito sa harap ko ang kasama kong gumawa niyon!

“Pasensya na kayo, ha?” Biglang naupo si Bea sa silyang inookupahan niya kanina. “Hindi ko na talaga napigilan. Ihing-ihing na talaga ako, eh.” Kumain ulit siya at mukhang hindi niya nahahalata ang nangyayari sa akin. “What can you say about my best friend, Troy? Di ba sabi ko sa 'yo, sobrang ganda niya?”

Napapikit ako. Kulang na lang sipain ko itong best friend ko sa sobrang inis ko.

“No doubt about it. She’s really beautiful.” Pero iba ang dating niyon sa akin. Double meaning iyun!

Hindi ko na talaga kaya! I needed to run away from this place!

“Uhm... Bea, nakalimutan ko. I need to go. Bigla kong naalala na darating nga pala ang gagawa ng AC sa bahay.” Sinenyasan ko ang waiter.

“Ha? Eh, di pa tayo tapos mag-usap.” Bigla siyang nataranta.

“Nandito naman si Troy, he can keep you company. Bill, please. Thank you,” sabi ko sa waiter na lumapit.

“It’s on the house, Bobby.” Tinanguan ni Troy ang waiter.

Napatingin ako sa kanya. Ngumiti ulit siya sa akin na nakapagpataas ng balahibo ko! I really need to get out of here!

“Thank you sa libre, Troy. Bes, sorry talaga. I need to go. I will call you later.” Hinalikan ko siya sa pisngi at mabilis akong tumalikod.

Paglabas ko ng hotel, halos hindi na ako makalakad. Nanlalambot ang mga tuhod ko kaya napahawak ako sa pader.

“Miss, are you okay?” Napalingon ako sa nagsalita. Tinaasan ko siya ng kilay. I showed him my famous ‘Do I know you?’ look.

“Just asking.” In fairness, na-gets niya ako.

“I’m fine. You don’t need to bother yourself. I’m just constipated. Marami akong nakain.” Napakunot-noo ako nang ngumiti siya sa akin.

“Sabagay, the food is really great here in *Ozmount*. Ako kasi, malakas talagang kumain.”

Nagtataakang pinag-aralan ko siya. Niloloko yata ako nito, eh! Malakas daw kumain pero sobrang ganda kaya ng katawan niya. Sexy, to be exact! Kahit nakasuot ng long-sleeved shirt, kitang-kita ang ganda ng katawan niya!

“By the way, I’m Nathaniel.” Hmm... friendly, ha! And hmm... medyo rough ang kamay niya. Like ko iyun! Tanda ng kasipagan.

“Cassandra. Sige, Nathan, I need to go. Thanks for the concern.” And before he could ask anything, mabilis na akong umalis.

Pagkaupo ko sa kotse, naalala ko si Troy. Iniuntog ko nang mahina ang ulo ko sa manibela.

My God! Siya ba talaga ang tatay ng Cammy ko? Itinakip ko sa bibig ko ang aking kamay. Impit akong tumili. Syeet! Ang gwapo-gwapo niya!

Kinikilig ako to the max! Sobrang tanga ko naman para kalimutan ko ang ganoong mukha!

But wait lang... hindi niya alam ang tungkol kay Cammy! Hindi ko pwedeng ipaalam sa kanya! Baka... baka kunin niya ang anak ko!

And I had to tell Bea about it!

Hindi ako mapakali habang mataman na nakatitig sa akin si Bea.

“Ano ba, bes? Will you please stop walking? Nahihilo na ako sa ’yo!” singhal niya dahil palakad-

lakad ako habang nag-iisip kung paano ko sisimulan ang paliwanag ko sa kanya. “Cassandra!” Napatalon ako sa gulat.

“Wag ka ngang maingay, bes!” Tinakpan ko ang bibig niya. “Quiet ka naman.”

Inis na tinanggal niya ang kamay ko sa bibig niya. “Eh, ano naman kung maingay ako? Dadalawa lang tayo dito. ’Tsaka pwede ba, iniwan ko ang mag-ama ko for you, ha! Magsalita ka na!”

“Shh! ’Kakainis ka! Halika na nga!” Bigla ko siyang hinila sa kamay paakyat sa hagdanan papunta sa pangalawang palapag ng bahay.

“Saan tayo pupunta? At bakit ba para tayong magnanakaw na nagdadahan—”

“Basta sumunod ka na lang at huwag kang maingay!” Humugot muna ako ng malalim na paghinga bago ko binuksan ang pinto ng kwarto.

“Who—” Nakita ko ang pagtataka sa mukha niya nang makita si Cameron sa kama at mahimbing na natutulog. Sinenyasan ko siya na sumunod sa akin palabas para hindi magising ang anak ko at si Manang Daleng.

Nang makaating kami sa sala, saka lang ako

nagsalita. “Bes... she is my daughter, Cameron,” Napasinghap siya sa narinig habang nanlalaki ang kanyang mga mata.

“Anong daughter ang pinagsasasabi mo? Eh, NBSB ka!” Kinuha ni Bea ang baso ng tubig at halos mapangalahati ang laman niyon. Nauhaw yata sa sinabi ko. “Dali, dali! Tell me! I’m listening!”

“Hmm... remember the night of Lex’s farewell party?” Tumango siya. Idinetalye ko sa kanya kung paano nangyari ang mga nangyari.

“Wait lang, friend, ha? After seven years, ngayon mo lang sinabi sa akin ’yan. Bakit di ka nagtapat sa akin, aber?”

“Nagsalita! Eh, ikaw nga, kahit alam mo kung sino ang daddy ni Mason, hindi ka nagkuwento sa akin, ako pa kaya na hindi kilala kung sino ang herodes na nakabuntis sa akin, ha?” Hindi siya kumibo dahil kung tutuusin, quits lang kami sa paglilihim.

“Anong itsura niya? Gwapo ba?” pag-iiba niya ng paksa. “Tingin ko gwapo kasi ang ganda ni Cammy, eh. No offense meant, bes. Alam mong taas ang kamay ko sa kagandahan mo, kaso di mo kamukha si Cammy. Sa buhok lang.”

“Alam ko naman ’yun. Ewan ko ba, alam kong

gwapo siya.... tingnan mo nga, nasabi ko sa iyong ang sexy-sexy niya pero kung hindi ko pa ulit siya nakita, at siya pa ang nagpaalala sa akin, di ko maisip na siya iyon.” Bumuntong-hininga ako at nangalumbaba.

“You mean, you met him again?” kunot-noong tanong niya sa akin. “Sino siya?”

“You know him. As in matagal mo nang kakilala.” Umiwas ako ng tingin sa kanya.

“Sino?” Kinagat-kagat ko muna ang labi ko bago ko siya muling tiningnan.

“Si Troy.”

Kitang-kita ko ang pagkagulat sa mukha niya!

2

Expect the Unexpected

Sandra's POV

Ilang araw na ang lumipas nang makausap ko si Bea tungkol sa ama ni Cameron at sa araw-araw na pag-uusap namin, lagi akong kinukulit kung nasabi ko na daw ba kay Troy ang tungkol doon. First of all, I do not know his number and I am not interested to have it. Second, I don't want him to get involved in my daughter's life. Kaya ko namang palakihin ang anak ko nang wala siya, kaya wala talaga akong balak ipaalam pa sa kanya ang tungkol kay Cameron.

Ngayong araw nga, sinamahan ko ang aking best friend na bumili ng mga libro at stressed na naman sa asawa niya. Isinama na din naming ang dalawang bata para maigala sila. As usual, hindi nawala sa topic namin ang magaling na ama ng anak ko.

At ewan ko ba kung bakit parang nananadya talaga ang pagkakataon. Ang taong iniwasan kong makita, siya ngayon ang nasa harap ng anak ko! Para akong binuhusan ng yelo nang marinig kong ipinapakilala ni Mason si Cameron sa ama nito.

And to my horror, they were staring at each other. Agad akong nagpaalam kay Bea at hinaltak palayo si Cameron. Bastos na kung bastos pero nag-panic talaga ako sa pagkikita nilang iyon!

Pero dahil mabagal ang lakad niya, binuhat ko na siya para makaalis kami doon. Lakad-takbo na nga ang ginawa ko!

“Mommy, why do you need to run?” tanong sa akin ng madaldal na bata. “Are you running away from that man? Is he a bad guy?”

Agad kong binuksan ang pinto ng sasakyan ko at isinakay siya doon bago ko kinabitan ng seatbelt. Ako man ay nagmadaling sumakay ng kotse. Hingal na hingal ako! Feeling ko, sumali ako sa marathon.

“Mommy? I’m asking you po!” Paglingon ko sa kanya, nanlalaki ang mga mata niyang nakatingin sa akin at nakahalukipki siya.

“What are you asking again?” Hinahabol ko pa rin ang hininga ko. Napatungo ako sa manibela.

“I’m asking you, why do we need to run? Especially when you saw Mr. Troy. But honestly, he looks like a good guy for me.”

Napatitig ako sa kanya. Si Cammy ang tipo ng

batang hindi basta-basta mapi-please lalo na kapag nahalata ka niya na di naman bukal sa loob mo na gusto mo siya. That was why I wondered why she's acting that way to Troy. Iyon na kaya ang tinatawag na lukso ng dugo?

"I just remembered that I have something to do in the house. 'Tsaka, your Lolo will call later. I want to be at home that time,'" walang kwenta kong sagot sa kanya.

Sumimangot siya at tumingin sa daan. "Why do adults keep on avoiding questions?" I started to move the car. I wanted to laugh when I saw how she pouted her lips.

"And why do kids keep on asking questions?" ganting tanong ko sa kanya.

"Because we wanted to know the answers." Tumingin siya sa katabing bintana at may tila isinusulat doon.

"And adults avoid questions if they don't know the answers." Sinulyapan ko siya at ngumiti ako.

She answered my smile with a grin. "You know, Mom, even though I have lots of questions which you cannot answer, I want you to know that I love you so much!" Hindi niya inaalis ang tingin sa akin.

“Kahit na hindi kita nakasama nang matagal?” Nagtubig ang mga mata ko. Tumango siya.

“Because I know, you have your reasons and I fully understand it.” Nagulat ako nang hawakan niya ang gilid ng mata ko. “Don’t cry, Mommy. S’abi ko lang naman po, I love you, naiiyak ka na,” she chuckled.

Natatawang hinawakan ko ang ulo niya. “And you are the sweetest daughter ever that is why I love you!” Inabot ko siya at hinalikan sa labi nang maging pula ang ilaw trapiko.

Lumaki ang ngiti ni Cameron. “You’re joking, Mommy! Of course there’s no comparison. Make another baby and let’s see about that but...” Tumaas ang kilay ko dahil sa ‘but’ na iyon. “But only with my daddy.” Bigla akong nabulunan sa sarili kong laway sa sinabi niya. Nagulat pa ako nang biglang sunod-sunod na busina ang narinig ko. Ang traffic enforcer, sinesenyasan na ako na umabante.

“What if... what if I will not see your daddy again? What if I cannot find him?” tanong ko nang makahuma na ako sa sinabi niya.

“Then don’t make another kid and don’t get married. I should be enough for you.” Ngiting-ngiti pa rin ang anak ko.

Natahimik ako doon. Cammy was the main reason why I didn't go out on dates. Kapag may umaakyat ng ligaw sa akin, hindi siya umaalis sa tabi ko. Gusto rin niya, kung magde-date ako, kasama siya. And she was showing attitude to those guys who wanted to court me. Alam kong sinasadya niya iyon dahil kahit suplada si Cameron, di ko naman siya pinalaking bastos na bata.

But now, I knew the reason why... she only wanted her own father for me, not any other man.

“Bes, sagot naman o.” Tinatawagan ko si Bea. I wanted to ask her what happened after we left the book store. Para malaman ko kung may tinanong ba si Troy tungkol kay Cameron o wala dahil hindi talaga ako mapalagay.

“Sandy!” Nagulat ako sa paraan ng pagsagot niya. “Please come over! Get Troy out of here! Please! Dito sa bahay. Dalian mo!” And she hung up.

Natutulala pa akong tinitigan muna ang telepono nang ilang sandali. Why was there an urgency in her voice? May nangyayari bang hindi dapat?

“Manang! Manang!” tawag ko habang kinukuha ko ang bag at susi ng kotse ko. Nakasuot lang ako ng

maikling shorts at hanging sando na gasino na lang umabot sa baywang ko. Di na ako mag-aabalang magpalit ng damit.

“Aalis ka?” tanong ni Manang Daleng na galing sa kusina.

“Pupunta lang po ako kina Bea sandali. Babalik po ako agad.” Mabilis akong sumakay ng kotse. Hindi nawawala ang kaba ko habang nagbibiyahe. Ano ang ginagawa doon ni Troy at bakit ganoon ang boses ni Bea?

Nang makarating ako sa floor kung saan nandoon ang condo unit ni Bea, nagulat ako nang maabutan kong nakaupo sa labas ng pinto si...

“Troy?” Nanlaki ang mga mata ko sa itsura niya. “My God! What happened?” Putok ang kaliwang kilay niya, ganoon din ang gilid ng labi na nagsisimula nang mamaga.

Agad akong kumuha ng tissue sa bag ko at ipinunas sa dugong tumutulo na sa mukha niya. Bigla niyang hinawakan ang kamay ko.

“Sandra, Lex is angry. Baka kung ano ang gawin niya kay Ice.” I saw how worried he was sa kabila ng kalagayan niya.

Tumayo ako para pakinggan kung may kaguluhan sa loob ng bahay, pero wala akong narinig. I tried to turn the doorknob, ngunit sarado iyon. Tumungo ako sa kanya na nakatingin pala sa akin.

“Let them be for now, Troy. Lex will not hurt Bea.” I squatted in front of him. “Pero ngayon, kailangang malinis ’yang sugat mo.” Inalalayan ko siyang tumayo. Although he could walk properly, pinabayaan kong umakbay siya sa akin while my other arm was around his waist.

“You shouldn’t do this.” Sinulyapan ko siya habang iminamaniobra ang sasakyan.

“This is nothing. My best friend asked for my help and I cannot just ignore her. Isa pa, makakagulo ka lang sa kanila.” Itinigil ko ang kotse sa harap ng isang pharmacy at bumili ng mga kakailanganin sa sugat niya.

Nang makabalik ako, agad kong inabutan ng tubig si Troy. “Drink this.” He murmured his thanks and took it. Napangiwi siya nang inumin ang tubig, marahil dahil sa sakit na naramdaman sa kanyang labi.

Nang maipasok ko ang kotse sa garahe, agad ko siyang inalalayan na makapasok sa bahay at pinaupo

sa sofa. Sinilip ko muna sa kwarto si Cammy na natutulog na pala katabi si Manang Daleng. Nagpunta ako sa kusina para kumuha ng yelo. For sure, hindi na lalabas pa ng kwarto si Cameron.

Troy's POV

I swallowed when I saw her walk toward me with a basin in her hands. Sobrang iksi naman kasi ng suot nito as well as her hanging top. Nakikita ko ang makinis niyang tiyan. She's one hell of a hot woman!

“Linisin ko lang sandali 'yang sugat mo, ha?” Hindi ako kumibo. Nakatuon lang ang atensyon ko sa kanya. “Take this.” Iniabot niya sa akin ang ice pack. “Put this on your lips para hindi mamaga habang nililinis ko ang sugat sa kilay mo.”

Sinimulan niyang linisan ang sugat ko sa kilay. Minsan ay nadidikit ang malusog niyang dibdib sa braso ko kaya napapapikit ako.

“Sorry... masakit ba? Napadiin ba ang punas ko?” Goodness! She thought I closed my eyes because of that?

I just shook my head. Kinuha niya ang ice pack mula sa kamay ko at iniharap ang mukha ko sa

kanya. “Tsk! Boksingero pala si Lex!” Marahan niyang tinanggal ang namuong dugo sa labi ko. “Ano ba kasi ang pinag-awayan ninyo?”

“He saw me kissing Ice’s hands.” Nahinto sa ere ang kamay niya na maglalagay sana ng ointment sa labi ko. Tiningnan ko siya pero umiwas siya ng tingin. Ipinagpatuloy na niya ang ginagawa.

“Bakit mo naman hinalikan? Ano ba kasi ang pinag-uusapan ninyo?” I wanted to smile. May kadaldalan pala si Sandra.

“I was telling her how much I love her... Aww!” Bigla kasing napadiin ang pagdikit ng cotton bud na may ointment sa sugat ko.

“Sorry, napadiin.” She bit her lip. “Ikaw naman pala ang may kasalanan. Ang lakas ng loob mong gawin iyon, eh, nasa teritoryo ka ni Lex.” Lumayo siya sa akin at sinipat ang mukha ko.

“Actually, we are not talking about that at first.” Nagsisimula na niyang ligpitin ang mga ginamit niyang bulak at medicines. “We were talking about you.” Bigla siyang napatingin sa akin. “I told her that something happened to us years ago.”

Napahugot siya ng hininga dahil doon. Ako naman, aral ko na yata ang magpigil ng ngiti kahit

gustong-gusto kong mangiti kanina pa. “That I am the father of Cameron.” Bigla niyang nabitawan ang hawak na basin.

“Oh, God! Sorry.” Mabilis na kumuha ng maraming tissue si Sandra at pinunasan ang natapong tubig sa sahog. Tinulungan ko siya.

“Wag na. Ako na!” Pilit niya akong itinutulak palayo sa kanya.

“I will help you. Partly, it’s my fault why this slipped from your hands.” Kumuha ako ng tissue at pinunasan ang sahog.

“I told you I—Ay!” Napasama siya sa akin pahiga nang itulak niya ako dahil nadulas kami pareho sa tubig. Napasubsob siya sa dibdib ko!

“Are you okay?” Marahan siyang nag-angat ng mukha. Our faces were just few inches away. Napalunok ako.

Hindi ko alam kung gaano katagal kami sa ganoong pwesto. I didn’t care whether I was wet. Our eyes were locked with each other.

“Who are you?” untag ng isang tinig. Gulat kaming napatingin sa batang nakapamaywang sa ulunan namin. “Are you courting my mommy?”

tanong pa nito.

I saw my sister Pauleen in her when she was about this girl's age! And with the same attitude as well!

She really was mine! She was my daughter!

3

Living Together

Troy's POV

Nang makatayo kami ni Sandra mula sa pagkakahiga sa basang sahig, hindi ko na maalis ang tingin ko sa batang nakatayo sa tuyong bahagi ng sahig. At gusto kong matawa dahil ayaw pa rin niyang tanggalin ang mga kamay sa kanyang baywang.

“You two are soaking wet! You go and change!”

Iniwasan kong tumaas ang kilay ko. Ngayon pa lang, makikita na ang ugali ko sa kanya: bossy.

Sumunod ako kay Cassandra papunta ng kwarto, pero tinapunan ko ulit ng tingin ang magandang batang nakatingin pa din sa amin.

At kahit na ayaw ko sa iniabot niyang damit, bright yellow colored shirt and floral pink shorts, napilitan akong isuot dahil baka biglang sumunod dito sa kwarto si Cameron.

“You go back to her. Maiinip ’yon. Ayaw niyang naghihintay.” Naglakad siya papasok sa banyo. Ako naman, lumabas na at pinuntahan si Cameron na

nakaupo sa sofa. She looked so beautiful on her pink *Barbie* sleeping dress but her arms were curled against her chest and her legs were crossed.

I sat slowly on the couch facing her and she intently studied my face.

“You’re Mr. Troy, right? The one I met earlier?” Walang kangiti-ngiti ang mukha niya at nakataas pa ang kilay. Ako naman ang gustong mangiti sa paraan ng pagtatanong niya sa akin. Alam na alam ko kung kanino nagmana ang batang kaharap ko.

“Yes, my name is Troy. Troy Villegas. And you’re Cameron, right?” Tumango siya pero ang expression, ganoon pa din.

“Cameron Marie Legazpi.” She looked at me from head to foot. “I was born in New York and lived with my Lolo for years.”

“Oh, I see. I lived in Massachusetts before to study. Do you know how beautiful you are?” Tumango siya pero hindi pa din ngumingiti.

“I know I am,” she said proudly as she raised her chin. “What happened to your face? You were so handsome this morning.” Napahawak ako sa mukha ko at naging conscious bigla kung ano ang itsura ko. “Did somebody hit you?”

I just smiled and shook my head. “This is nothing, baby. Nothing to worry about.” I had this urge to reach for her, kaso baka matakot siya sa akin.

“Are you my dad?” Nagulat ako sa tanong niyang iyon. *How come...?* “Kasi I am looking for him, eh. I keep on asking those guys that my Mom used to date but they are not. Maybe you are the right one.”

Tumango ako dahil wala nang dahilan para ikaila ko pa. “Yes, I am. I’m your dad.” Nilapitan ko siya at naupo sa tabi niya. Her face softened and she was about to cry.

“What took you so long to find me, Daddy? Or you don’t know that I exist?” May narinig akong napasinghap. Pagtaas ko ng tingin, si Sandra, nakatakip ang kamay sa bibig nito.

“Yes, I really don’t know anything about you but when I saw you earlier, I knew that you’re mine.” Kumunot ang noo niya kaya hinawakan ko siya sa kamay. “You looked exactly like your aunt, my sister, Pauleen. And for sure, she will be happy to meet you.”

“Talaga po?” Tumango ako. “And I am looking forward to meet her.” Lumington siya kay Sandra na natitigilan pa din. “How did you find him, Mommy? Why you didn’t tell me?” Instead of answering,

Sandra looked at me, asking for help.

“Baby, listen to me.” Iniharap ko ang mukha ni Cameron sa akin. Huminga muna ako nang malalim bago ako nagsimulang magsalita. “Things happen for a reason. Though we want to tell you everything to answer all your ‘whys’, we cannot do that because you are still too young to understand. Your mom loves you and you know that, right?” Tumango siya. “She showered you all the love that you need, in absence of Daddy. But now that I am here, there will be two of us who will love you, who will take care of you which is more important. And Daddy will not go anywhere anymore. I will stay with you and with Mommy.” Ngumiti ako sa kanya, pero nakanguso pa rin siya.

“Talaga? You promise that you will not go anywhere?” Nakangiting tumango ako at itinaas pa ang kanang kamay ko. “Pinky swear?” She laid her shortest finger of her right hand to me.

Smiling, I wrapped my own pinky finger to hers. “Pinky promise.”

She jumped toward me and hugged me tight. Feeling my daughter’s warm embrace for the first time made me want to cry. For seven years, I didn’t know that I already have a little angel... a beautiful angel that I gave to a beautiful stranger.

I saw it when Sandra turned her back on us. She was about to take another step when I called her.

“Hep! Where do you think you’re going?” Humiwalay sa akin si Cammy at tumingin din sa kanyang ina. Hindi na ito humakbang pa pero nakatalikod pa rin.

“I... I will just go to the kitchen.” Did I just hear a sniff?

Nagkatinginan kaming mag-ama at sabay muling tumingin sa kanya.

“But, Mommy, the kitchen is on another side!” I saw Cameron giggle. “She’s crying for sure,” bulong niya sa akin bago tumalon pababa ng couch at maingat na lumapit sa kanyang ina. And I saw how her smile widened as she looked up on Sandra.

“I told you, Dad! She’s crying!” Bigla siyang yumakap sa hita ng kanyang ina. “Mommy, don’t be sad because I don’t blame you for what happened. I love to meet my dad, but it doesn’t mean that I will love you less. I love you, Mommy, and you know that. It is just that now, you have to share me with him, am I right, Mommy?”

Sandra took a deep breath and went on her knees, facing our daughter.

“Yeah, you’re right. It is just that I’m so happy for you now that you found your dad.” Hinalik-halikan nito si Cammy sa mukha. “I love you, princess, and I will give you whatever will make you happy.” And she received a hug and kiss from Cameron.

Hindi ko ma-explaine ang nararamdaman ko. I think this is what they call overflowing happiness. And I really admire Cassandra on how she brought up Cameron into this world without me, without knowing the father of her child. By that alone, I knew how tough a woman she was.

“Dad, are you going to stay here?” Nakalapit na pala ulit sa akin si Cameron, habang hawak ang kamay ni Sandra.

Tumingin muna ako sa mommy niya bago ko ibinalik ang tingin ko sa bata. “It depends on your mom. Being your dad doesn’t mean that I have to transfer here without asking for your her permission.” Tumingin ulit ako kay Sandra na pinanlakihan ako ng mga mata at gusto kong matawa nang biglang nagbago iyon nang humarap si Cameron sa kanya. Biglang umamo.

“Mommy, please... We have a spare room. You can let Daddy sleep in there if you don’t want to sleep together.”

“Cameron! What are you talking about?” Tila nanghihilakbot siya sa sinabi ng anak namin. Ako naman, gusto ko na talagang tumawa nang malakas. Kanina, ang lakas mang-akit, ngayon naman, akala mo diring-diri sa idea ni Cameron.

“Why, Mom? Did I say something wrong?” Lumipat ang tingin niya sa akin at umiling naman ako which made Sandra looked more uneasy. “My classmates told us that their mom and dad share the same bed, but since you’re still strangers with each other, it’s okay to sleep separately.” And she smiled at her mother who was now more terrified for what our daughter told us.

“Say yes, Mommy. Your daughter is waiting,” I teased her and I smiled when she nodded.

Sandra’s POV

Inis na hinarap ko si Troy. Napilit nila akong dalawa na dito siya matulog sa bahay. Napatulog na namin si Cameron na halos ayaw nang paalisin sa tabi nito ang long-lost father dahil parang hindi ito nauubusan sa kakakwento kay Troy.

“Ikaw,” I pointed my index finger at him. “Who do you think you are?”

Walang kangiti-ngiting hinawakan niya ang kamay ko. “I *am* her father. You don’t need to ask that.” I saw his lips twitched. “Other than me, is there any other man you’ve been with after that fateful night?” Tumaas ang kilay niya.

Nanliit ang mga mata ko sa sinabi niya. *Feeling, ha!* “Ano’ng akala mo sa akin, ha? Walang nakakadate?” I heard him chuckle.

“Don’t get me wrong, Sandra. I know how beautiful you are, but in the few hours that I’ve been with Cammy, I don’t think she will allow you to go anywhere with any man,”

Aba naman talaga! Lakas ng arrive mo, tsong! gigil niyang naisip. “Sa ganda kong ito, hindi ako nababakante, ano! Tse!” Kumuha ako ng mga bagong bedsheet at pillowcase sa cabinet. “At itong pagtira mo dito, ’kabanas, ha! Imbis na natutulog na ako, eto pa ako, nag-aayos ng kama ng Kamahalan!” Inis na inis ako sa kanya at gusto kong magpapadyak.

“If you don’t want to fix my bed, I can sleep beside you.”

Halos umusok ang aking bumbunan sa lalaking ito. Ang lakas talaga ng hangin! *Feeling close lang kami, ha?* Inirapan ko siya dahil nagsisimula na akong

mainis.

“What? You don’t want to us sleep together?” Hindi ako sumagot. Banas na kinuha ko ang isang unan at sinuutan ng punda. “I think you like the idea since you are the one who was teasing me earlier.”

That’s it! Binato ko siya ng unan. Sapul siya sa mukha!

“Ikaw, mayabang na lalaki, hindi porque tatay ka ni Cameron, magfe-feeling close ka na sa akin!” Kinuha ko ang isa pang unan at nilagyan ko iyon ng punda.

“See? You finally admitted it!” Kunot-noo akong tumingin sa kanya. “That I’m the only man after that night.” Nang ibato ko ang hawak kong unan, nakaiwas na siya. “Not the second time, love.”

“I just told you that you’re the father, but I *didn’t* say that there’s no other man after you!” Inagaw ko ang hawak niyang bedsheets at inilatag iyon sa kama.

“Let’s try just to know if you’re telling the truth since you started earlier. And I know, you’re dying to have me on your bed.”

Kapal! Kapal! At sobrang kapal talaga ng Troy na ito! But how did he know na iyon ang nasa isip ko,

ha? Manghuhula ba itong lalaking ito? Or masyado talaga akong obvious?

Inis akong tumayo nang tuwid at namaywang sa harap niya. Kailangan kong pagtakpan ang mga kalokohan sa isip ko. Ghad! Pervert na yata ako! Sobrang yummy naman kasi ng katawan ng herodes na ito, eh!

“Naiinis na ako sa iyong lalaki ka, ha! Kung hindi lang magwawala si Cameron, nunca as in nunca kitang patutulugin dito sa pamamahay ko!” Alam ko, namumula na ako sa inis at pagkapahiya. Nararamdaman ko kasing nag-iinit na ang mukha ko.

“Hey, cool down, love!” Tatawa-tawang itinaas pa niya ang kanyang dalawang kamay. “I’m not here to fight. I just want to make things lighter between the two of us.”

Umikot ang mga mata ko. “Well, hindi mo ginagawang light! Pinapabigat mo lang!” Akala ko, sa mga kwento ni Bea sa akin, may matinong pag-iisip itong lalaking ito... as in sobrang tino dahil sobrang talino. Iyun naman pala, pulos hangin ang laman ng utak. Hangin, kayabangan.

“You want a serious talk? Okay, we will talk.”

And then his face shifted from annoying into a serious one. Ang bilis ng pagpalit, huh!

Troy stood up straight and looked at my face. “I want Cameron to meet my family. I want them to know that I already have a child.” Namulsa siya sa floral shorts na suot niya. “Siguro naman hindi mo ipagkakait iyon kay Cammy sa pamilya ko, right?”

“Of course not! They are her family too.” Inayos ko ang pagkakalagay ng de-garter na bedsheet dahil hindi ko matagalan ang nanunuot niyang tingin sa akin. Tumulong naman siya kaya napadali ang ginagawa ko.

“I will take my clothes from my condo and bring it here.” Bigla akong napatingin sa kanya. “Since you allowed it, syempre, kailangan ko ng damit, right? I cannot wear clothes like this!” Itinaas niya ang suot niyang damit.

Nagpatuloy si Troy. “As much as I want you to live with me in that condo, it will be very inconvenient for all of us because it’s a bachelor’s pad. Dalawa lang ang room at ’yung isa, ginawa kong private office. If we’re going to have time, we’ll go house hunting.”

“House hunting? For what? Is this house not big enough for you? At isa pa, pamana sa akin ito ng

mga magulang ko kaya hindi ko ito iiwan!” mariing tanggi ko sa kanya.

Tinapos niya ang paglalagay ng isa pang bedsheet sa kama bago tumingin ulit sa akin. “Sabagay, there’s no need for us to do that. We’re not a family. We have a child, yes, but it doesn’t mean that we’re a family,” I crossed my arms against my chest dahil bigla akong nilamig sa narinig ko. “But please, Sandra, don’t stop me from spoiling Cameron because I owe it to her. Marami akong nasayang noong panahong wala ako sa tabi niya, kaya kailangan kong punan iyon, sa kahit na anong paraan. And I’m thanking you for letting me stay here. I’m really grateful for that. I want her to know me better as a father, as a friend.”

Hindi ako nakakibo dahil parang nililipad ng hangin ang matino kong pag-iisip. Nagulat na lang ako nang bigla niya akong hawakan sa kamay.

“Please, Sandra.” His eyes were pleading. Ewan ko ba, bigla kong naipikit ang mga mata ko, siguro dahil hindi ko matagalan ang mga ganoong titig niya.

Nang idilat ko ang aking mga mata, nakita ko ang pagkakakunot ng kanyang noo, pero mayamaya lang ay ngumiti siya sa akin.

“Hmm... anticipating for something, huh,

love?” Bigla kong binawi ang kamay ko mula sa pagkakahawak niya at humakbang palayo.

“Sige na, matulog ka na.” Iyon lang ang sinabi ko nang walang lingon-likod at mabilis akong lumabas ng pinto. Pagpasok ko ng sarili kong kwarto, sumampa ako sa kama at nagtatalon doon.

Tumili ako nang tumili nang walang boses.

*Syeet! Ang gwapo-gwapo talaga niya! *Silent mode na may kasamang tili**

Pabagsak na inihiga ko ang katawan ko sa kama, napapangiti habang nakatingin sa kisame. *Ang lakas talaga ng tama mo sa lalaking 'yun, Sandra! Wala namang ginagawa na ikagugusto mo sa kanya 'tsaka you know din kung sino ang gusto niya, di ba?*

Bigla akong napasimangot. *Reality check, Sandra! Katok, katok! He loves your best friend at kahit na maghubad ka sa harap niya, di ka niya papatusin, okay? Kaya magtino ka!*

Pero bigla kong ibinalik ang ngiti ko. Di bale, crush lang naman. Ewan ko ba, kahit na sobra siyang mahangin at moody, hindi nawawala ang crush ko sa kanya.

Goodness, Sandra! Ang tanda mo na para sa mga

Mr. Nuknukan: Troy - LoveLornMe

crush-crush na 'yan, ha! usig ng konsyensya ko.

Keber ko! At walang makakaalam nito! Lalo na si Bea, hindi niya pwedeng malaman, sa daldal pa naman ng babaeng iyon! At saka dyahe naman, ano! Kahit best friend ko siya, nakakahiya na malaman niyang may crush ako sa lalaking matagal na nanligaw sa kanya.

Napapikit ako habang kinakapa ko ang unan at niyakap iyon nang mahigpit... imagining that the poor pillow that I was hugging... was no other than Troy.

4

Mutual Desire

Troy's POV

“We are going to see my family tomorrow.”

Bigla ang naging paglingon ni Sandra sa akin mula sa iniluluto niya.

“Bukas na ba agad?” Nakita ko ang pag-aalala sa mukha niya. “Troy, baka...”

“O, bakit ganyan ang mukha mo? Dadalaw lang tayo doon, hindi naman kukunin sa iyo si Cameron.” Kahit na nginitian ko siya, ganoon pa rin ang itsura niya, parang maiiyak ngayon.

Tumayo ako mula sa tapat ng kitchen table and walked toward her. I held her chin to raise it up. “Babe, they are not going to take away our daughter, but you have to be ready because they will really persuade you to change her surname to Villegas.”

“Pero—” She stopped when I kissed her forehead.

“There’s nothing to worry about, I can assure you that. Ikaw pa rin ang mommy ni Cameron at dito pa

rin siya titira. Lamang, may mga araw na siguradong hihiramin siya ng family ko at sana payagan mo.”

“So what time tayo pupunta bukas sa bahay ninyo?” Lumayo siya sa akin at muling hinarap ang pagluluto.

“I’ll be here by seven so get yourself ready by then.” I could not control myself from caressing her soft skin. She flinched when I did that but didn’t say a word. She looked up and our eyes were locked.

Pero naputol iyon nang biglang tumunog ang doorbell. Napakunot-noo ako.

“Are you expecting somebody?” Umiling siya. Pero laking gulat namin nang marinig naming may biglang tumili sa living room.

“Cameron!” We immediately ran to the living room, but I didn’t expect what I saw in there.... or much better to say, who.

“Ma? Pa? Pau?” Nagulat talaga ako nang makita ko silang tatlo sa gitna ng sala at napapalibutan si Cameron na nakatingin lang sa mga bagong dating.

“O to the M to the G! She’s mini-ME!” Si Pauleen pala ang sumigaw kanina na inulit lang ngayon.

“Quiet, Pau! You’re scaring her!” Nilapitan ko si

Cameron at kinalong. She just stared at them blankly. Halatang nagulat ito sa mga di-inaasahang bisita, pero hindi naman mukhang natakot.

“Oh, my God, Troy! She’s really a Villegas!” my mother said and covered her mouth because of shock or perhaps happiness.

“Give her to me, Troy.” Iniabot ko si Cameron kay Sandra. I put my hands on my daughter’s shoulders and faced the intruders. “What are you doing here? I thought we are the one who will be visiting there tomorrow?” Tiningnan ko sila isa-isa. I raised my brow when my father cleared his throat.

“It’s just that we are all excited to see your daughter... err... our grandchild.” And they all smiled at me na parang maaamong kuting. Pinipigilan kong matawa sa kanila kaya humarap ako sa mag-ina na nagmamasid lang. Sandra looked up at me while Cameron was still looking at the unexpected visitors.

“princess, they are my family whom we’re supposed to visit tomorrow.” Saglit kong sinulyapan ang tatlo bago ko muling ibinalik kay Cameron ang mga mata ko. “They came here to see you. Are you ready to meet them?” At last, she looked up at me and nodded. “Then smile, princess. They won’t bite, I promise,” I winked at her. She showed us her shy

smile as she walked toward them.

“Go on, baby,” Sandra said to our daughter when she looked back on us.

“Good evening. My name is Cameron Marie Legazpi. Are you....” Again, she looked at us over her shoulder while she bit her lip.

“Go on, baby,” Sandra said softly.

Cameron nodded and took a deep breath before she continued, “Are you my grandparents and my aunt?”

My mother and sister went down on their knees in front of her. “Yes, we are. I’m your Granny Eliz... no, I’m not that old to be called one. Please call me Mamita, Momi... whatever you want, princess.” She was teary-eyed at first as she spoke to my child, but when Cameron hugged her, tears flowed from her eyes though my mom was smiling.

“You’re right. Calling you ‘Granny’ will not suit you because you’re still young.” I rolled my eyes as I saw my mother grinning. “Can I call you ‘Mimsy’ instead?”

“How about me, princess?” My father knelt beside my mother and held my daughter’s small hands. “I’m

your grandfather Ben.”

“I’ll call you ‘Pappy’.” Mukhang palagay na ang loob ng bata sa mga kausap. Si Sandra naman, mas mukhang kinakabahan pa kaysa sa anak namin kaya nilapitan ko siya at inakbayan.

“Relax. She’s our daughter. Look at her, she is full of confidence,” bulong ko sa kanya. “She won’t be intimidated by anyone.”

She looked up at me and raised a brow. “Baka gusto mong idagdag na mana sa iyo?” I let a soft laugh escape from me.

“No need for that. It’s obvious.” I winked at her.

Nakita ko ang pamumula ng mga pisngi niya at tila nailang yata kaya biglang nagpaalam sa akin.

“Uhm... Troy, I’ll just finished what I am doing earlier. Ikaw muna ang—”

Bigla ko siyang inakbayan at kinuha ang atensyon ng mga bisita. “Guys, I want you to meet Cassandra Marie, Cameron’s mother.”

“I know her already, Kuya! Hi, Miss San—ay, Ate Sandra na pala.” Pauleen giggled as she hugged her. “Ate na kita ngayon!”

“Magkamukha talaga kayo ni Cameron kaya pala napaka-familiar ng mukha mo sa akin,” nakangiting sabi niya sa kapatid ko na tila kinikilig sa sinabi ng kausap.

“She’s really beautiful, Troy, as what you’ve told us,” nakangiting sabi ni Mama sa akin bago hinalikan sa pisngi si Sandra. “Hi, hija, welcome to the family and please call us ‘Mama’ and ‘Papa’.” Nakita ko ang panlalaki ng mga mata niya nang marinig ang sinabi ni Mama, sabay iling.

“Eh... nakakahiya naman po. I’ll call you ‘Tito’ and ‘Tita’ na lang. Ibang level na po kasi ang Mama at Papa, eh.”

Ako naman ay napakunot-noo. Hindi ba alam ng babaeng ito na isang pribelihiyo ang ibinibigay sa kanya ng parents ko?

“Whatever you want as long as you’re comfortable, hija, walang kaso iyon,” sagot ni Papa sa kanya.

“Troy, tapusin ko na ang ginagawa ko para makakain na din sila,” paalam niya ulit sa akin at pumayag na ako, pero si Mama, sumama sa kanya sa kitchen. When Pauleen told me about the food that they bought, I heard my mother talking to Sandra about something. I stood behind the partition wall

where I could hear their conversation clearly.

“I met your friend Beatrice a couple of times. My son courted her for a year or two... di ko na tanda. He really likes your friend. Sana hindi iyon makaapekto sa pagsasama ninyo,” narinig kong sabi ni Mama sa kanya.

“Eh, hindi naman po kami kaya di po ako affected. Isa pa po, nanliligaw na po siya kay Bea n’ung malaman ko na siya pala ang daddy ni Cammy.” Nang silipin ko sila, I saw her smiled at my mother.

“Kahit na ano pa man ang relasyon n’yong dalawa ngayon, sana maging mabuti kayong magkaibigan for the sake of your child. Alam mo bang ngayon pa lang, alam kong magkakasundo na tayong dalawa? I like you for my son.” Natawa ako at napangiti sa sinabi ni Mama, samantalang namula naman si Sandra. “Magaang ang loob ko sa iyo at masasabi kong marunong talagang mamili si Troy.”

“Mama, don’t scare Sandra.” Natatawang nagpakita na ako sa kanilang dalawa.

“I’m not scaring her, ano ka ba!” Mahinang tinampal ako ni Mama sa braso. “I’m just telling her that I like her.”

“Everybody will like her.” I gave Sandra a warm

smile.

She smiled back and continued what she was doing. I could categorize this woman as a wifely material, but she's just an average woman and I didn't want my other half like that. I wanted somebody who could cope with my standards and she was not the one.

Sandra's POV

“Ano'ng sabi ng mga parents ni Troy n'ung makita si Cammy?” Sumulyap si Bea kay Troy na nakikigulo sa mga bata na nagkukulay ng mga drawings sa libro. Dumalaw sa amin ang best friend ko kasama ang anak na si Mason.

“Ayun, they are so ecstatic to see her. Akala ko nga wala nang tulugan 'yung pagbisita nila sa amin, eh.” Ngumiti ako kay Bea na mukhang ewan ang itsura. “Pangit mo ngayon,” puna ko sa kanya.

Natawa siya nang mahina pero hindi naman sumagot. Iniharap ko ang mukha niya sa akin.

“Hay naku! For sure, ang magaling mo na namang asawa 'yan!” Tumaas ang kilay ko at sinimangutan siya.

“Ano ka ba! Let’s not talk about him. Balik tayo kay Cameron.” Napabuntong-hininga ako. Halatang ayaw niyang pag-usapan. “Ano na ang magiging set-up?”

“Gan’un pa rin. He will stay here. But they want to change Cameron’s last name to Villegas na.” Napatingin ako sa anak ko na halatang tuwang-tuwa dahil masyadong attentive dito si Troy.

“And what is your answer?” tanong ni Bea.

“I agreed. I asked Cameron about it, though, she’s hesitant at first dahil paano naman daw ako kapag Villegas na siya, I persuaded her. S’abi ko sa kanya, nothing will change other than her last name. And her grandparents assured her na hindi kami magkakahiwalay.” Napatango-tango ang matalik kong kaibigan. “Kukuha lang ako ng juice okay?” Tinapik ko siya sa hita at tumayo na ako.

Napangiti ako nang makita kong nag-uusap sina Bea at Troy nang masinsinan. Mukhang nagso-sorry dito ang kaibigan ko sa mga nangyari.

“...though you know how much I love you and hindi mababago iyon, I also know till where I need to stop.”

Sa narinig, I swayed kaya na-out of balance ang

isang baso sa tray at nalaglag sa sahig.

Natatarantang napatalungko ako sa sahig at agad na dinampot ang basag na baso. *Ano ba ito? Ano 'yung bigla kong naramdaman d'un sa sinabi ni Troy kay Bes? Bigla kasi akong nanlamig.*

“Don’t touch that!” Napatingin ako kay Troy na biglang lumapit sa akin pero dahil napatingin ako sa kanya, hindi ko namalayang nasugatan na pala ako. “Shit! I told you!” Bigla akong napasinghap at nanlaki ang mga mata ko nang kunin niya ang daliri kong nagdugo at ilagay iyon sa loob ng bibig niya!

Oh, dear Lord! Eto na ba ang swerte ko? If yes, sugatan N'yo pa ako nang bonggang-bongga!

Biglang may narining akong sumitsit. “Bes...” Napatingin ako kay Bea na sumenyas na tumutulo ang laway ko. Bigla akong napahawak sa bibig ko. At ang bruha, tatawa-tawa!

“Stay still, Sandra,” he hissed, frowning. “Ako na ang bahala diyan.” Mabilis siyang tumayo at pagbalik, may dala na siyang walis at dustpan. Sobrang gwapo at macho naman nitong nagwawalis na ito!

“Don’t let the kids run without their slippers on. There might still be some fragments of glasses around.” Sabay kaming tumango ni Bea.

Hala! Feeling ko namumula na ang mukha ko nang alalayan ako ni Troy na umupo sa sofa at sipat-sipatin ang hita ko.

“Troy, what are you doing?” nanlalaki ang mata kong tanong sa kanya.

“Checking. You might have some wounds somewhere.” Seryoso ang mukha niya. Narinig ko ang pigil na tawa ni Bea sa tabi ko. Sinenyasan ko siyang tumahimik.

“Okay na ako. Thank you.” Kinuha niya ang dala kong tray kanina at inilagay sa center table. Binalingan ko si Bea na naupo sa tabi ko. “Bes, paano kayo uuwi? Susunduin ba kayo dito ni Lex?”

Umiling siya. “Taxi na lang. Di ko alam kung what time siya uuwi.”

Napailing ako. Ang complicated masyado ng buhay ng babaeng ito!

“Thahatid ko na lang kayo,” sabi ni Troy. Umiling lang ang aking best friend.

“It’s okay, Troy. You don’t need to,” mariing tanggi niya. Pero magpapapigil ba ang isang ito? Kaya inayunan ko na lang siya para di na makatanggi pa si Bea.

“Mommy, what time po uuwi si Dad?” tanong ni Mason sa kanya.

“Wait, I’m going to call him.” She took her mobile phone and browsed through the numbers then dialled. Sumagot ang nasa kabilang linya. “Uy, what time ka daw uuwi sabi ni Mason?” Kumunot ang kanyang noo. “Lex?” Tumayo siya pagkalipas ng ilang minuto, pero hindi siya nagsasalita. It seemed like she’s listening to something.

Nagkatinginan kami ni Troy at sumunod kami kay Bea.

“Ice?” Lumingon dito si Bea at nagulat kami nang makita naming tigmak ng luha ang mukha niya. “God, what happened to you?” At lalo kaming nagulat nang bigla siyang himatayin na kung hindi naging maagap si Troy ay babagsak siya sa lupa.

Pabalik na ako galing kusina dahil kumuha ako ng malamig na gatas nang mapansin kong bukas ang pinto papunta sa garden. Dala ang baso ng gatas, naglakad ako palapit doon para isara ang pinto nang mapansin kong may taong nakaupo sa garden. Napangiti ako at nilapitan siya.

“Hey, bakit gising ka pa?” Napalingon sa akin si

Troy na may hawak na baso ng alak. Simula nang tumira siya dito, nag-stock na siya niyon at hindi talaga siya nakakatulog nang hindi umiinom kahit isang baso.

He gave a faint smile. Naupo ako sa tabi niya. Nasa garden kami kung saan hinimatay si Bea kanina. Hindi ko na naitanong pa sa kaibigan ko kung ano ang nangyari dahil nga nakatulog ito hanggang sa dumating si Lex para sunduin ang asawa.

“Bakit ganoon, Sandra? Napaka-unfair...” Kumunot ang noo ko at tiningnan ko siya. He’s looking at the sky. “I know I can do way better than that guy, pero iyon pa rin ang pinili niya... ’yung lalaking iyon pa rin ang mahal niya,” sabi niya bago ininom ang alak mula sa hawak na baso.

“Love.” Lumingon siya sa akin. “Because of love.” Iniwas ko ang mga mata ko sa kanya at tumingin sa langit. “Bea loves Lex since we were in college. Sa tinagal-tagal noon, hindi man lang nagbago ang pagmamahal niyang iyon.”

“But he’s hurting her!” Napapalatak siya nang mapangiti ako.

“That’s the essence of love. Kahit ano pa ang mangyari, if you truly and deeply love the person,

you will do everything.” Pumikit ako.

“Are you going to do that as well, Sandra? Sa nakikita ko, hindi ka ganoong tao. You’re a fighter.”

Napatawa ako at bumaling ako sa kanya. I saw him smiling.

“Am I?” Tumango siya. “Kaya siguro natatakot ang mga lalaki sa akin because of that kind of personality. But yes, I can do that for love.” Tunitig ako sa mga mata niya. “I can do... bear everything to hold on to that love.”

“Have you ever been in love?”

Napangiti ako. I shrugged my shoulder. “Oo. Maniniwala ka ba na I once fell in love with Lex?” Nanlaki ang kanyang mga mata dahil hindi siya makapaniwala sa narinig sa akin. “Pero it’s very shallow kasi paglipas ng panahon, dahil hindi ko na siya nakikita, nawala na iyon di katulad ni Bea.” Ininom ko ang gatas mula sa hawak kong baso. “You know what the funniest part is at alam kong hindi talaga pinag-adya ng Diyos na mangyari?” Napangiti ulit ako. “I was supposed to give my first to him.”

Tumaas ang kilay ni Troy because of amusement. “So... I was just a rebound guy?” He smirked.

“Lugi ka ba sa pagiging rebound guy mo that night?” Tinaasan ko siya ng kilay.

He laughed softly. Ang ganda sa pandinig ng tawa niya. Nagririgodon na naman ang puso ko!

Sandy, be still!

Umiling siya at nagulat ako nang lumapit siya sa akin. Bigla niya akong itinayo at kinuha ang baso sa kamay ko. Nanlaki ang mga mata ko nang uminom siya doon sa parte kung saan ako umiinom!

“Lugi?” Umiling ulit siya bago ibinaba ang baso sa lamesa. Hinapit niya ako palapit sa kanya. Pinaglandas niya ang daliri sa noo ko, pababa sa ilong, at papunta sa labi na ikinasinghap ko. “Hindi. I just cannot believe that the woman who seductively danced and boldly kissed me that night was a virgin!” Nag-init ang mga pisngi ko. “And I have no regrets because I planted Cameron inside you.” Nanlaki ang mga mata ko nang dumapo sa puson ko ang palad niya! “I’ve never been so reckless in having sex, but I don’t know why I was that time.” Napapikit ako nang marahan niyang hapusin ang tiyan ko. His breath caressed my face.

Wake up, Cassandra! You are falling into a deep trap! Lasing lang si Troy!

Bigla naman akong parang natauhan kaya naitulak ko siya at maaaring sa gulat niya, kaya bigla niya akong nabitawan.

“Uhm... sige na, I have to sleep. May pasok pa ako bukas.” Kinuha ko ang baso ng gatas at agad akong tumalikod.

“Coward,” I heard him chuckle.

Kunot-noong napalington sa kanya. “What?”

“I said you’re a coward.” He curled his arms on his chest. “You felt it, Sands... it’s still there.” Again, he chuckled.

“I don’t know what you are talking about!” Mabilis akong tumalikod. I heard him laugh.

Agad kong isinarado ang pinto ng kwarto ko at napasandal ako doon.

Yes, I felt it... and it’s still as strong as before.

Bigla akong kinabahan. Alam kong hindi malayo na mangyari ang mga bagay na gusto niyang iparating sa akin at alam kong hindi ako makatatanggi doon!

5

Nathan

Sandra's POV

Ulric, a famous photographer and a dear friend, invited me to be his muse at his friend's art exhibit. Hindi sana ako sasama dahil wala naman akong hilig sa art, pero napilitan ako dahil nagsisimula ulit siya sa kadramahan niya.

“Ano 'yan?” Hindi ko natakpan ang madaldal kong bibig nang bumulaga sa mga mata ko ang isang itim na tela at may puting dots lang sa apat na sulok ng kwadro.

“Abstact. She's an abstract painter.”

Tumaas ang kilay ko. “She?” Tumango siya. Naghihinalang tumingin ako sa kanya. “May nakaraan kayo, 'no?”

“Of course not! Di kami talo!” Kumunot ang noo ko. “She's gay,” aniya, sabay ngiti sa akin. “There she is, the famous La Brieta.”

Nakangiting sinalubong niya ang babaeng mahaba ang buhok hanggang baywang. Ang ganda

ng mukha! And she's really a gay? Hindi ako makapaniwala! And she's tall. Halos kasing-tangkad ni Ulric. Ang ganda ng mga binti, walang kabalahi-balahibo. Ang mga pilik-mata, ang lalantik! Ang mga labi, gulay! Napakaganda!

“Hi, Ulric.” Nanlaki ang mga mata ko nang hindi sa pisngi ni Ulric naglanding ang mga labi nito kundi sa bibig ng kaibigan ko! At para namang wala lang sa lalaking ito na halikan ng bakla, ha!

Namamakla yata ang ungas na ito, eh!

“Thank you for supporting me even though you're so busy, you still found the time to be here. Are you with somebody?” nakangiting tanong ni La Brieta sa kanya.

“Yeah. I'm with my date, Cassandra.” Nagulat ako nang bigla akong hapitin ni Ulric sa baywang ko. “Sandra, I want you to meet the gorgeous La Brieta, the painter of these beautiful artworks.”

Nakangiting nakipagbeso-beso ito sa akin.

“She's beautiful, Ulric. No wonder, she got your attention.” Ngumiti sa akin si La Brieta. She's really friendly kasi ang ngiti niya, alam mong totoo, hindi iyong aral lang.

“Where is Marsh?” biglang tanong ni Ulric dito.

“She told me she’s not coming.” Tila nalungkot siya. Tingin ko ang Marsh na iyon ay jowa nya.

Pero bakit SHE kung dyowa niya?

“Knowing Marsh, gusto laging grand entrance siya sa mga exhibit mo. Hindi ka pa nasanay. Oh, speaking of...” Nakangiti si Ulric habang nakatingin sa entrada ng art gallery na wala namang pumapasok.

Biglang lumiwanag ang mukha ni La Brieta at dahan-dahang lumingon.

“Gotcha!” tatawa-tawang sabi niya rito. Inis na hinampas nito si Ulric sa braso. Hindi ko mapigilang matawa.

“Sandra, make sure na itali mo ang lalaking ito, ha? Kahit kailan talaga, nakakainis!” Pero nakangiti naman ito. “Uhm... wait, Ric, can I ask a favor? I want to show you something. Only an expert eye will know what real beauty is.” Bumaling sa akin si La Brieta. “Sandra, sorry but may I borrow your date for a while?”

Nakangiting tumango ako. “Take him. I’ll just look around.” Humalik ulit siya sa pisngi ko, ganoon din si Ulric bago sila lumayo.

I walked around and stopped at the rainbow-colored painting. Ito naman, lahat ng colors, pa-horizontal lang.

“Lovely, isn’t it?” Napalingon ako sa nagsalita. Nakatingin lang siya sa painting. He’s a tall guy. Perhaps as tall as Ulric and shemay, ang gwapo, ha!

Tumango ako. Pagbaling niya sa akin ng tingin, ngumiti siya. Lalong gumuwapo!

“Hi, Miss...” Iniabot niya ang kamay sa akin, pero tiningnan ko lang iyon. Ibinaba niya ang kamay niya at nagkibit-balikat. “You were more friendly before,” Kumunot ang noo ko. Natawa siya. “So, hindi mo talaga natatandaan. I’m Nathaniel. We met outside *Ozmount Hotel* a few months ago.” Nakakunot pa rin ang noo ko. “I came to you thinking that something is wrong then you told me, you are just constipated. Do you remember now?”

Doon na nagliwanag ang mukha ko. “Yeah. Now it’s clear. Sorry.” Ngumiti ako sa kanya. “I’m not that friendly type lang talaga.”

Nakangiting tumango si Nathaniel. “It’s fine. Cassandra, right?” Tumango ako. “See, I got a sharp memory here lalo na if it’s really needed.” Ngumiti ulit siya.

Napangiti ako. Muli kong ibinalik ang paningin sa painting.

“Are you into arts?” tanong niya sa akin. Umiling ako.

“Isinama lang ako ng friend ko dito. Wala talaga akong kahilig-hilig sa arts. Kahit simpleng drawing lang ng bahay, di ko magawa nang maayos, eh.”

“Wow, I cannot believe it!” Kunot-noong napatingin ako sa kanya dahil natatawa siya na napapailing. “May kapareho pala akong tao dito!” Natawa na din ako. Lumapit siya nang konti sa akin at bumulong, “It bores me to death!” Napangiti ako. Tumuwid ulit siya ng tayo.

“So, why are you here?” Nagsimula na akong humakbang para magpunta sa susunod na painting habang nakasunod naman siya sa akin.

“Like you, nahaltak lang din. But since she’s my younger sister, I need to support her.” Bigla akong napatingin sa kanya.

“You mean, kapatid mo si La Brieta?” Nakangiting tumango siya.

“You met her?” Tumango ako. “She’s the only artist in the family. Hindi nga namin alam kung

kanino nagmana.” Nathaniel looked so proud sa achievement ng kapatid niya. “The whole family are here. Masyadong supportive ang pamilya namin sa kanya, eh.”

Bigla niya akong hinawakan sa balikat at may itinuro. “There they are. ’Yung nag-uumpukan sa isang painting. They just started to appreciate art when Brie started to show that she can really paint.”

Goodness! Mga diyosa yata ang pamilya ni Nathan, eh! Si Brie, ang ganda-ganda niya kaso lang....

“We also supported her in her preference.” Napalingon ako sa kanya. “I’m the first one who learned about it dahil sa akin siya nagsabi. And because she’s my only brother na sister ko na ngayon, her Kuya will support her all the way.” Napangiti ako.

“So you mean to say, cool kuya ka, ganoon?” Tinaasan ko siya ng kilay. He laughed softly.

“S’abi nga niya I’m the coolest. Ano’ng magagawa ko kung ’yun talaga ang gusto niya, di ba? Kahit isako namin siya, if she really wants to be a girl, wala kaming magagawa. Kaya in the end, lahat kami sa family, sinuportahan na siya.” Nakangiti pa rin ang kausap ko. “Ang daldal ko, ’no?”

“Okay lang. Naguguluhan din kasi ako kanina.

Then who is Marsh? Sorry, ha. Curious lang.” Alanganing napangiti ako sa kanya.

“Her childhood friend. She’s nice. They are buddies. Kung nasaan ang isa, nandoon ang isa. Actually, Marsh is her stylist.” Napataas ang kilay ko. “Di makakaalis iyan kapag hindi naayusan ni Marsh. Nawawala daw ang ganda niya.”

“Pero hindi daw pupunta si Marsh.” Nagsimula kaming maglakad.

“Sabi lang ’yun. Hilig niyang inaasar si Brie. Enough about them. Ikaw, where is your date? Bakit ka iniwang mag-isa?”

“Nahaltak siya ng kapatid mo, eh.” Kumunot ang noo niya. “Perhaps you know him. He’s Ulric Ricafort.”

“I bet he’s into arts as well?” Tumango ako.

“Photography. He’s famous, you know.” Nagkibit-balikat siya.

“I told you, I’m really not into arts. Tama na sa akin ang makaguhit nang konti,” sabi niya habang nakangiti pa din.

“Nathan!” Nanigas ako nang marinig ang pamilyar na boses ng tumawag sa kanya. Para akong naestatwa doon at hindi ko magawang lumingon.

“Troy!” Napapikit ako at napakagat-labi nang maconfirm ko kung sino ang bagong dating. “I thought hindi ka makakarating.”

Pasimple ang ginawa kong paglayo sa kanila. Dahan-dahan. *Hindi sana ako mapansin!*

“Cassie!” Nanlaki ang mga mata ko nang bigla akong hawakan ni Nathan sa aking kamay. “I want you to meet a good friend of mine, Troy Villegas.” Dahan-dahan ang ginawa kong pagharap sa kanila. When I looked up at him, he’s frowning.

“I know her,” sabi niya. “What are you doing here, Sandra? I thought you were with Ulric.” Nakakunot-noo pa rin siya.

“She is!” sagot ni Nathan. “Brie is with him so for the meantime, I keep her company.”

I saw how Troy snorted but didn’t say anything.

“May nagustuhan ka na bang painting for your hotel?” tanong pa ni Nathan.

“I already bought five.” Pero hindi pa rin inaalis ni Troy ang tingin sa akin. “How did you know each other?”

“I met her outside *Ozmount Hotel* a few months ago.” Si Nathan pa din ang sumasagot. Di naman ako mapakali sa pagkakatayo ko.

“I see.” Bumaling ito sa kasama ko. “Kailan ang balik mo sa Canada?” Napatingin din ako kay Nathan.

“Di ko alam. Depende sa mood ko,” aniya, sabay tingin sa akin at ngumiti. “If Cassie will go out with me, hindi na siguro ako babalik pa doon.” Natawa ako nang kumindat siya sa akin.

“Sandra!” Para akong nabunutan ng tinik nang marinig ko ang boses ni Ulric. Hinalikan niya ako sa pisngi. “Sorry to keep you waiting.” Ngumiti siya. Napatingin siya kina Troy at Nathan. “Troy! I didn’t know that you are—”

“I bought some paintings from La Brieta,” walang kangiti-ngiti nitong sabi.

“Ric, I want you to meet Nathan. Nathan, he’s my date, Ulric Ricafort.” Nagkamay ang dalawa na parehong nakangiti.

Three handsome guys... walang pahuhuli sa itsura. Though Ulric was blond while the two had black and brown hair, hindi iyon nakabawas sa gandang lalaki ng mga ito.

“I heard that you’re famous.” Sumulyap sa akin si Nathan bago namulsa.

“Nah! Not really. Sorry but I need to snatch my

date away from you, okay?” Tumango naman ito.

“See you around, Cassie.” Hinalikan ako ni Nathan sa pisngi. Nag-init ang mukha ko at hindi nakaligtas sa akin ang masamang tingin ni Troy. Pasimpleng inirapan ko siya. “And I am serious about the date.” Ngumiti siyang muli. Nag-aalangan man dahil nakatingin si Troy ay tumango ako bago nagpahaltak kay Ulric palayo.

“How did you get my number?” nakangiting tanong ko kay Nathan.

“Common friend.” Tinawag niya ang waiter. Naroon kami sa isang restaurant. “When I told you that I am dead serious about asking you out, it is true.”

“And who is that common friend?” nakataas ang kilay na tanong ko sa kanya.

“Ulric.” Tumitig siya sa akin at nailang ako sa paraan ng kanyang pagtitig na mukha namang nahalata niya. “Sorry for making you uncomfortable. It is just that I cannot help it.”

Ngumiti lang ako nang tipid. “So, what is this date all about?”

“I want to know you better.” Tumaas ang kilay

ko. “That is, if you will allow me.”

“Bakit hindi? Mukha ka namang harmless.”
Natawa siya sa sinabi ko.

“Salamat kung ganoon ang tingin mo sa akin.”
Muli, tinitigan niya ako at pinilit kong huwag mailang sa kanya. “What do you do for a living?”

“I am a teacher, hindi lang halata.” Natawa siya.
“For sure kasi iyon ang nasa utak mo, eh, inunahan lang kita.”

“Yeah, because you are too beautiful to be one.” Naramdaman ko ang pag-iinit ng mga pisngi ko. “You have to get used to it because I love to appreciate beauty in any form. Ako naman, architect by profession but managing our resorts. Ayaw na kasing magtrabaho ni Papa kaya sa akin na ibinigay ang pamamahala ng kompanya.”

“Sa pagkakasabi mo ng resorts, parang sobrang dami, ha.”

“Just few beaches at hindi naman gan’ung kalakihan,” balewalang sabi niya. Malamang kung si Troy ang kausap ko, sasabihin sa akin lahat ng ari-arian niya pero ang taong ito, mukhang hindi ipinagmamalaki ang kayamanan.

“Pero at least, sarili ninyong business, hindi iyong nagtatrabaho ka para sa ibang tao. Sana gan’un din ako.”

Dumating ang aming mga order kaya naputol sandali ang usapan namin.

“Lahat naman posible basta gusto mo talaga. Mas maganda nga kung ang sisimulan mong business, passion mo talaga para mag-enjoy ka din. Kumikita ka na, masaya ka pa. Importante kasi iyon sa buhay, eh.”

“Ako naman, I want to have my own pre-school para at least, ’yung passion ko pa din ang gagawin ko, di ba?” Nathan nodded. “Pero hindi pa siguro ngayon, but I will write it as one of my dreams.”

“You better do that. I don’t have anything against employment, pero mas maganda kung wala kang boss. I worked as part-time staff in a food chain at gusto kong awayin ’yung manager ko kung paano kami utus-utusan, so I told myself, aaralin ko ang negosyo ng pamilya para wala akong maging boss.” And he grinned like a kid.

Madaldal si Nathan, katulad doon sa exhibit ng kapatid niya. Ang dami naming napagkwentuhan, even about Cameron, pero parang iniwasan niyang mapag-usapan namin si Troy at wala naman akong balak na i-open sa kanya ang tungkol doon.

Inihatid ako ni Nathan sa bahay pagkatapos ng dinner namin.

“You’re dating.” Nagulat ako nang biglang magsalita si Troy na nakaupo sa madilim na parte ng sala. “With Nathan.”

“Yeah.” Ngumiti ako sa kanya. “He’s a nice guy, funny guy.”

“You like him?”

“Oo naman. Mabait siya.” Tumayo siya at naglakad palapit sa akin, blangko ang mukha.

“Nanliligaw ba siya sa iyo?” Titig na titig siya sa akin, mukhang inaalang kung magsasabi ako ng totoo sa kanya.

“Hindi.” Ewan ko kung imahinasyon ko lang ang nakita kong pagngiti niya o totoo. “Wala namang nababanggit. He just wanted to take me out, that’s all.”

“Good.” Napakunot-noo ako. “Ayoko lang na may masabi ang anak natin tungkol sa iyo. Alam mong ako lang ang gusto niya para sa iyo.”

Inirapan ko siya. “Conceited lang? Hello! Wala tayong relasyon, ano! Kung makaasta ito!”

Napasinghap ako nang bigla akong hapitin ni

Troy sa baywang pagkatapos ay ngumiti siya nang nakakaloko. “You want to be in a relationship with me? Sabihin mo lang and I will do it willingly.”

Bigla ko siyang itinulak dahil biglang nag-iba ang pakiramdam ko sa pagkakalapit ng mga mukha at mga katawan namin.

“Of course not! Ikaw? Di siguro!” Humakbang na ako palayo sa kanya. “Good night, Villegas!” Pero wala akong nakuhang sagot sa kanya.

Nakatanggap ako ng mensahe galing kay Nathan na malapit na siyang makarating sa bahay nila. Napangiti ako. He’s really sweet. Kung sana naambunan ng konting sweetness sa katawan si Troy, sobrang ligaya ko siguro, kaso parang bipolar, eh.

Ang isang pagkikitang iyon ay nasundan pa ng ilan bago siya umalis papuntang Canada. Hindi rin niya sinabi sa akin kung ano ang intensyon niya kaya inaaya niya akong lumabas at buti na lang, hindi ako masyadong naging assuming. Nakaka-miss din ang loko dahil kapag magkasama kami, walang boring moments. Swerte tiyak ng magiging nobya niya.

6

Bodies Entwined

Troy's POV

Ulric invited us to their private resort with Beatrice's family. Nagpasya na kasi siyang iwan si Lex dahil muntik na siyang makunan sa ipinagbubuntis nang magkagulo sila ng model na nobya ng lalaking iyon. Ulric and I decided to help her by sending her to US, to work under my supervision. At least, malalayo si Bea sa asawa.

Cameron asked me if she could stay in Pauleen's room. Hindi ko pa sana papayagan na doon matulog, pero dahil pinagtulungan na ako, agad akong napahinuhod. Mahirap kapag pinagtutulungan ako ng dalawa, hindi ko magawang makatanggi. Pagkatapos naming bilhin ang mga gusto nilang kainin, inihatid ko na sila sa pabalik sa kwarto nila.

Me and Cassandra, together with Cameron, occupied one villa. Nang pumunta ako doon para magpahinga, tanging ang side lamp lang ang bukas.

“Sands!” tawag ko. Walang sumasagot. Nagkibit-balikat ako. Baka nandoon siya kina Ice. Kagabi

din, kung hindi pa nagsabi ang anak na gusto nang matulog, hindi pa uuwi si Sandra. Naghubad ako para makaligo bago ako humiga sa kama.

Naglakad ako papunta sa banyo na nakabukas. And my heart almost fell when I saw Sandra coming out of the bathtub, in her birthsuit! She's holding her curly hair up with both hands, giving me an access to survey her gorgeous body.

Nang mag-angat siya ng mukha, nagtama ang mga paningin namin. Her eyes went down on my naked body, surveying me also.

“Happy?” I know I'm *big* down there. And I can feel that I'm growing more because of the beauty in front of me.

Nanlalaki ang mga mata niya. Tila hindi siya makagalaw mula sa kinatatayuan.

“You still have a beautiful body... but I like it more now.” I smiled at her.

She immediately covered her nakedness with the shower curtain.

“T-Troy... please... let me finish first. Labas ka muna, please.” Hindi na siya makatingin pa sa akin.

Umiling ako. “No!” Napatingin ulit siya sa mukha

ko. “I will not step out at kahit gaano tayo katagal dito, hindi ako aalis.”

She opened her mouth and then closed it again. “If you don’t want, at least, please throw that towel to me, the one next to you,” pakiusap ulit niya.

Kinuha ko iyon at isinampay sa balikat ko sa panggigilalas niya. “Take it, Sands.” Lumapit ako sa kanya. I stopped just a breath away from her. Napapikit siya nang hawakan ko ang shower curtain na tumatakip sa kanyang hubad na katawan.

Tinanggal ko ang towel sa balikat ko habang inaangat ko ang mukha niya. Her eyes were closed, lips parted. I could hear her rigid breathing.

Inilapit ko ang mukha ko sa kanya. “Cameron will not sleep with us tonight.” Doon siya napadilat.

“But wh—” Napasinghap siya nang padaanin ko sa dibdib niya ang towel.

“She’s with her Tati so you don’t need to worry.” Binitawan ko ang towel at napakapit siya sa akin nang bigla ko siyang buhatin at inilapag sa bath tub.

“T-Troy!” I just smiled at her. Binuksan ko ang shower at napadikit siya sa akin nang tumama sa katawan niya ang tubig.

“Wash me, Sands.” Napatingala siya sa akin. “I’m all yours.” When she still did not move, I took her hand and put it on my chest. “You know what’s happening to my body and you’re the culprit.” I smiled at her seductively.

Nanlaki ang kanyang mga mata.

Sandra’s POV

Ano daw? Ako daw ang may kasalanan kung ano man ang nangyayari sa katawan niya? At shit na malagkit! Ang tigas naman ng dibdib ng lalaking ito! Puro muscles!

Nagulat ako nang bigla niya akong hatakin palapit sa kanya.

“Feel that?” Muli, nanlaki ang mga mata ko nang maramdaman ang matigas na bagay na nasa tiyan ko. “You did that to me.” I closed my eyes when he started grinding that ‘thing’ on my stomach.

“T-Troy...” Marahang itinulak ko siya sa dibdib, pero nananatiling magkadikit ang mga katawan namin.

“Are you just going to call my name?” Napapikit ulit ako nang ibaon niya sa buhok ko ang mukha niya. “Oh, God... you smell so good, Sandy!”

“Oh!” I gave a soft cry when he bit my shoulder.

“Sorry. I thought you’re my meal for tonight.” I felt his lips smile. Binitawan niya ako at kinuha ang shower gel. “Wash me, Sands.” Nilagyan niya ng gel ang palad ko. “I want you to clean my body. I want to be as clean as you as we explore each other’s body.” I trembled when I touched his torso. “Make it fast, Sands. I want to do it in bed.” He was panting as I touched him. Binilisan ko ang paghaplos ko sa kanya. Napapikit ako nang nasa bandang puso na niya ang mga kamay ko.

“Don’t close your eyes, Sands. I want you to see what you are doing to me.” Unti-unti kong idinilat ang mga mata ko at tumingin *doon*.

“You’re... huge!” I touched him there and slowly caressed it. It was throbbing in my hands.

Cassandra! Ang yummy ng hawak mo! Jolly na jolly hotdog!

Ipinilig ko ang aking ulo. Nabuhay na naman ang aking maniac mind! Ilang taon din itong natulog.

I looked up at Troy. His eyes were closed... he was biting his lip.

“That’s enough!” biglang sabi niya. Niyakap

niya ako at tumapat kami sa shower. Siya ang unang umalis ng bathtub at tinuyo ang sarili, then he took me out of the tub and dried me up as well. "Ready?" He scooped me up in his arms.

Tatanggi ka pa ba, eh, gustong-gusto mo naman!
Napatango ako.

He lay me down on the bed. He stood up beside it and looked at me. I was about to take the pillow to cover myself, but he held my hand. Napatingin ako sa kanya.

"No, Sands. I want to see your body." He joined me in bed. "I want to feel you." He ran his thumb on my lips. The next thing I knew, his lips claimed mine, biting it, tasting it, urging it to open, and I obliged willingly.

He kissed me deeply. I closed my eyes when he sucked my tongue.

"Oh, Sands... you're so sweet!" And again, he claimed my lips. His hands started to make sweet, delicate traces on my body as his lips followed every trail where his hands touched my skin.

"Troy!" Nahugot ko ang aking hininga nang kagatin niya nang pino ang leeg ko. "Don't!"

Ipinantay niya ang mukha sa akin. "I'm branding

you as mine, Sands, and you will have more!” He kissed me again... harder, deeply, savagely.

Muli niyang ibinaba ang kanyang mga labi sa leeg ko. His left hand caressed my mound and the other one played with my nipple between his thumb and index finger.

“Ohh...” Napakapit ako sa bedsheets when he took my peak inside his mouth. His tongue played with it, tasting it, and sucking it hard!

I arched my back, giving him more access to my fully sensitive peak. Then he paid attention to the other side as well.

I could feel the heat flowing inside me. As he closed his teeth around my nipple, I groaned. As he kept on sucking, I held my breath... then something exploded inside me! Bigla kong ibinagsak ang sarili ko sa kama habang habol ko ang paghinga ko.

But to my surprise, I felt something warm between my thighs. When I opened my eyes, I saw his face on it!

“You smell so sweet, Sands.” I gasped for air when he tasted me there! “And tastes so sweet too,” And again, his tongue hotly licked my sex.

Mula sa bedsheet, inilipat ko ang mga kamay ko sa buhok niya. He guided my knees up and spread me widely.

“Are you always like this, Sands?” Napaigik ako nang maramdaman ko ang daliri niya sa pagkababae ko. “Always shaved?”

“Y-yes!” I gasped for air when he tasted me there.

“Stay like this, Sands. Always be clean for me.”

“Ahh... T-Troy! D-don’t stop!” Narinig ko na lang ang sarili ko na sinasabi iyon sa kanya dahil kakaiba ang sensasyong nararamdaman ko sa ginagawa niya. Para akong mababaliw!

My body shivered when he took me somewhere. Bigla akong nanlata at nabitawan ko ang buhok niya.

“That’s deliciously sweet, Sands.” Napadilat ako nang haplusin niya ang mukha ko. “More to come.”

He positioned himself between my thighs. I was anticipating on what he would do next as he rubbed himself on my sex. I held my breath as he entered me slowly.

“When was the last time you had sex, Sands?” Mula sa pagkakatingin ko sa ugpong na mga katawan namin, inilipat ko iyon sa mga mata niya.

“Was it with me?”

But instead of answering, I pulled Troy closer and kissed him! As if on cue, he started moving on top of me.

“Sands, you’re so damn tight!” He showered small kisses on my face. “Hold on, baby, coz this will be a rough ride for you till your body can adjust to mine!” I followed when he pulled back. “Don’t follow me, Sands, meet me!”

We were both panting as he moved faster. “T-Troy!” I screamed in pleasure.

“Sands, I’m going to fill you...” And he unloaded everything inside me!

We were both catching our breath as he rested himself on top of me. I suddenly opened my eyes when he sucked my still erected nipple like a babe.

“Sorry if I made it fast.” Tumingin siya sa akin habang hawak pa rin niya ang dibdib ko. ”I wanted to prolong it, but I know it will kill me if I do so,” aniya, sabay ngiti. “And when was your last period?”

Ano daw? “Ha?” Pag-isipin ba ako kung kailan ako nagkaroon sa ganitong sitwasyon pagkatapos niya akong pagurin?

Kumunot ang noo niya dahil sa hindi ko pagsagot.

Among-amo kung magtanong! Gusto kong umirap. "I don't know!" Eh, sa totoo naman!

"What? Anong you don't know?" Lalong kumunot ang kanyang noo.

"I don't know the exact date kasi basta magkaroon na ako, okay lang sa akin, eh." Numipis ang mga labi ni Troy. "Hindi ko kailangang malaman dahil wala naman akong ka-sex."

"From now on, you need to know and I want you to tell me." Ako naman ang kumunot ang noo.

"Baket?" *Pwedeng mameywang? Kung makapatong kasi ito sa akin... Goodness! He's still inside me!*

"If we are going to do this regularly, I might get you pregnant... again." His lips twisted. "Go to your gyne and ask for pills. I hate condoms, Sandra. I'm only using it for one-night fling." His thumb started to caress my still sensitive peak again.

One-night fling? That means hindi lang ito pang one-night?

"What did I say to make you fluster?"

I pouted my lips. *Ayoko ngang sabihin sa iyo.*

Mamaya sabihin mo naman feelingera ako!

“What about Cameron? She might—” But he gave me a peck on my lips.

“We don’t need to say anything to her. I don’t want to keep her hopes up. Masaya tayo ng ganito, Sands. And you still know where my heart belongs.” Hinalikan niya ako sa leeg.

Hindi ako nakakibo sa sinabi niya. He’s right. I also didn’t want Cameron to assume that something good was happening to me and her father. Iba ang magiging relasyon namin ni Troy, and I’m willing to be in that kind of relationship.

I thought he was going to remove himself from me but he didn’t! He moved again and oh my... I couldn’t help myself but to love what he was doing to my body!

He screamed my name as we reached the climax.

It was almost dawn when he let me sleep.

Troy’s POV

“Are you alright?” Napatingin ako sa likuran ko nang marinig ang boses ni Ice. Naglalagay kaming

mga lalaki ng mga gamit sa van na dala namin.

Di ko maiwasang mapangiti when she blushed. Ibinalik ko ang tingin ko sa mga bag na iniaabot ni Kuya Remi.

“I know why!” Nakangiting lumingon ako pero unti-unting nawala iyon nang makita kong nakaakbay si Ulric kay Sandra. “She had—” Nakita kong bumulong ang lalaking iyon kay Sandra na lalong ikinapula nito. At nagtatawang umiwas siya sa hampas ng babae.

And because he started to run, humabol na din ito sa kanya. Nangingit ang mga mata ko. Good thing, I wore shades.

“What are they talking about, Troy?” Nakakunot ang noo ni Ice pero nakangiti naman. “Namumula kasi si Bes sa ibinulong ni Ric.”

Pilit akong ngumiti at nagkibit-balikat. “Who knows?”

“Sa tingin ko, they like each other.” Nagtiim-bagang ako. Buti na lang, hindi siya nakatingin sa akin. “Lagi silang nag-iinisan pero lagi namang magkadikit!”

Muli akong napatingin sa dalawa na parang mga

batang naghahabulan. And to my horror, Sandra sat across Ulric's stomach while she tried to pinch him as he was trying to avoid it!

Hindi ko alam kung kailan ako nakarating sa tabi nila at namalayan ko na lang na itinataas ko si Cassandra palayo kay Ulric.

“Isa pa, Blond, ha!” banta niya kay Ulric habang naglalakad kami palapit sa van.

“Before we leave for Switzerland, go out with me again, Sandy.” Hindi ko alam kung bakit ako naiinis sa inaasta ni Ulric.

Gustuhin ko man, hindi ko makuhang matawa nang pingutin ni Ice ang tainga ni Ulric. “Ikaw, que aga-aga, panliligaw ang inaatupag mo! Tumulong ka nga! Puro ka papogi kahit na pogi ka na!”

Napahawak si Ulric sa nasaktang tainga. “Amasona ka! Masama ba if I will ask her out? As far as I know, she's still single!” Ngumiti ulit ito kay Sandra na nakangiti din kaya lalo akong nainis. “I'll call you one of these days and we will go out.”

“Magpaalam ka muna, hindi 'yung basta-basta na lang mag-aaya ka ng date!” sabi ni Ice pero hindi ko sila nililingon.

“Troy, I’m asking Cassandra out. Okay lang ba?” Doon na ako napatingin sa kanya.

“Sure, no problem. You don’t need to tell me. I’m not her guardian.” Ewan ko kung anong klase ng ngiti ang lumabas sa mga labi ko.

After what happened last night, I didn’t want any other man around Sandra. Gusto ko, ako lang. Me, me and me alone.

Sandra’s POV

Kapapasok ko pa lamang ng gate dahil kakahatid lang sa akin ni Ulric galing sa maghapon paggala. Naglaro kami sa arcade ng tatlong malls na parang mga bata. Buti na lang, sinabihan niya ako na magsuot ng casual na damit. And I was wearing a mid-thigh denim skirt.

“Enjoyed the date, huh?” Napatalon ako sa gulat nang biglang magsalita si Troy sa likuran ko. Madilim ang lugar na iyon ng bakuran dahil alas onse na ng gabi.

Lalo akong nagulat nang ipasok niya sa loob ng paldako ang kamay niya at hawakan ang pagkababae ko!

“Troy, nasa labas tayo... baka makita tayo...” Hinawakan ko ang kamay niya para alisin sana iyon.

Napapikit ako nang hipan niya ang batok ko. “Cameron and Manang Daleng are both sleeping. Besides, it’s so dark in here so nobody can see us.” Napakagat-labi ako nang magsimulang naglikot ang kamay niya *doon*. “Hmm... good. You are just starting to get wet.” Kumunot ang noo ko. “Only I can touch you, Cassandra.” Napasinghap ako nang halikan niya ako sa balikat. “No one can.”

Iniharap niya ako at sinakop ang mga labi ko. Hindi ko napigilan ang pag-alpas ng ungol mula sa bibig ko.

“We will make this fast. Maaga pa ang flight ko bukas and this will be my sleeping therapy.” Iniupo niya ako sa hood ng nakaparadang sasakyan niya.

He removed my panty and I gasped when he tasted my core.

“No, Troy! I’m—” Iniangat niya ang mukha na kahit hindi ko masyadong maaninaw dahil madilim, alam kong nakakunot ang noo niya.

“I told you that this is *my* property and I will taste it anytime and anywhere I want!” Napapikit ako nang ulitin niya iyon. “I just want you to be ready and since you are dripping...” Napakapit ako sa braso niya nang bigla siyang pumasok sa akin. “I can easily

access you!”

Goodness! Not in my wildest dream na makipag-sex sa hood ng kotse! At kahit pa sabihing madilim na, nasa labas pa kami!

But you like it, Sands! Don't deny it! my pervert mind contradicted.

“Faster, Troy! Please... don't stop!” And I grabbed his nape to kiss his lips and to suppress my moan.

Humigpit ang yakap namin sa isa't isa nang makarating kami sa rurok.

Pawisan man, di ko maiwasang mapangiti.

“Why do you always unload everything inside me?” di ko maiwasang tanungin siya habang inaayos namin ang mga sarili namin.

“I don't like withdrawal.” Inakbayan niya ako. “And you will not like it too kaya 'wag mong kakalimutang mag-pills.” Nagulat ako nang tapikin niya ang pang-upo ko. “You are really beautiful, Sandra, and I'm going to miss you for how many weeks.”

Ilang linggo siyang mawawala para asikasuhin ang magiging trabaho ni Bea sa States pagdating nito doon.

“Then sleep with me tonight.” Ngumiti ako sa kanya. “Sa eroplano ka na matulog.” Tiningnan ko siya habang inilo-lock ang pinto ng bahay.

“That’s really my plan.” Niyakap ulit niya ako.

“Troy, baka lumabas si Manang...”

“Pagbalik ko, hindi pwedeng hindi natin ito gawin sa condo ko.” Tumaas ang kilay ko. “I want to take you on top of the table... on the sink... on the couch... on the floor... all over the house.” Muntik na akong mapatili nang buhatin niya ako paakyat ng hagdanan. “At di natin magagawa iyon dito.”

Iniwasan ni Troy na makagawa ng kahit na anong ingay nang dumaan kami sa tapat ng kwarto ni Cameron. Maingat din ang ginawa niyang pagsara ng pinto ng kwarto ko at ini-lock pa iyon kahit na buhat ako.

Inilapag niya ako sa kama. “Men are swooning over you at wala ako para bantayan ka. You can go out with men of your choice if you want to, but only if I’m just around.” Hinaplos niya ang mukha ko.

I curled my arms around his neck and nodded. “Yes, my King. I’ll do as you pleased.”

And again, he claimed my lips. I would count this again on one of our sleepless nights.

7

Decision

Sandra's POV

“I’m leaving.” Napalington ako kay Troy nang magsalita siya pagpasok ng kusina. Kasalukuyan akong nagluluto ng hapunan namin. Simula nang magsama kami, ang dami kong natutunang ilutong putahe. Troy didn’t want his food to be eaten twice in a day kaya laging sakto lang ang iniluluto ko para sa amin. Ayaw din niya ng halos magkakapareho ang pagkain sa isang linggo. I really adjusted a lot... actually, kaming tatlo. Pero sa loob ng apat na taon, hindi pa ba ako masasanay?

“Where to?” Tinikman ko ang iniluluto kong caldereta. It’s Cameron’s favorite and she requested it for dinner. “Are you going for a business conference somewhere? Dadalawin mo sina Bea sa States?” Tuluyan ko nang pinatay ang kalan at hinarap siya habang nakangiti.

Hinila niya ang isang stool at naupo doon. I pulled mine opposite him. He looked so serious. Hindi ko pa rin inaalis ang ngiti ko.

Troy took a deep breath and cleared his throat.

“I’m... I need to leave this house, for good.” Then he looked at me. Hindi ko alam kung ano ang itsura ko habang sinasabi niya iyon sa akin. Hindi ko pa rin kasi inaalís ang ngiti ko at pinipigilan kong pumatak ang luha ko.

“Why all of a sudden?” I don’t know where it came from. I don’t know where I found my voice.

Umiling siya. “It’s not a sudden decision, Sandra.” He took my hands. “You know that I am with somebody right now.” Ang sakit na ng lalamunan ko sa kakapigil ng iyak ko. “And she asked me if I can... move out of the house.”

Biglang nag-ring ang cell phone niya at nakangiting sinagot niya iyon. Agad naman akong tumayo at hinarap ang mga hugasin ko.

“I’m talking to Cassandra now, love. I need her help to talk to Cameron about this.” Hindi ko na pinigilan ang luha ko. Pinabayaan ko itong tumulo habang nakikipag-usap siya sa telepono.

Kilala ko lang sa pangalan ang nobya ni Troy. I heard she’s a beauty queen-turned-actress. Sinabi ni Cameron, napakasimple nga daw nito sa personal. Kung ako lang, ayokong may marinig tungkol sa

ibang babae niya. Because I'm avoiding it. Because I'm hurting.

Yes, Troy had women around him, pero hindi nagtatagal ang mga iyon. He was not chasing them. They were the ones who ran after him. But this woman was different because ever since he met her, everything changed. Everything changed between us... he's not looking at me the same way as before... or I was really just assuming that I was special for him.

“Bye, love. I'll pick you up in an hour.” Agad kong pinunasan ang luha ko nang marinig ko siyang nagpapaalam sa kanyang nobya. “I love you.” Kahit hindi ko siya tingnan, alam kong nakangiti siya.

Nag-practice akong ngumiti. I could see my reflection on the window in front of me. *You're pathetic, masochist, stupid woman, Cassandra! That will not do you any good.*

“Oh, Sands... where are we again?” tanong niya.

“Please call Cameron first. Let's talk later. She told me to call her once the food is ready.” Hindi pa rin ako lumilingon.

I heard him walk away. Napahawak ako sa bibig ko para hindi kumawala ang hikbi. Agad akong tumakbo sa pinakamalapit na banyo. I sat on the

toilet bowl. Hinang-hina ako. I knew that this day would come... and it did.

“Mom! Are you there?” Pinunasan ko ang luha ko. Cameron was still knocking on the door.

“I’m here, baby. Please prepare the table. I’ll be there in a jiffy,” sagot ko.

Tumayo ako at naghilamos ng mukha, removing the traces of tears on my face. Humarap ako sa salamin at pilit na ngumiti. *You’re a great actress, Cassandra. Nobody can beat you. Ikaw yata ang artista, hindi si Rich.*

Inayos ko ang aking sarili bago tuluyang binuksan ang pinto at tumuloy sa dining room. Tatlong plato lang ang nakita kong nakalagay sa lamesa. Nakaupo na sa tapat ng hapag si Cameron. She’s ten now at lalong gumaganda.

“Where is your dad?” tanong ko sa kanya bago ako tuluyang naupo. Naupo na rin si Manang Daleng sa tabi ng anak ko.

“He went out. Makikipagkita daw po siya kay Rich.” She led the prayer. When I opened my eyes, I looked at her. Nasanay na siya sa set-up namin ng ama niya. My daughter was not expecting for anything. But me, yes.

“He will leave us soon.” Kunot-noong napatitig ako sa anak ko. Walang kaemo-emosyon ang mukha niya. Parang balewala lang sa kanya ang sinasabi. “I knew it. He’s dead serious about this woman this time.” Tumingin siya sa akin pero iniwas ko ang aking mga mata. “Why are you not saying anything about it, Mom?”

“Say what?” Napapatingin sa aming mag-ina si Manang Daleng pero hindi kumikibo.

“That you are hurting, Mommy. That he is hurting you.” Itinigil niya ang pagkain at tumitig sa akin.

“Wala kaming relasyon ng ama mo.” Uminom ako ng tubig.

“Yeah, right. Wala siguro for him, but for you... Mom, I never saw you go out with anyone since he stayed with us. You acted like his wife in front me or behind my back.”

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi niya.

“It’s not a secret to me that Dad is sleeping in your room, Mom. I don’t want to ask you or him. I want the two of you to tell me but nobody did. And now, aalis na siya dito. Ano ’yun, Mom? Wala lang sa kanya? Yes, I’m a Villegas now. He’s been a good father to me. But what he is doing to you—”

“Stop it Cameron. I don’t want to hear anything about it.” Ipinagpatuloy ko ang pagkain. Though we left the States four years ago, ang ugali niya, hindi pa rin nagbabago. She’s very straightforward. Masaktan na kung sinuman ang masasaktan sa sasabihin nya. *Just like you, Cassandra. She’s just like you.*

“But isn’t it unfair, Mom? He’s been with his women these past four years, pero parang balewala lang sa iyo kapag nasa harap ka niya. But if not, you are crying yourself out. I’m your daughter and he’s also hurting me on what he’s doing to you.”

Umiling ako. “Don’t be, anak. I know since the beginning na ganito ang magiging set-up namin. So wala akong karapatan na masaktan.”

“But you are only a human, Mom! And you love my father! Bakit hindi mo magawang ipaglaban ’yun?”

“Cameron, ang boses mo,” mahinahong saway ni Manang Daleng. “At nasa harap tayo ng pagkain. Kumain muna kayo at ituloy ninyo ang pinag-uusapan n’yo mamaya.”

Tumaas-bumaba ang dibdib ni Cameron pero hindi na kumibo. Bata pa ito, ganito na siyang makipag-usap sa akin na animo’y matanda na. What

more kung nasa tamang edad na siya?

Pagkatapos naming kumain, itinaboy na kaming mag-ina ni Manang Daleng. Nagpunta kami sa garden at naupo sa swing na nandoon.

“Mommy, I’m so sorry.” Hinawakan niya ako sa kamay. “Do you want to go back to—”

Umiling ako at ngumiti sa kanya. “Our life is here, Cam. And you are a Villegas now. Hindi kita basta-basta pwedeng isama sa kung saan-saan. Magwawala ang ama mo.”

“He’s lucky kasi you love him, but he’s stupid because he didn’t notice it.” Natawa siya sa sarili niyang biro. “But I’m lucky that you’re my mom. Kahit minsan you don’t answer my questions, mahal na mahal na mahal kita. I’m always here, okay? Iwan ka ng mga lalaking iyan, basta si Cameron Marie, hindi iiwan si Mommy.”

Napangiti ako. Tumayo siya sa harapan ko at hinalikan ako sa ulo.

“And I’m lucky I have Cameron Marie na lalong gumaganda, and she always speaks what is on her mind.” She giggled. “I love you, honey. And you are right. They will all leave me, pero ikaw, alam kong hindi.”

“I love you too, Mom. And please lang, entertain those suitors! Ang hirap gumawa ng excuse lagi, ha!”

Sabay kaming nagtawanan.

After watching a movie together in her room, lumipat na ako sa kwarto ko at nahiga. Inabot ko ang unan na laging ginagamit ni Troy kapag dito nagpapalipas ng magdamag sa kwarto ko. Nangingilid na ang luha ko. I could smell him on the pillow. Niyakap ko iyon. Four years... four long years.

“You can date anytime you want, Sandra, I will not hold you on that. But you can only have sex with me,” he demanded in one of our steamy nights together.

We were in his condo unit then. And true to his words, we had sex all over his place. “And I promise you, I’m always protected when I have other women in bed.”

Though I was deeply hurt, nakuha ko pang ngumiti. “Why do you need to take others if you already have me?” Ikinawit ko pa ang braso ko sa leeg niya.

Niyakap niya ako at kinintalan ng halik sa labi. “It’s like food, Sandra. You’re my favorite of all, but sometimes I need to taste others as well.”

“Baka magkasakit ka, ha! Hahawaan mo pa ako,”

sita ko, sabay tulak sa kanya, pero ipinulupot niyang mabuti ang mga braso sa katawan ko.

“No kissing, no oral and always with condom with them, baby. I assure you that. Gagawin ko lang sa iyo ang mga bagay na iyon. At para sa ikatatahimik ng loob mo, we are going to have a thorough checkup every three months. Okay ba ’yun?”

Though hesitant, I nodded. Kinumusta ko din ang lagay ni Bea at ng mga bata sa States at natuwa ako nang nalaman kong okay naman sila. “But how was your heart? Okay na ba iyan? Or you are still pursuing Bea?”

Tumawa siya nang pagak at iniwas ang tingin sa akin. “I can live with my broken heart and I don’t need to pursue her. Nandito ka naman,” aniya, sabay halik sa akin.

Yeah, I’m here. Cassandra Marie is always here for you. Till when, that I don’t know.

Looking back then, I was really, really stupid. I agreed on everything that he said to me. Believe everything that he would tell me. In exchange of what? Love? Definitely not. I was not his ideal girl. Maganda lang ako, hanggang doon lang. He liked his woman intelligent and simple. Not a beautiful and

average brain like me.

Sex? I could say yes. I loved it. I loved what he was doing to me, what he taught me and I yearned for more.

Ipinikit ko ang aking mga mata. Ayokong umiyak kasi hindi dapat. Ayokong umiyak kasi wala akong karapatan. Mas lalo akong masasaktan kung pababayaang kong masaktan ako.

I closed my eyes. Gusto kong matulog. Ayokong mag-isip. Kailangan kong masanay. Sanayin ang sarili ko na mawawala na nang tuluyan sa akin si Troy kahit naman hindi siya naging akin nang buo kahit kailan.

I tried to act normal in front of Troy kapag dumadating siya sa bahay. Ayokong makita niyang apektado ako sa gagawin niyang pag-alis. Unti-unti na nga ang ginagawa niyang paghahakot ng mga gamit niya. Bihira na din siyang matulog sa bahay ngayon kaya ang dating kasipagan ko sa pagluto, unti-unting nawala. Most of the time, I would buy food from outside.

“Cassie!” Napalingon ako nang may tumawag sa akin. Kunot-noong tinitigan ko kung sinuman iyon. “It’s me, Nathan. Nakalimutan mo na ako? Parang

gusto kong magtampo.”

Natawa ako sa sinabi niya lalo na nang kunwaring sumimangot siya. Ilang taon na ba noong huli ko siyang makita? Three? Four?

“Sira!” Tinampal ko siya sa braso niya. “Makakalimutan ba kita?”

Parang batang ngumiti siya sa akin. “So hindi pala ako kalimot-limot, ha? Where to go?”

“Actually, I’m going to buy food for dinner. Tinamad na kasi akong magluto and Cameron is waiting for me.” Isinara ko ang pinto ng kotse.

“And I thought I can ask you out.”

Tumaas ang kilay ko. Kakakita lang namin, balak na agad mag-aya ng date?

“Why do I have this feeling that you purposely followed me here?”

Napahalakhak siya sa sinabi ko. “It’s just one of my lucky days. At swerte din na wala akong meeting ngayon kaya inaaya kita. But since hindi ka pwede, maybe I can come with you to your house. Iyon ay kung okay lang sa iyo?”

Nag-isip pa ako sandali bago tumango. Hindi

naman siguro mamasamain ni Cameron na may kasama ako ngayon. At ewan ko ba, kapag ang lalaking ito ang kasama ko, feeling ko secured ako.

“Kumusta na kayo ni Troy?” Bigla akong napaligon sa kanya. “Bakit hindi pa kayo kasal?”

“Ha? Bakit kami magpapakasal, eh, wala naman kaming relasyon? May girlfriend kaya iyon.” Napasimangot ako. “Kaya imposible iyang sinasabi mo.”

“You mean to say, wala kayong relasyon? Maski noon?” Kunot-noo akong napailing.

“Where did you get that idea?” Siya naman ang kumunot ang noo. “Wala kaming relasyon!”

“And I thought....” Natawa siya nang mahina at napailing. “I think I got the wrong idea.” Hindi ko maintindihan ang sinasabi niya. “So pwede na ulit kitang ayain na mag-date, pero hindi na bilang kaibigan.”

Hindi ko maiwasang mapangiti. “Seriously, Nathan? Agad-agad? Ngayon pa lang tayo nagkita ulit, ha!”

“I wanted to woo you before. It is just that... Forget it!” Muli, natawa siya at napailing. “Since we

are both single, let's hang out again. Basta, hindi na friendly date.”

“Pag-iisipan ko.”

“It's an offer that you cannot resist and besides, hindi ka na siguro lugi sa akin?”

Napabunghalit ako ng tawa sa sinabi niya. Kahit kasi niyayabangan ako, hindi ako naiinis kay Nathan. At siguro, hindi masama kung pagbibigyan ko siya sa inuungot niyang date.

Troy's POV

Nagulat ako nang maabutan ko sa bahay si Nathan. Wala kasi akong balita na nakabalik na pala siya ng bansa.

“You didn't call me,” nakangiting bati ko sa kanya. Pasimple ang ginawa kong pagsulyap kay Cassandra na parang hindi ako nakikita.

“I was about to but since I bumped into Cassie, I decided to come here with her. There are foods in the kitchen. Fill yourself.” At hinarap niya muli ang pakikipaglaro ng chess kay Cameron.

“Cam, wanna eat with me?” Umiling siya pero

hindi inaalis ang tingin sa chessboard.

“We are done, Dad.” Then she gave me a thumb-up.

“How about you, Sandra?” Tumingin siya sa akin at umiling pero hindi ngumiti.

I was expecting that the food Nathan mentioned was the one which Cassandra cooked, but I found foods bought from the restaurant.

“Hindi po nagluto si Cassandra?” tanong ko kay Manang Daleng na nag-aayos ng lamesa.

“Eh, tinamad na. Kapag weekends na lang nagluluto iyon eh. Kakain ka ba?” Tumango ako at sinabihan ko na siyang magpahinga.

Hindi ko maiwasang mairita nang marinig ko ang pagkakasayahan nilang tatlo sa sala. Binilisan ko ang pagkain at umakyat sa kwarto ko para maligo. I would just pack my last batch of clothes and also leave tonight.

Nang bumaba ako para sana makilaro sa kanila sandali, naabutan ko si Nathan na nagpapaalam na kay Cassandra. I did not see Cameron in the living room, perhaps she had already gone to bed.

“Troy, pare. I have to go. It’s getting late na

rin.” Nakangiting niyakap niya ako. “Loko ka pero salamat,” bulong niya. Napakunot-noo ako. Hindi ko alam kung para saan ang pasasalamat niyang iyon. Bumaling siya kay Cassandra. “Cassie, always expect na mangungulit si Nathaniel Guanzon sa iyo, okay?” And he winked.

“Babaero ’yan, Sandy,” biro ko. *Half meant.*

“Look who’s talking!” aniya, sabay tawa.

“Sige na, go ahead. Gagabihin ka na,” saad ni Sandy. Sumunod ako sa kanila. Nathan kissed her cheek bago tuluyang sumakay ng kotse. Naunang pumasok sa akin ng bahay si Sandra dahil isinarado ko pa ang gate. Hindi ko na din siya naabutan sa sala. Hindi na ako kumatok ng kwarto niya at basta na lang binuksan ang pinto.

“Don’t you know how to knock?” nanlalaki ang mga matang tanong sa akin ni Sandra na undies ang suot. Kinuha niya ang robe at isinuot bago ako hinarap.

“Why do I need to?” Tumaas ang kilay ko. “I saw every part of you... tasted all of it. So there’s nothing for you to hide.”

“It’s different now, Troy! Sobrang malaking pagkakaiba na!”

Lumapit ako pero umatras siya.

“What’s the difference? Dahil ba kay Nathan?”
Napatiim-bagang ako. Hinawakan ko ang braso niya.

“You’re crazy, Troy!” Itinulak niya ako pero hindi ko siya pinakawalan. “May girlfriend ka na, di ba? And you are moving out. That’s the difference!” Binitawan ko siya. She looked away. “Please, lumabas ka na. Wala na tayong pag-uusapan pa.”

Sinuri ko ang kanyang mukha. “Are you really planning to go out with Nathan?”

Kumunot ang noo niya. “So what if I am?”

“Babaero siya.” I don’t know where it came from.

Tumaas ang kilay niya. “So? Ano ngayon sa iyo?”

“I’m just worried. Baka mapa—”

“Don’t worry, I won’t,” Sandra snapped. “Nathan is a nice guy. And what is there to lose now? Siguro naman sa dami ng naituro mo sa akin, kaya ko nang pangalagaan ang sarili ko, di ba?” She sounded so pissed off. “At pwede ba, Troy, gusto ko nang matulog kaya lumabas ka ng kwarto ko, please lang. Kung gusto mong matulog dito sa bahay, fine. Kung ayaw mo, dali-dalian mo lang at para mai-lock ko nang maigi ang mga pinto paglabas mo.”

Tinitigan ko siya. Nakasimangot na siya at nakahalukip ang mga braso pero maganda pa rin. Tahimik akong lumabas ng kwarto. I heard it when she locked the door.

I miss you, Sands, kung alam mo lang.

Nagtuloy ako sa kwartong inookupahan ko. Tonight would be my last night in this house. Kukunin ko na lang ang natitira ko pang mga gamit.

Inis na ibinagsak ko ang aking sarili sa kama. When I saw how Nathan looked at Sandra, hindi ko talaga maintindihan ang nararamdaman ko.

You cannot stay like this, Troy. Di ba s'abi mo, mahal mo si Rich kaya ka aalis sa bahay na ito? Mas pinili mo siya over Sandra dahil siya ang gusto mong babae. Simple at matalino. You don't like a woman like Sandra. She's just beautiful but not so brainy. Gusto mo na maraming medals na nakasabit sa dingding ng bahay nila katulad mo, one reason why you fell in love with Ice. And Sandra doesn't have even a single one in this house. Lahat ng nakasabit sa dingding, pag-aari ni Cameron. She is not your ideal woman, Troy. Rich is the one... she's the right choice. Iyon ang sinabi ng munting tinig sa isipan ko.

But if Rich is the right one, why do I miss Sands?

Why do I have that strange feeling when I saw her with Nathan?

I massaged my temple. My head was starting to ache. I needed a medicine.

Tumayo ako at pumunta sa kwarto ni Sandra. I knocked at her door. Nakasimangot ang mukha niya nang humarap sa akin.

“Ano na naman?” Nakapagpalit na siya ng pantulog. I know that under that silk robe that she wore was a sexy lace nightie. Napalunok ako.

“Uhm... Any medicine for headache?” tanong ko sa kanya.

Tinitigan niya ako nang masama bago siya tumalikod. Sumunod ako sa kanya at marahan kong isinara ang pinto.

No, Troy!

But it's already too late. Hinawakan ko siya sa balikat at hinarap sa akin.

“Troy? What is the—” I claimed her lips. To my surprise, she held my nape and pulled me closer.

Inangat ko siya at inihiga sa kama. And I was right. She's wearing her sexy nightie.

“I missed you, Sandra!” I confessed to her. She answered me with a moan. Halos mapunit ko ang suot niya sa pagmamadaling matanggal iyon sa katawan niya. “You’re really beautiful!” I cupped her breast while hungrily sucking the other.

I kissed every part of her... not leaving any part unloved. She gasped when I slid two fingers inside her core.

“Troy, no...” She tried to pull my fingers out.

“Am I hurting you?” Hinalik-halikan ko ang buong mukha niya.

“I want you now, Troy.” She spread herself wide as I positioned myself on her moist core.

“I want you more!” And I entered her roughly. Hindi ko maiwasang mapapikit habang inaangkin ko siya.

We both moaned. It’s so warm inside her and she’s struggling with my manhood.

“Troy!”

“Sands!”

We both shivered and I rested on top of her. Nang makabawi ako, tinitigan ko siya. I could see tears in

her eyes.

“Shh... Don’t cry, Sands.” Muli, hinalik-halikan ko ang mukha niya, pero itinulak niya ako nang marahan. Ayoko man, umalis na ako sa ibabaw niya.

“Pakisarado ang pinto paglabas mo.” Hinila niya ang kumot at itinakip sa hubad na katawan niya.

“Sandra...” I was about to reach for her, pero pinigilan ko ang sarili ko.

“Goodbye, Troy.” Pinatay ni Sandra ang lampshade sa side table niya.

Napabuga ako ng hangin bago ko isinuot ang nagkalat kong mga damit. Hindi na ako lumingon pa sa kanya. Baka hindi ko na naising lumabas pa ng silid niya at hindi ko mapangatawanan ang desisyong pinili ko.

8

Friends

Bea's POV

“Annulment? Really?” nakataas ang kilay na tanong sa akin ni Sandra. Ngayon ko lang nagawang makipagkita sa kanya mula nang bumalik kami sa Pilipinas ng mga bata. Nag-ayang mag-bar ang babaita kaya naman nandito kami sa isang sikat na bar sa *The Fort*.

“Yes. It’s a consensual decision.” I held the glass of margarita and took a sip.

“At akala ko ba, kaya ka bumalik dito sa Pilipinas para ayusin ’yang problema n’yo, ha? Bakit pumapayag ka na ngayon?” Napakunot-noo ako nang humingi na naman siya ng scotch sa waiter. Maglalasing yata ang loka pero pinabayaan ko na lang.

“Because I think it’s the best for both of us. Mali naman talaga sa simula’t simula pa, eh, at alam mo iyan.” Napangiwi ako dahil sa ingay ng lugar, pero parang balewala iyon kay Sandra. Sa paraan ng pag-inom niya ng alak, para lang siyang lumalagok ng tubig.

“Naglalasing ka ba?” mapungay ang mga matang tanong ko sa kanya. “Parang tinatalo mo na ako sa lakas mong uminom, ha!” Pero hindi siya natawa sa biro ko. Tumingin siya lang sa mga taong nagsasayaw. “Is it true that Troy is getting married?”

Nakita ko ang pasimpleng pagpupunas niya ng luha. And I wanted to cry too for what I was seeing right now. This was not the Sandra that I used to know. Ang kakikayan niya... iyung tingnan mo lang siya, alam mo nang may iniisip na kalokohan. Iyung kadaldalan niya, it’s all gone.

“Ang sakit, bes! Ang sakit pala nang sobra na nag-invest ako ng feelings sa kanya ’tapos gan’un-gan’un lang; sasabihan niya na lang ako na isang araw, ‘hoy, babae, hindi na ako uuwi sa iyo dahil pinagsawaan na kita, ha! Doon na ako sa matalino at simple kong girlfriend!’ ’Tangna! Apat na taon! Apat na taon kaming nagsama at sa ganito lang mauwi.” Nagulat ako nang ibagsak niya sa lamesa ang hawak niyang baso. “Tangna talaga!” Sumubsob siya sa lamesa at umiyak nang umiyak doon.

“Bes...” Hinawakan ko siya at yumakap naman siya sa akin. “Wag kang ganyan, iiyak ako!” Hinagod ko ang likod niya. *Damn it, Troy! Hindi umiiyak nang ganito ang best friend ko! I can kill you for this!*

“Okay na ako sa set-up namin. Pumayag na nga ako sa trip niya na mag-sex kami. Pinabayaan ko siya sa gusto niya dahil mahal ko siya kaya keril lang kahit pa malaspag ako.”

“What?” Inilayo ko siya sa akin. “Ano’ng sinasabi mo?” Biglang umakyat ang dugo ko sa ulo. Nangalit ang mga bagang ko sa aking narinig mula sa kaibigan ko.

“Sex! We were f*ck buddies, bes! Apat na taon kaming gan’on! ’Tapos n’ung nagsawa sa katawan ko, tumalon naman sa ibang babae at ang swerte ng babaeng iyon dahil pakakasalan pa siya! O, di ba, p*ta lang ang dating ng kaibigan mo!” Tawa-iyak ang ginagawa niya. “Para niya akong pinatay nang paulit ulit, bes. Sobrang sakit!”

Awang-awa ako kay Sandra. Ano ba ang sasabihin ko? Sa ganito kasi, mas magaling siyang magpayo, laging sapul sa heart! Isa pa, alam kong wala sa hulog itong babaeng ito ngayon dahil nakainom kaya useless din ang mga sasabihin ko sa kanya.

“Bes, akala ko moment ko ngayon, eh! Ikaw pala itong magdadrma nang bongga dito! You’re stealing my spotlight!” biro ko. Natawa siya. Meaning, nasa matinong pag-iisip pa siya. Kapag nalasing si Sandra, hindi ko alam kung paano ko iuuwi dahil wala naman si Lex, walang makakatulong sa akin na buhatin ang

best friend ko.

Biglang nag-ring ang aking phone at basta ko na lang sinagot na hindi pinagkaabalahang tingnan kung sino ang tumatawag.

“Hello!” Tinakpan ko isa kong tenga. Ang ingay talaga, nakakainis!

“Beatrice.” Nanlaki ang mga mata ko nang makilala ko ang tinig ng caller. “Bakit ang ingay? Nas’an ka?”

“Ric!” Nakahinga ako nang maluwas. Parang hulog ng langit ang biglang pagtawag ng lalaking ito. “Di ba dapat mangungumusta muna?” Natawa siya sa sinabi ko. “Nasa bar ako.” Sumulyap ako kay Sandra habang sinasabi ko kung saang bar kami nandoon. Punas pa rin siya nang punas ng luha at panay ang inom ng alak.

“I’m within the vicinity. Walakang kasama?” Nanlaki ang mga mata ko nang biglang sumama si Sandra sa isang lalaking nag-aya sa kanya para magsayaw.

“Ric! Bilisan mo! Pumunta ka na dito as in now na!” Agad kong pinutol ang usapan namin at sumunod ako kay Sandra na pumunta sa dance floor kasama ang isang lalaki na in fairness, gwapo kaso mukhang kakainin nang buo ang bessie ko! “Bes! Ano’ng

ginagawa mo?” Hinaltak ko siya at iniharap sa akin, pero hindi siya bumibitaw sa lalaking nakapulupot ang braso sa baywang niya.

“Chill lang, bes! I’m just dancing. Promise, behaved ako. Just sit there and watch me, okay?” Ibinaling na niya ang tingin sa lalaking kasayaw at nginitian ito.

When I looked at the guy, nakakunot-noo pala na nakatingin sa akin.

“Mag-behave ka dapat talaga d’yan, Cassandra! Pagdating ni Ulric, uuwi na tayo, sa ayaw at sa gusto mo!” At tumalikod na ako para bumalik sa upuan ko. Inis na nag-dial ako ng number ni Ulric.

“Where are you? I need you here!” *As ever, hindi pa rin nagbabago. Ulric is my savior... pero ngayon, hindi ako ang isa-save niya.*

“Nasa parking na ako. I’ll be there in five minutes.”

Pagkaputol ng usapan namin, ibinalik ko ang tingin kay Cassandra pero nanlaki ang mga mata ko. Wala na sila sa pwesto nila!

“God... Sandra!” Kinuha ko ang mga purse namin at nag-iwan ako ng pera sa ibabaw ng lamesa. Sobra iyon sa alam kong presyo ng inorder namin.

Nakipagsiksikan ako sa mga taong nagsasayaw. Hinayon ko ang mga tao habang tinatawag ko siya. Naiiyak na ako! Sandra was drunk and vulnerable. “Sandy, nasaan ka na?” Pinunasan ko ang luha ko. Itinuloy ko ang paghahanap sa kanya. Nagulat ako nang biglang may humawak sa braso ko.

“Ric!” Para akong nabunutan ng tinik nang mapagsino ko ang taong buhat niya, si Sandra! Tulog na tulog ito sa mga bisig ni Ulric. “Where did you find her?” Hinaplos ko ang mukha nito na may luha pa.

“She’s with a guy. Ipapasok na siya sa kotse. Nagkataon na d’un din ako nag-park sa katabing space ng kotse n’ung lalaki.” Tumango ako at nauna na akong maglakad kay Ulric habang hinahawi ang daan. “What’s wrong with her?”

Hindi ako kumibo. Ang kotse na ni Ulric ang ginamit namin pauwi. Nagbilin ako sa guard ng bar na babalikan ko kinabukasan ang kotse ko.

“Ano’ng problema ni Sandra?” tanong ulit niya sa akin. Nilingon ko ang aking best friend na nakahiga sa backseat. Humihikbi pa din ito kahit tulog.

“It’s Troy. He’s getting married,” sagot ko. Sinulyapan ko siya nang hindi kumibo. “She’s badly hurt.”

“That’s the problem of love. Kaya ako, once I find

the right girl, I will make her fall in love with me over and over again.” Napailing siya. “Troy and Lex are both idiots.” Napabuga siya ng hangin. “Goodness! I came here to relax pero ngayon pa lang, nai-stress na ako sa inyong magkaibigan!” Napangiti ako sa reklamo niyang iyon.

I heard another sob from Sandra. Inabot ko ang kamay niyang nakalaylay sa upuan. “After tonight, bes, be strong. For Cameron. For yourself.”

I knew how strong this woman was, and for sure, she could make it.

Troy’s POV

“Love, why are you still awake?” Napangiti ako nang maramdaman ko ang pagyakap sa akin ni Rich mula sa likuran.

Inakbayan ko siya at hinapit palapit sa akin bago ko hinalikan sa labi. It’s been a week since we got married here in L.A. Actually, I just asked her to come with me on one of my business trips and since we were here, I asked her to marry me.

“I just smoked.” Ngumiti ako sa kanya at inakay siya pabalik sa kama. Isiniksik niya ang sarili sa akin

hanggang sa muli siyang bumalik sa pagtulog.

These past days, sleep hardly visited me. I knew that marrying Rich was what I really wanted. When we got engaged, it became a headline in the country since she's a celebrity. Maraming natuwa dahil sa balita, pero mas marami ang hindi sang-ayon lalo na sa part ko. For the first time, my family was against my decision. Though they were civil in front of Rich, tahasan ang ginagawa nilang pag-ayaw dito kapag ako lang ang kaharap. They wanted another woman for me, it's Cassandra.

I looked at Rich. Niyakap ko nang mahigpit ang nahihimbing kong asawa. She knew what was going on between me and Sandra before we got married, but she accepted it since it was all in the past. She asked me to move out to which I obliged.

Tama lang naman na gawin ko iyon dahil hindi magandang malaman ng ibang tao na nagsasama pa kami ni Cassandra sa iisang bubong gayong nobya ko na noon si Rich. And as for Cameron, I had the freedom to visit her anytime I want to.

I spoke to my daughter before I married Rich because somehow, on my part, I needed her approval. Hindi man pumayag ang lahat, ang importante, ang sasabihin ng anak ko. So I spoke to her before I

popped the question to Rich....

“Why are you telling me these things, Dad?” We dined out. After I picked her up from school, I took her to the Pancake House.

“Because I need your approval, Cam.” She’s not looking at me, just playing her food with fork.

“What do you want me to say?” kapagdaka’y sabi niya sa akin. She turned her gaze on me. “Do you want me to say yes because I’m your daughter and I have to agree with your decision or you want me to tell you what is on my mind right now?” She looked at me intently.

Napasandal ako sa kinauupuan ko. Cameron was a kind of kid who always speak what she wanted to say. I took a deep breath.

“Whatever you want to tell me, honey. I want to hear it.” Sumubo siya ng pancake at ilang minutong hindi sumagot. And she really wanted to annoy me dahil talagang dahan-dahan pa ang ginawa niyang pagnguya.

“You know that my loyalty is still with Mom, right?” She sighed when I nodded. “But if you are really happy with Rich—”

“Tita Rich,” I corrected her.

“Whatever!” She rolled her eyes at gusto kong matawa. “If you are really happy with her, I cannot do anything about it. It’s your decision, Dad. Even if all of us are against it, if you really love her, I know you will still do whatever you want.” She gave a faint smile. “Our whole family wants my mom for you and you are very much aware about that.”

Tumango ulit ako. It’s true that my family was very vocal about it. Lalo na ang Mama at si Pauleen. To the point of annoyance.

Cameron continued, “We will all get hurt for that choice, but we will get by. We are talking about the lifetime commitment here and I don’t think you will make any wrong decision.”

Napabuga ako ng hangin at napangiti. “Whew! I cannot believe that I’m talking to my ten-year-old daughter!” Napangiti din siya. “Thank you, anak. Thank you for believing in me.”

“Take care of her, Dad. And I’m really sorry for these past weeks. For totally ignoring you.” She really emphasized it. “And please don’t worry about Mom. She will get by. She have me, by the way,” she smiled at me. “She might not be your ideal woman but she’s a catch, you know. Men are swooning around her and she has my blessings to date now, unlike before,” she

chuckled. “She might not be that smart, but my mom is the strongest person that I’ve ever met and I learned a lot growing up with her.”

I gave her a faint smile. Somehow, the burden on my shoulders were lifted because of her approval.

Pumikit ako at muling niyakap nang mahigpit si Rich. Tomorrow, we would go back to the Philippines. It will be back to reality for me.

Nathan’s POV

Hindi ko inaalis ang tingin ko sa mukha ni Cassandra habang naaliw sa pagtingin sa mga bulaklak sa paligid. Kahit nakangiti siya, I knew how sad she was inside. I tried my best to take Troy out of her mind by taking her on dates everyday, but I knew that it was not easy to heal the wound that Troy made.

“Cassie, are you my girlfriend now?” Natatawang napalingon siya sa akin sa biglaang tanong kong iyon.

“Nanliligaw ka ba?” Ako naman ang natawa. “If yes, then you are lousy. Di ko masyadong maramdaman ang presence mo.” Nakangiti pa din siya, and my heart kept on beating fast because of that.

“Ano ba ang gusto mo? ’Yung basta-basta na lang nanlulundag?” I nipped one flower from the magnolia plant beside me and put it on her ear. “Hindi pa ba halata sa mga dates natin na seryoso ako sa iyo?”

“I see. Nanliligaw ka na pala n’un!” Natawa ako. “Akala ko friendly dates pa din, eh.”

“Di ba ang s’abi ko, once I ask you out, it will not be a friendly date anymore. Hindi ba ako lovable?” Napatawa siya nang malakas.

“So nagtatampo ka na niyan?” I pouted my lips when she pinched my nose. “Ang gwapo mo talaga, nakakainis ka.”

And this was what I like about her. She showered me with compliments. Hindi siya iyung tipong babaeng kimi. She would really voice it out.

“Hmm... since s’abi mo nanliligaw ka, ano ba’ng qualities mo para sagutin kita? Sige na nga, isa-isahin ko kung karapat-dapat bang ibigay ko sa iyo ang matamis kong oo.” Naupo sa bench si Sandra. She wore an aquamarine and pink-striped tube dress. She loved wearing sexy clothes and I really appreciate the way she dressed. Pero kahit na ganoon siya manamit, hindi siya iyung tipong bastusin.

“Then tell me.” I raised my brow while smiling.

“Gwapo ka, mayaman, mabait, makulit, from a very nice family. And Cam likes you.” Lalo akong napangiti sa huli niyang sinabi.

“That’s the more important of all, Cassie. Cam likes me.” Ngumiti siya at inilayo ang tingin sa akin.

“I know, Nathan. But I’m still hurting.” Napakunot-noo ako kaya tinabihan ko siya. “Me and Troy, we lived in the same house for four years.” Hinarap niya ako. “We—”

Nginitian ko ang aking magandang kausap at umiling ako. “No, Cassie.” I held her hands. “You don’t need to tell me. You don’t need to explain to me. It’s clear to me what happened between the two of you.” Her eyes watered. “The very first time I heard that you are the mother of his child and you were living together, I set my mind in those possibilities. I thought seryoso siya sa iyo kaya ako lumayo.”

Napatiim-bagang ako. Yes, I knew Troy’s preference with his women. Gusto niya, simple at talagang matalino. Balewala sa kanya ang ganda kung hindi naman makakapantay sa katalinuhan niya. Gaya ng nobya niya ngayon, she’s a beauty queen-turned-actress. Nang makilala ko si Rich, hindi ko masasabing ganoon siya kaganda. She’s intelligent, no question about that, but simple.

Mas gusto ni Troy ang simpleng ganda lang, iyong babaeng hindi mahilig mag-expose ng kagandahan, the exact opposite of Cassandra.

“Kung alam ko lang, kung hindi ako nag-assume na may relasyon kayong dalawa. Malamang ngayon, Mrs. Guanzon ka na at hindi ka na-in love sa kanya.” Ngumiti ako nang malaki. I really wanted to see this woman happy. Para kasing achievement ko na ang mapangiti ko siya. And it worked!

“Siguro kung wala ako sa sitwasyong ito, Nathan, I will say yes to you.” Pinisil niya ang dalawa kong kamay. “But I don’t want to rush things. I don’t want you to feel that you are just a rebound guy. Besides, kailan pa lang tayo nagsimulang mag-date, so hindi naman natin kailangang magmadali, right?”

Tinitigan ko siya at hindi ko naiwasang hawakan ang maganda niyang mukha. “I’m in a rush, babe. We are not getting any younger at wala na tayo sa sinaunang panahon na tumatagal nang ilang taon ang panliligaw bago maging magnobyoy. It’s either you accept my love or not, hindi na kailangang paligoy-ligoy pa.” Tumuwid ako ng tayo at namulsa, pero hindi ko inaalis ang tingin ko sa kanya.

“Okay, I will give you time... three weeks.” I grinned when she raised her brow. “May aasikasuhin

lang ako sa Canada for three weeks. So I hope when I come back, you are ready to go out with me na walang ibang iniisip.”

Ngumiti nang tipid si Sandra at tumango. “Iiyak lang ako, Nathan. After nito, alam kong kaya ko na. Pero ayokong umiyak sa harap mo. ’Kakahiya kaya!”

Natawa ako at pinisil ko ang ilong niya. “Gayon pa lang, mami-miss na kita, kayo ni Cameron.”

“Naku! For sure, mas mami-miss ka ng anak ko. Walang tatalo sa kanya sa chess, eh.” Binitawan niya ang kamay ko, pero hinawakan ko ulit iyon. Napatingin siya sa akin.

“I love you, Cassie.” Napahugot siya ng hininga na ikinatawa ko dahil first time niyang narinig iyon sa akin. “I’ll be the happiest and the luckiest guy if you will say yes. Stupid Troy! Pinagbigyan ko na nga siya ng apat na taon, hindi pa niya inalagaan.”

Napatawa siya nang mahina. “Stupid ba siya o ako ang stupid?”

Sandra was strong, pilit niyang nilalabanan ang lungkot. At totoo ngang ayaw niyang umiyak sa harapan ko.

“You’re just in love, Cassie. Hindi ka naging

stupid dahil gusto mo lang magpaka-stupid. You became stupid because you fell in love.” Ngumiti ulit siya. “Kapag sinagot mo ako, ayokong lagi kang naka-oo lang. Gusto ko, you will tell me what is on your mind.”

“And you already assumed that I will become your girlfriend, huh?” Tumaas ang kilay niya, a smile playing on her lips.

“Oo naman. Sa dami ng mga bagay na sinabi mo sa akin kanina para ma-in love ka, sureball na 'ko d'un!” Doon na siya natawa nang malakas.

“And tingin ko, mag-e-enjoy ako na maging boyfriend ka!” aniya, sabay tawa ulit. I thought that her hand touched my heart. What she told me really made me happy.

Sandra's POV

“Hi, Mom.” Nakangiting nilingon ko si Cameron. Nagluluto ako ng pasta paella na ilang araw na niyang inuungot sa akin. Bumaba ako nang konti para mahalikan niya ako sa pisngi.

“How was your day, honey?” Inihalo ko na ang sangkap sa pasta. “Please peel the eggs for me, Cam.”

Nakangiting tumango siya.

“It’s okay. Alexis Mason was there.” Napangiti ako. Opening ceremony nila sa school kanina. Hindi na nga nagpasundo sa akin at sasabay na lang daw umuwi sa mga kaklase niya.

“Talaga? Ano’ng itsura na ni Mason ngayon?” Though nagkita na kami ni Bea noong nagpakalasing ako sa bar, hindi ko nakita si Mason pati ang kapatid nito. But one of these days, dadalaw ako sa bahay nila. “I bet, mas gwapo siya ngayon.”

She pouted her lips. “He’s a snob, Mom.”

“Isn’t it the other way around?” Nginitian ko siya. Lalo naman siyang sumimangot. “At baka di ka lang talaga nakilala ni Mason.”

“How can that be, Mom? You know that I’m always the representative of our class. May name tag pa nga ako, eh!”

Napailing ako. Hindi ko alam kung bakit nagpuputok ang butse ni Cameron kay Mason. Sabagay, magkaiba kasi sila ng ugali.

“Baka nga di ka nakilala. Mas maganda ka kaya ngayon!” She rolled her eyes again.

“Yeah, yeah. That is why you are my mom!” She

took the egg slicer and put the egg on top of it. “Nga pala Mom, Dad is back.” Nawala ang ngiti ko sa labi. “And he is married.” Tumingin siya sa akin. Nabitawan ko ang hawak kong sandok kaya bumagsak iyon sa lapag. Natatarantang tumungo ako at dinampot ulit iyon para muling malaglag mula sa pagkakahawak ko.

“Mom!” Parang slow motion ang lahat sa akin. Pati iyung paglapit sa akin ni Cameron para kunin ang sandok na nasa sahig at hawakan ako sa braso para itayo. Ganoon kabagal din ang pagdating sa utak ko ng sinabi sa akin ni Cameron.

“Mom!” I heard her call my name again. Doon lang ako parang natauhan. “Are you okay?”

Ngumiti ako nang pilit sa kanya. “Yes. Bakit naman hindi magiging okay si Mommy?”

Tinitigan niya ako. “I’m so sorry, Mommy.” Napakunot-noo ako. “Before he left for the States, Dad already asked for my approval. For me kasi, kahit magwala ako, wala naman po akong magagawa if he really loves Rich... err... Tita Rich. Magpapakasal at magpapakasal pa rin siya.”

“Pero bakit biglaan naman yata? Di ba ini-announce na nila ang engagement nila?” Nagkibit-balikat lang siya. Ako naman, di ko alam kung paano

ko pa napipigilan ang luha ko.

“No idea, Mom. Perhaps he loves her so much, that is why.” She took one slice of egg and ate it.

“I... I just need to make a phone call, honey. Call Manang Daleng at kumain na kayong dalawa.” Tumango ang anak ko at mabilis na lumabas ng kusina.

Agad kong idinayal ang number ni Bea dahil kailangan kong may makausap ngayon. Parang sasabog ang dibdib ko sa sobrang sakit na nararamdaman ko. Nang mapagpasyahan naming magkita, agad akong umalis ng bahay.

Dahan-dahan kong idinilat ang mga mata ko. Nararamdaman ko ang pagkirot ng sentido ko.

“Good morning, Kulot! Tapos ka nang umiyak?”

Bigla akong napabalikwas ng bangon at nanlaki ang mga mata ko nang makita kong naroon si Ulric sa kwarto. Nakasuot lang siya ng boxers at apron, walang t-shirt sa ilalim!

“Ano’ng ginagawa mo rito?” Nanlaki lalo ang mga mata ko. Hinapit ko ang kumot palapit sa katawan ko.

Inilapag niya ang kape sa side table. “Drink this.

For sure, masakit ang ulo mo.” Ngumiti siya sa akin. “And to answer your question, of course, this is my house that is why I’m here.” Naupo siya sa gilid ng kama at tiningnan ako.

Iniiikot ko ang aking tingin sa buong kwarto. Totoo nga! Hindi ko bahay ito!

“You passed out last night. Kaysa iuwi ka sa inyo, dito ka na namin dinala nina Trice,” paliwanag niya. Ang ‘Trice’ na binanggit niya ay si Beatrice. “Sobra ang kalasingan mo kagabi.”

“And who changed my clothes?” Nanlalaki pa rin ang mga mata ko na tiningnan siya.

“Ako!” Tumawa siya. Napanganga ako. “Joke! Ito naman! Akala mo ni-rape kita! Si Trice ang nagpalit ng damit mo. Sorry kung damit ko ang suot mo, ha? Wala kasing ibang damit dito.” Tumayo na siya pero nakasunod ako ng tingin sa kanya. “Sumunod ka na sa akin. I already cooked our breakfast.”

Hindi ako makapagsalita. Why, this man was gorgeous! Ngayon ko lang siya nakita na halos wala ng suot. Well, sa tanang buhay ko, si Troy pa lang pala ang nakita kong hubad. Next was this guy na halos hubad na rin.

“I’m sexy, I know,” tila naaliw niyang sabi sa akin

nang ibalik ko sa mukha niya ang paningin ko. “And you are very beautiful and sexy in the morning, Sandy. Mas maganda ka pala sa umaga.” He winked at me.

Namula ako sa papuring iyon.

“Beautiful and blushing! Sige na, move your pretty ass now and follow me. Delikado na dito tayong dalawa sa kwarto at ganito lang ang mga suot natin,” wika niya, sabay lakad palabas ng kwarto.

Napangiti ako. Ulric was really a friend. Siya pa rin ang lalaki na mataas ang paggalang sa mga babae.

Hinanap ko sa buong kwarto ang damit ko. Wala talaga. Nakialam na ako sa wardrobe ni Ulric. Napangiti ako. Ang ayos kasi ng damitan niya. Daig pa ako. *Baklang-bakla lang ang peg ni Blond! May color coding pa ang pagkakasalansan ng damit!*

Kumuha ako ng isang boxers niya at isinuot iyon. Napangiwi ako dahil maluwang iyon sa akin. Maigi na iyun kaysa bumaba nang ang suot ko lang ay aking underwear at oversized t-shirt niya. Naghanap ako ng perdible at buti naman may nakita ako sa drawer.

“Hi,” bati ko kay Ulric. Dala-dala ko ang kapeng ginawa niya para sa akin.

“Hi yourself!” balik niya, sabay ngiti sa akin.

“Choose where to sit, Sandy, and let’s eat. I’m famished! Ang tagal mong magising, eh!” Mabilis ang kanyang kilos. Inilagay niya ang bacon na iniluto sa plato.

“Bakit hindi ka kumain mag-isa?”

“Ayoko nga! Minsan lang ako magkaroon ng guest dito, hindi ko pa sasabayan.” Tinanggal niya ang suot na apron.

Dear Lord! Bakit sinalo na yata lahat ng lalaking ito ang biyaya Ninyo!

Kinuha niya ang nakasampay na t-shirt sa upuan at isinuot iyon bago nakangiting umupo sa katabi ng upuan ko.

“Let’s pray then eat.” Napapikit ako nang pumikit siya. After a quick thanks, kinuha niya ang tongs at naglagay ng dalawang slice ng toasted bread sa plato ko.

“Thanks.” Hindi ko mapigilang ngumiti. Nilagyan niya din ng egg, bacon, ham and hotdog ang plato ko.

“O, di ba? Gentleman lang.” Tumawa siya. Natawa na din ako at nagsimulang kumain.

“Ang ganda ng flat mo, Ric. Ang linis. Parang di lalaki ang nakatira,” komento ko. Lumaki naman ang ngiti niya na tila may pagmamalaki.

“Thank you. Nasanay na ako, eh. I grew up alone. Natutunan ko lahat ’yan habang nasa seminaryo. Sa tagal ko d’un, alangan namang makalimutan ko ang mga ’yun nang gan’un-gan’un lang. And I like it this way. ’Yung ganito kalinis ang bahay ko.”

“Para kang bakla, alam mo ’yun?” Tumaas ang kilay niya. “Paano, kahit sa damit, ang ayos ng pagkakatupi mo. May color coding pa!”

“Kay Mama naman iyon.” Kumagat siya ng hotdog bago uminom ng kape. “Nakuha ko sa mama ko.”

Tumango-tango ako. “Nga pala, what’s the occasion last night? Bakit ang ganda ng set-up sa restaurant at tayo-tayo lang ang tao?”

“That was supposed to be Lex’s proposal to Trice.” Nanlaki ang mga mata ko. “And a big crying curly lady ruined it!” natatawang biro niya.

Napasimangot ako. “Sorry talaga, ha? Di ko naman—”

“Don’t mention it. You needed us last night, Sandy. Even Lex feels the same. And Trice, kung di ka niya nadamayan, for sure magi-guilty ’yun.” Ngumiti siya pero hindi iyon nakabawas ng guilt ko. “But, Sandy, I want to tell you something.” Uminom ulit siya ng kape at ipinatong ang dalawang siko sa

lamesa. “That will be the last time na gagawin mo iyon. Good thing, kasama mo kami ni Trice in those two times that you were drunk. At ayoko nang iiyak ka because of Troy. Tama na ’yung kagabi.”

Nakikita ko kung gaano siya kaseryoso. “But—”

Umiling siya at inabot ang kamay ko. “Wala ka nang magagawa, Sandy, kahit maglupasay ka diyan. That idiot chose that woman. Now, it’s time for you to move on. Maraming lalaki ang willing na magseryoso sa ’yo.” He let go of my hand and smiled at me mischievously. “Kung gusto mo ng rebound guy, payag ako!” Natawa ako nang iliyad niya ang kanyang dibdib. “I’m a great catch, you know!” pagmamayabang pa niya.

Natatawang napailing-iling ako. “Thanks for the offer pero...” An image of someone flashed in my mind. “Wala kang dating sa akin!” Tumawa ako.

Bigla siyang sumimangot. “Wala ba talaga akong dating sa inyong magkaibigan, ha? Si Trice din, ganyan sa akin.”

Ako naman ang kumuha sa mga kamay niya. “You are the best guy, Ric. Sa inyong tatlo, ikaw ang sumalo ng lahat ng katangian na gusto namin for a guy. That is why you deserve someone better than us.”

Natawa si Ulric at napailing. “You don’t know what you are talking about, Sandy.” Napakunot-noo ako. “I’m not the good guy you thought I am. Hindi porque galing ako ng seminaryo, mabait na ako.”

“I know. Pero mas mabait ka pa rin compare d’un sa dalawa, ano!”

Hinalikan niya ang kamay ko.

“If you think I am, salamat. Pero, Sandy, I’m serious. Live your life and don’t include Troy in it. His only concern is Cameron, nothing else.” Matiim ang ginawa niyang pagtingin sa akin.

“Yes, Father.” I gave him a teasing smile.

“Ay naku! Puro ka talaga kalokohan!” Natatawang bumalik siya sa pagkain.

“Ang gwapo mo, Ulric! Nakakainis ka!” pangungulit ko pa.

“Compliment? O sige, para fair. You are so beautiful and sexy especially with my shirt on.” And his lips twisted.

Namula ako.

“Oh, naniwala naman!” aniya, sabay tawa.

Tumayo ako at umikot sa tabi niya. Tawa siya

nang tawa habang pinaghahahampas ko siya. Panay naman ang iwas niya.

“Enough na, Kulot! Ikaw ang gagawin kong breakfast!” nakangiting banta niya.

Tumigil ako at bumalik sa kinauupuan ko kanina while pouting my lips.

“But you really are beautiful and sexy, Sandy. Not to mention, mabait. Whoever guy you will fall in love with, napakaswerte.” Ibinalik na niya ang tingin sa pagkain.

Napangiti ako. “Thank you, Ric. And whatever you told me, I will keep that in mind. Kaso don’t expect na agad-agad, ha!”

Nakangiting tumango siya. “That’s my girl. Now eat your breakfast at ayusin mo na ang sarili mo. Your clothes are in the living room. Washed and ironed.”

Tumango ako at ibinalik ang pansin sa pagkain.

Kaya mo ’yan, Cassandra. You are tougher than what you think. He is right, Troy is not a part of your life anymore. He’s just existing because of Cameron.

And Nathan... nakaiyak na ako.

Just a mere thought of him could make me

Mr. Nuknukan: Troy - LoveLornMe

smile. Was I ready to take him? Wala naman sigurong masama kung gagawin ko. Maybe I'm going to give that guy a shot. Tama si Ulric, walang mangyayari kung iiyakan ko lang ang isang lalaking wala namang pagtingin sa akin.

9

Gift

Sandra's POV

I stood naked in front of the mirror. Tiningnan ko nang maigi ang sarili ko. Tumagilid ako. My hips were wider and my boobs were bigger than before. Ang mga damit ko, nagsisikipan na. Actually, I bought new undies dahil talagang masikip na lalo na ang bra ko. Kanina nga habang sinusukatan ako ng gown para sa kasal ni Bea, nakita ko talaga ang malaking pagbabago sa vital statistics ko. Twenty-seven na ang sukat ng baywang ko na kahit kailan ay hindi pa nangyayari!

Hinaplos ko ang aking puso. Medyo maumbok iyon.

Biglang sumikdo ang dibdib ko nang mapagtanto ko kung ano ang maaaring dahilan.

Oh, God! This cannot be! I know I'm irregular but... Shit!

Agad kong hinagilap ang pregnancy test kit ko. Lagi akong meron niyon dahil nga I was very sexually

active with Troy. Kailangan kong makasiguro na hindi ako buntis. Napakahirap kasing maging irregular ang menstruation.

Agad akong nagpunta sa banyo at naupo sa toilet bowl. I took a sample of my urine and put it on the tester pagkatapos ay inilagay ko sa ibabaw ng lababo.

Oh, God! Not now... hindi pwede! Especially not now that he is married.

Pilit kong iniisip ang nangyari sa amin noong gabing iyon. Napapikit ako. It was the usual stuff that he did. Unloading everything inside me. At hindi ako nag-take ng pills dahil ilang linggo naming hindi ginawa iyon. What happened that night was unexpected!

Hindi ko alam kung dadamputin ko o hindi ang tester, but in the end, my curiosity prevailed. Napasandal ako sa dingding ng banyo nang makita ko ang resulta. Hindi ko napigilang mapahikbi.

I was pregnant! And from the last time we did it, I might be around a month or so now.

Ilang segundo akong tulala. Napahawak ako sa puson ko. Napangiti ako nang mapait.

“So sorry, baby. Ngayon pa lang, I want you to

know na hindi ka pwedeng makilala ng daddy mo. Hindi natin sila pwedeng guluhin. It will be you, me and your Ate Cammy. We will both love you,” mahina kong sambit.

Cassandra, nandamay ka pa ng isang inosenteng nilalang!

Kinuha ko ang robe at isinuot. Humiga ako sa kama at niyakap ang unan ni Troy. Pinabayaan kong dumaloy ang luha ko.

This will be the last night na yayakapin kita, Troy. Starting tomorrow, you will be out of my mind and heart completely. I know it's hard since Cameron is here and our baby is beating inside me... but I know, I can make it.

Hinalikan ko ang unan at niyakap nang mahigpit. Hindi ko alam na nakatulugan ko na ang ganoong posisyon.

Nagising ako sa ingay na nagmumula sa mobile phone ko. Iinot-inot na kinuha ko iyon at basta ko na lang sinagot ang tawag.

“Sandy here,” bati ko, sabay hikab.

“Hey, Cassie, I’m back!”

Napadilat ako. It’s eight in the morning according

to the wall clock. Ibinagsak ko ulit ang sarili ko sa kama.

“Nathan, ang aga-aga mong mambulabog! Pwede mo naman akong tawagan mamaya, di ba?” Itinakip ko ang unan sa mukha ko.

“Sorry. Na-miss lang talaga kita, eh. I’ll pick you up in an hour.”

Bigla akong napabangon. “An hour? Ni hindi pa nga ako naliligo at nakakapag-almusal!” Tumayo ako para pumunta sa banyo at manubig.

“We will eat together. Bilisan mo, ha? ’Bye, cup!” Pinutol niya ang tawag.

Kunot-noong napatingin ako sa telepono. Cup? Ano iyun?

Itinuloy ko na sa paliligo ang ginagawa ko. Nakita ko ulit ang pregnancy test ko. Kinuha ko iyon at basta na lang itina-pon sa dust bin at itinuloy ko ang paliligo.

Nang dumating si Nathan, tulog pa si Cameron kaya lahat ng pasalubong niya, iniwan na lang namin doon at umalis na kami.

He took me to a posh restaurant in Makati. Tinitingnan-tingnan ko siya kasi ang gwapo-gwapo

niya lalo na kapag ngumingiti. Gusto kong sabihin sa kanya ang kalagayan ko kaso ayokong masira ang araw niya. Ipinasya kong ipagpaliban hanggang mamayang makauwi kami ng bahay.

“Why so quiet, Cassie?” untag niya sa akin.

Ngumiti ako. “Nathan...”

“Yup?” Kinuha niya ang tissue at pinunasan ang gilid ng labi ko.

“Umiyak na ako.” Ngumiti siya lalo. “My friends let me cry,” may pagmamalaking sabi ko. “Hindi nila ako iniwan at pinakinggan nila ako.” Para akong bata na sinasabi sa tatay niya ang achievement sa school.

Nathan’s POV

“That’s good to hear, Cassie.” Ngumiti ako sa kanya at hinawakan siya sa kamay. She looked better now though I could still see that something was bothering her, hindi na lang ako nagtanong. “So wala nang kasunod?”

She smiled at me. “Sana nga. Tama na ’yung—” Napahawak siya sa bibig. Napatayo ako at napalipat sa tabi niya.

“What happened?” She looked like she was about to throw up! Itinayo ko siya at dinala sa washroom ng babae.

“Sorry,” hinging-paumanhin ko sa mga naabutan naming babae sa loob ng washroom. Nang makalabas na ang mga iyon, mabilis na lumapit si Cassie sa lababo and she threw up all the food that she ate!

“Wait here, Cassie! I’ll get you some water!” Mabilis akong lumabas at nag-order ng bottled water. I also paid for our food. Malamang, hindi na siya makakakain. “Here, drink this.” Iniabot ko sa kanya ang tubig at agad naman niyang ininom. “What happened to you? You don’t like the food?” nag-aalala kong tanong sa kanya.

Umiling siya at tumingin sa akin. She’s so pale. “It’s... it’s normal for the first trimester to have this.”

Napakunot-noo ako. “Ano’ng—”

“I’m pregnant, Nathan. Kaninang umaga ko lang nalaman.” Tila naumid ang dila ko sa sinabi niya. Napatayo ako nang tuwid.

“How... how did you...?” Parang ayaw lumabas sa bibig ko ang mga gusto kong itanong sa kanya.

“I took a pregnancy test kanina sa bahay. My

period is irregular kaya normal lang sa akin kung hindi ako magkaroon nang ilang buwan. Kaso I noticed that I'm getting bigger. 'Yung waistline ko, ilang inches ang inilaki."

"We have to make sure. I will take you to the hospital." I scooped her in my arms.

"Nathan! You don't need to!" Umiling ako sa protesta niya.

"Stay still, Cassie. Baka makasama sa baby natin kung maglalakad ka nang sarili mo." Bigla siyang napatingin sa akin habang nakaawang ang kanyang bibig.

Di ko pinansin ang mga taong nakasunod ng tingin sa amin. Isinakay ko agad siya sa kotse. Ako na rin ang nagkabit ng seat belt niya.

"For sure, my gynecologist ka. I want to take you there," sabi ko sa kanya habang iminamaniobra ko ang sasakyan.

Tumango si Sandra at sinabi sa akin ang lokasyon. Hindi ako pumayag na hindi ako kasama sa loob ng clinic.

"Sige, sumama ka. But if they are conducting the test, don't come with me, ha!" Pinanlakihan niya ako

ng mga mata.

Nakangiting tumango ako. Ewan ko ba. Somehow, kahit alam kong hindi ako ang ama ng bata, it felt like sa akin siya. It felt like that unborn baby was mine.

Pagkatapos ng ilang sandali, it was confirmed that she's on her seventh week of pregnancy. Hindi ko napigilang hapusin ang kamay niya habang nagmamaneho ako.

“There's no reason for you to stay with me now, Nathan.” Iniwas niya ang tingin sa akin.

Tumawa ako nang mahina. “Silly! Hindi ganoon kababaw ang nararamdaman ko para sa iyo, Cassie. I love you so much para hindi ko tanggapin ang magiging baby mo... magiging baby pala natin.” Ngumiti ako sa kanya.

“Nathan, I cannot—” Umiling siya.

“Kahit ba konti, wala kang nararamdaman talaga para sa akin?” Itinigil ko ang sasakyan sa parking lot ng mall. I wanted to buy something for her... for the baby. Tumingin lang siya sa akin. “I hope na kahit paano, mayroon. I want you to use that small thing to start a relationship with me.”

“Nathan, I'm still in the healing process. ”Tapos

ngayon, nadagdagan pa. Ayokong ma-feel mo na ginagamit kita.” Binawi niya ang kamay sa akin, pero muli kong hinawakan iyon.

“Maniwala ka sanang mahal kita, Cassie, and I will keep on saying the same thing over and over again. Cameron and the little one inside you, aakuin ko. Hindi ko sila ituturing na iba.” Masuyong pinunasan ko ang luhang nagbabantang pumatak mula sa mga mata niya.

“Sinasabi mo lang ’yan kasi naaawa ka sa akin.” Itinakip na niya ang dalawang palad sa mukha niya.

Inabot ko siya at niyakap. “Hush, Cassie. When I told you that I love you, walang boundaries ’yun. Lahat sa iyo, tatanggapin ko. Lahat sa iyo, mamahalin ko. And your two gifts, ngayon pa lang, I’m telling you, mahal na mahal ko na sila. Just let me be a part of you. Hinding-hindi kita pababayaang.” Hinagod ko ang buhok niya at hinalikan iyon.

Iniangat ni Sandra ang kanyang mukha. Sobrang lapit niya sa akin. “Are you going to try your luck with me, Mr. Guanzon? Hindi ba pwedeng pag-isipan ko muna?” Alanganin ang ginawa niyang pagngiti.

“Try me, Miss Legazpi. I’m not a lousy boyfriend. Give me a year to prove my love to you. A year...

kapag masaya ka, makikita ko naman iyon, eh. And if you are, we're going to jump into another level. And pag-isipan? 'Wag na. It's a waste of time. Learn to love me within this one year. 'Yun ang pag-isipan mo kung paano."

"Paano kung hindi?" Nakikita ko ang pagkaaliw sa mga mata niya. Napangiti ako dahil kahit paano, hindi ko na nakikita ang lungkot doon.

"I will set you free. Nasa iyo ang magiging desisyon," I choked. "Shit Cassie! Ayokong isipin na magkakahiwalay tayo!" Tumingala ako. Nararamdaman ko na tutulo ang luha ko.

Napatingin ako sa kanya nang hawakan niya ako sa mukha. "Then let's give it a try, Nathan," sinserong sabi niya. "Pero natatakot ako sa maaaring mangyari... sa sasabihin ng ibang tao."

Hinalikan ko ang noo niya. "Don't be. I'm here. And that kid is mine. Bear that in your mind." Ngumiti ako sa kanya.

Yumakap siya sa akin at humilig sa dibdib ko. "Ngayon pa lang, Nathan, nagpapasalamat na ako sa iyo."

Umiling ako. "Wag muna dahil wala pa akong ginagawa. Hindi pa kompleto ang ingredients ng

iluluto ko para sa iyo.” Inilayo ko siya at tinanggal ko ang aking seat belt. “Let’s go and shop. Excited na ako for our little angel.” Natawa siya kaya napatingin ako sa kanya. “Why?”

“Balak mo na bang mamili ng gamit for the baby?” tila may pagkaaliw sa boses niya. Tumango ako. Napahalakhak siya.

Nagtaka ako. “What’s so funny? Natural lang naman ’yun, di ba?”

“The baby is so small pa lang. Saka na.” Siya na mismo ang nagkabit ng seatbelt ko. “Iuwi mo na ako. I want to take a rest. Isa pa, don’t you want to tell Cameron about us?”

Biglang na-divert ang utak ko mula sa shopping papunta sa excitement na sabihin ang lahat kay Cameron.

“That’s a great idea, cup!” Hinalikan ko siya sa pisngi.

Namula siya sa ginawa ko. “Cup? As in Cupcake?” tanong niya sa akin.

Tumango ako. “What do you want me to call you? Cup or Cake?” She pouted her lips. “Alam ko na! Mommy! I will call you ‘Mommy’ and you have

to call me 'Daddy'."

Nakita ko ang pagpipigil niyang umiyak. "Oh, iiyak na naman ito." Inabot ko siya at masuyong niyakap. "Ayokong umiiyak ka, Mommy. I told you, I will make you happy pero iyak ka naman nang iyak. I'm a failure na ngayon pa lang. Hindi pa nakaka-one day!" Natawa ako nang sumimangot siya.

"Dad..." Nakaramdam ako ng sobrang kasayahan nang marinig ko ang tawag niya sa akin. "I'm just so happy right now at nagiging iyakin ako kasi pinasasaya mo ako."

Totoo man ang kaligayahang nakikita ko kay Sandra ngayon o hindi, hindi na iyon importante. Ang mahalaga sa akin ngayon ay ang pagpayag niyang maging bahagi ako ng buhay niya.

Hinding-hindi kita paiiyakin, Cassie. I promise you that.

10

The Guys and the Wedding

Sandra's POV

“Ano’ng magandang color nitong room?” I surveyed the whole place where Troy stayed before. Paglingon ko kay Nathan, nakatingin lang siya sa akin. “Hey...” Lumapit ako at yumakap sa kanya. “Bakit ang tahimik mo?”

“Are you sure about this?” Tumingala ako sa kanya. “Are you sure that you want to throw everything from this room?”

I nodded. “Of course. Saan natin ilalagay ang gamit ni baby, aber?” I wanted to dispose everything inside this room. Lahat ng bagay na makakapagpaalala sa akin kay Troy, gusto ko nang itapon lahat. I didn’t want any traces of him. Parang ang hirap maka-move on.

“Baby? What baby?” Nagulat kami at sabay na napalingson sa gawi ng nakabukas na pinto. Cameron stood outside the room. “Are you pregnant, Mommy?” Her eyes were as big as an owl.

Nagkatinginan kami ni Nathan. Tumango siya

at hinalikan ako sa ulo. “Go on, Mommy. Tell our daughter about it. She needs to know the truth” aniya, sabay ngiti sa akin. Naglakad siya palapit kay Cameron at hinalikan din ito sa ulo. “Listen to your mommy, honey. And I hope you will understand.” Iginiya muna niyang pumasok sa kwarto si Cameron bago kinabig ang pinto pasara.

“Come here, honey,” I sat on the bed and tapped the space beside me. She quickly sat there and looked at me with curiosity. I took a deep sigh. “Yes, honey, Mommy is pregnant.” I gave her a faint smile.

“The father is Dad right? I mean, my biological father.” She frowned at me.

Hindi na ako nagtaka sa tanong na iyon. Cameron was a smart girl. Hindi siya pwedeng linlangin.

Tumango ako. Inilayo niya ang tingin sa akin nang ilang sandali pagkatapos ay ibinalik ulit. “Does he know?” Umiling ako. “Yeah, right, he doesn’t.” I saw sadness in her eyes.

“Honey...” Hinawakan ko ang kamay niya. “He doesn’t need to know and you know the reason why. Nandito ka naman, ang Daddy Nate mo.”

“Do you love Daddy Nate?” Hindi kaagad ako nakapagsalita. Lumunok si Cameron. “Or you just

need somebody to be with you?”

“I’m taking my chances on him, anak. How can I say this... he’s the first guy na nakalaam nito pero hindi niya ako iniwan. He accepted it all, everything about me. Lalo na ikaw at si baby.”

Kinagat niya ang kanyang labi. “Are you happy if you are with him?”

Napangiti ako at tumango. “The happiest. At importante, gusto mo rin siya.” Hinaplos ko ang mukha niya.

“He is a nice guy, Mom. Sana alagaan ka niya nang mabuti ’tsaka si baby. Kasi, unlike me na kilala na ng family ni Daddy, hindi nila pwedeng makilala ang magiging kapatid ko kaya sana, alagaan niya kayong mabuti.”

“He promised me that, anak.” Inabot ko siya at niyakap. “Thank you, Cammy, for understanding.”

“Just be happy, Mommy. Basta hindi ka paiiyakin ni Daddy Nate, masaya na po ako.” She hugged me back. “Come!” Kapagdaka’y hinila niya ako patayo.

“Where are we going?” takang tanong ko sa kanya. Bumaba kami sa hagdanan.

“Daddy Nate? Dad!” tawag niya kay Nathan.

Bigla itong lumabas mula sa kusina at naka-apron pa!

“I’m here, baby.” Agad kaming lumapit dito.

“What are you doing in there?” tanong ko kay Nathan. Hinawakan ko ang laylayan ng apron at ipinunas sa noo niya.

“Cooking. I saw Manang Daleng cooking so I offered my help.” Bumaling ito kay Cameron. “What is it, young lady?”

“Promise me, Dad...” Kumunot ang noo ni Nathan. “Promise me that you will not let my mommy cry and you will take care of our baby or else...”

“I promise, Cameron. I will take care all of you and there will be no one else.” Ngumiti ito sa batang unti-unti na ring ngumingiti. Nawala na ang alinlangan sa mukha ng anak ko. “She will be the happiest, I will assure you that.” Hinapit ako ni Nathan at hinalikan sa pisngi. “Hmm... with your permission, baby, can we change the guest room into a nursery? And will you assist the interior designer for that?”

Nakangiting tumango-tango si Cameron. “I would love to do that, Dad!”

“And your room as well. If you want to change it, tell her what you want, okay?” Nanlaki ang mga

mata ng anak ko sa galak dahil sa sinabi ni Nathan.

“Mom! My room as well!” Napangiti ako at tumango. “Thanks, Dad!” Tuwang-tuwang yumakap siya kay Nathan. Hinalikan siya ng huli sa ulo. “I’ll go surf the newest and coolest room for me and baby!” Nagtatakbo paakyat sa hagdanan si Cameron patungo sa kwarto niya.

“Be careful, honey!” habol ko sa kanya. Nakangiti si Nathan nang balingan ko siya. “And you, Mr. Guanzon, mukhang nakikita ko na kung ano ang kalalabasan ni Cameron sa iyo.” Tinaasan ko siya ng kilay.

Pinisil niya ang ilong ko. “I would love to do that, Miss Legazpi. Wait till our baby comes. Baka mas malala.” At natawa siya.

I rolled my eyes at kumawala sa kanya, pero hinapit niya ako pabalik at hinalikan nang madiin sa labi. “I love you, Miss Legazpi. Nang walang sawa at paulit-ulit.”

Napangiti ako. “Keep on saying that to me, Daddy. Hanggang masanay ako at hindi ko siya pagsawaang marinig mula sa iyo.”

“Oy, Nathaniel, ang iniluluto mo!” tawag sa kanya ni Manang Daleng. Nagkatawanan kaming dalawa. Ipinaghila niya ako ng upuan at siya naman

ay ipinagpatuloy ang pagluluto.

“Ano na po’ng gagawin ko, Manang?” Iniabot sa kanya ng kasambahay ko ang gulay.

“Ito ang isunod mo. Yung sabaw ng piniga mong sampalok kanina, ilagay mo na diyan,” Manang Daleng instructed him.

Nakakatuwa talagang panoorin ni Nathan habang nagluluto. *Sexy chef!*

“Mommy, the day after tomorrow, may pupuntahan akong wedding.” Bigla kong naalala ang kasal nina Bea and Alexis. “I want you to come with me.”

“Ha? Kasal din ng best friend ko ang araw na ’yun, eh. Di pwede.” Lumingon siya sa akin.

“What is the name of your friend?” Di pa nga pala niya nakikilala si Bea.

“Beatrice. And the guy is Alexis.”

“Oh! Alexis Falcon? So sabay na tayo. I received an invitation from them so I have to be there.”

No wonder about that. Nathan was a famous businessman as well. Di ko maiwasang mapangiti. Lex made sure na makikilala na ng lahat si Bea as his wife. Di ko maiwasang kiligin.

“Hey, why are you giggling, Mommy?” Lumapit siya sa akin at yumakap. “Ang bango naman!”

“At ikaw amoy sinigang!” Nagkatawanan kami. Pati si Manang Daleng ay natawa.

“Pinagpiga ko kasi siya ng sampalok. Natuwa kaya nagprisintang siya na ang magluluto,” nakangiting kwento ng aming kasama. “Masarap magluto ’yang nobya mo, Nathan. Baka manaba ka dito.”

“Okay lang po, Manang. Basta luto n’yo ni Cassie, walang problema. Di naman po ako maselan sa pagkain.”

Nagkatinginan kami ni Manang Daleng. “Kahit paulit-ulit ang luto?”

Nakangiting tumango si Nathan. “Opo. When I was in college, paulit-ulit lang din po ang iniluluto ko. Minsan nga po, ’yung isang putahe, tatlong araw kong kinakain.” Kumunot ang noo ko. Napansin niya iyon.

Nagpatuloy siya, “I was a working student from secondary to college, Mommy. ’Yung ibinibigay na allowance nina Dad, sakto lang sa pang-gas ko ng kotse at pambayad ng bahay. Though sila ang nagbabayad ng tuition fee sa school, wala na talaga akong extra. Pagkain ko, ako ang naghihirap maghanap kung paano ako magkakaroon.

“Lahat kaming magpipinsan, kahit si Brie, gan’un ang upbringing para daw malaman namin na di madali ang kumita ng pera. Kaya tipid ako talaga. Kung gusto kong gumimik o makipag-date, doble O.T. talaga.” May pagmamalaki sa boses niya.

Di ko maiwasang hindi siya halikan sa pisngi. Nagtataakang napatingin siya sa akin. “Natutuwa kasi ako sa iyo. Ako, lahat ay nakahain na n’ung nag-aaral ako. Lahat ng hingin ko, ibinibigay ng parents ko.”

“Spoiled ’yan, Nathan,” nakangiting sabi ni Manang Daleng. “Pero napakabait.”

Namula ako sa sinabi ni Manang. Nakangiting hinapit ako ni Nathan at hinalikan sa ulo.

“That is why I love her, Manang. Even my family loves her. Mommy, one of these days, I want them to meet Cameron as well.” Bigla akong kinabahan at mukhang nahalata niya. “Don’t, there is nothing to worry about. I told you that my family loves you at kasama d’un si Cameron. Kinukulit na nga ako ni Mama kung kailan ko dadalhin si Cammy, eh. S’abi ko, ia-arrange ko. And since girlfriend na kita, wala nang rason para mag-excuse pa ako.”

“Sure,” nakangiting sabi ko. “Perhaps after the wedding?” Tumango siya.

“O siya, maghanda na kayo ng lamesa at tatawagin ko na si Cammy.” At iniwan na kami ni Manang Daleng.

“Wala bang pamilya si Manang?” tanong sa akin ni Nathan habang kumukuha ng pinggan.

Umiling ako. “Namatay ’yung asawa niya n’ung lumubog ang barkong sinasakyan habang paluwas dito sa Maynila. Sa Davao kasi nakadestino si Manong Nando. Matagal na silang kakilala ng lola ko. Best friend niya si Manang Daleng. N’ung malaman niyang namatay si Manong Nando, di niya kinaya; she was pregnant that time. Nakunan siya. Then Lola took her in. That time, ilang taon pa lang si Daddy. Naaliw siya sa pag-aalaga kaya hindi na nag-asawa ulit. Ngayon, si Cammy naman ang kanyang inaalagaan.”

“She’s a good person.” Tumango ako. “Nakakalungkot na nangyari ’yun sa kanya.” Tiningnan niya ako nang mabuti. “Basta ako, di kita iiwan.” Niyakap niya ulit ako at hinalikan sa labi.

“I will hold on to that, Daddy.” Then I pressed my lips on his.

“Guys, I’m extremely hungry!” untag ni Cameron, dahilan upang maghiwalay kami.

Nang tingnan namin siya, nanunukso ang ngiti

niya sa aming dalawa ni Nathan.

“Bes, kinakabahan ako!” tila naghihisterya si Bea na nakasakay pa rin sa bridal car. Pinapasok na ako ng nanay niya sa loob dahil talaga daw nagpa-panic na ang bride. Panay ang paypay ng kamay sa sarili kahit malakas ang air-con sa kotse. Panay din ang inhale-exhale.

“Bes...” Hindi siya tumitingin sa akin. “Bes!” Hinawakan ko ang kamay niya. Natawa ako, ang lamig ng kamay niya! “Ganyan ba talaga ang ikinakasal? Sobrang kaba lang?”

“Naku, bes! Sobra talaga! Magkahalong excitement at kaba!” Napangiti ako. Kita ko ang saya sa mukha niya kahit kabado. “Teka, nasa loob na ba si Lex, ha? Baka hindi pa dumarating ’yun, yari siya sa akin!” Bigla siyang sumimangot.

“Sira! Kanina pa nand’un ang gwapo mong groom. Katulad na katulad mo. Parang sira din.” Inayos ko ang headdress niya pati ang belo. “Ang ganda-ganda mo, bes!” Hindi ko na sinilip pa si Bea sa hotel room niya pagkatapos kong magbihis. Sinundo na kasi agad ako ni Nathan. Di ko pa nga naipapakilala sa kanya ang aking best friend.

“Thank you. Ikaw nga, ang ganda-ganda ’tapos ang sexy-sexy mo pa!”

Na-guilty naman ako bigla. Wala pa rin siyang alam tungkol sa baby na dinadala ko ngayon.

May kumatok sa pinto ng kotse kaya binuksan ko.

“You need to come out, Mrs. Falcon. The wedding march is about to start,” nakangiting sabi sa amin ng wedding coordinator.

Nauna akong lumabas at inalalayan ko si Bea. She wore a tube-style white and pastel pink wedding gown. Hindi na siya nilagyan ng hair extension. Simple din ang makeup. Gumanda lalo ang bride kasi kita sa kanya na sobrang saya niya.

“Hindi ako makalakad, bes!” I rolled my eyes. Exaggerated talaga itong babaeng ito!

“Ano ba, kailangan mo ba ng saklay o ng wheelchair, ha?” biro ko sa kanya.

“Akayin mo na lang kaya ako?” nag-aalangan na sabi niya.

“Kaloka ka! Anong akayin? Lola lang ang peg? Kapag hindi mo kaya, tawagin mo si Lex para akayin ka!” suggestion ko.

Pumuwesto na kami. Malapit nang matapos sa pagmartsa ang mga flower girls. Pagkatapos nina Mason at Alexa, ako na ang susunod.

“Bes! Psst!” Napalingon ako. Sinesenyasan ako ni Bea na lumapit. “Alalayan mo ako!”

“Ewan ko sa 'yo! Umayos ka nga!” pasimpleng singhal ko sa kanya. Nang senyasan ako ng wedding coordinator na ako na ang next na magmamartsa, inihanda ko na ang ngiti ko. Nang dumaan ang tingin ko kay Nathan, lalong gumanda ang ngiti ko dahil he mouthed that he loved me.

Kinilig ako d'un, ha!

Then I saw Troy, na gustuhin ko mang sumimangot, hindi ko magawa. Bakit naman kasi nadaan ang mga mata ko sa kanya, eh!

Troy's POV

My heart suddenly fell into a rigid state when I saw Cassandra.

I really miss you, Sands...

“Pare, I know that Sandra was hot back then but seeing her today, wow talaga!” narinig kong sabi ng

isang lalaki sa likuran ko. Napaderetso ako ng tayo.

“You know that I’m rooting for Bea, pero hindi ako makaporma dahil kay Lex. Hindi nga sila pero kung makatabi, akala mo sila. ‘Yun pala, he really likes her,” sabi naman ng isang lalaki.

“Hey, guys, her handsome boyfriend is behind us. I saw their daughter as well,” saad ng isang babae.

Nagpanting ang tenga ko. *She is my daughter, not Nathan’s!* gustong-gusto kong isigaw sa kanila.

“They’re a beautiful family,” dagdag nito.

Ipinikit ko ang aking mga mata at nagbilang. I clenched my fists.

Calm down, Troy. Walang alam ang mga taong iyon.

When I opened my eyes, I saw Cassandra smiling especially to one particular person. Nang tingnan ko kung sino iyon, si Nathan pala. He’s grinning from ear to ear. And I read what he mouthed to her.

I love you.

And I saw how her smile widened when she read that. But her smile froze when her eyes passed me. Agad niyang binawi ang paningin sa akin hindi pa man ako nakakaganti ng ngiti sa kanya.

“Love...” Napalingon ako kay Rich na nakakunot ang noo.

Goodness, Troy! You are with your wife and you are looking at another woman! No, not looking... adoring her, for Pete's sake!

Pilit akong ngumiti at binigyan ng isang mabilis na halik sa labi ang asawa ko. Pero di ko napigilang lungunin si Nathan na hindi mawala-wala ang ngiti.

Are they together now?

Nakarinig ako ng tawanan kaya parang natauhan ako. I saw Ice calling Lex. Then she raised her hand and urged him to take it. I could see how happy she was, though she's crying because of happiness.

When I saw Lex took her hand, he was crying as well. Napangiti ako. Now I could really say that Lex would take care of Ice because he showed the world how much he loved her. Hindi siya nahihiyang umiyak kahit maraming tao ang makakakita. And when they reached the altar, he hugged her as they both cry with happiness.

Napasulyap ako sa asawa ko. She's laughing and crying throughout the ceremony. Nakakatuwa kasi ang dalawang ikinakasal, lalo na si Lex. He's stammering while saying his vows. And Ice, she's still

lovely while crying and choking as she said her vows.

“I want to have this kind of wedding, Troy,” bulong sa akin ni Rich bago humilig sa balikat ko. “So intimate and you can really see how much they love each other.”

“They’ve been through a lot, love. And I’m one of those who witnessed that.” Napasulyap ako kay Sandra. She’s all eyes on the couple. Happiness was written all over her face.

“Why you keep on staring at her?” Napaligon ako kay Rich na nakakunot ang noo.

“Who?” Inayos ko ang upo ko at tumingin nang deretso kina Lex at Ice.

“That woman. Who is she?”

“She’s the mother of Cameron.” Napahugot siya ng hininga at humigpit ang kapit sa braso ko. Ngayon lang kasi niya nakita si Cassandra nang personal. Ako naman, pinigilan kong mapatingin ulit kay Sandra hanggang sa matapos ang kasal.

“Troy!” Napaligon ako sa tumawag sa akin. It’s Nathan na ngiting-ngiti. Nagkakagulo ang entourage sa bandang altar for picture-taking.

“Pare.” I offered my hand and hugged him.

“Hi, Rich.” Hinalikan niya sa pisngi ang asawa ko. Ilang beses na din silang nagkita.

“Buti nakapunta ka?” Ibinaling niya ang tingin sa akin mula sa nagkakagulong mga taong nagpapa-picture.

“Yeah. I received an invitation. Then Cassie told me that she’s also coming to this wedding. Hindi ko naman alam na best friend niya pala ’yung bride.”

“Daddy Nate!” Sabay kaming napalingon nang may tumawag sa kanya. Napakunot-noo ako nang makita ko kung sino iyon. Si Cameron. “Mommy is calling you.”

Napatingin kami kay Cassandra na sumesenyas na lumapit siya.

“Hi, Dad.” Tumungo ako para mahalikan niya ako sa pisngi. “Tita Rich.” Ganoon din ang ginawa niya. “Come na, Daddy!” aniya, sabay haltak sa kamay ni Nathan.

“Sige, pare, Rich. See you at the reception,” paalam niya sa amin bago nagpahaltak ulit kay Cameron.

“Why is she calling him ‘Dad’, Troy? Sila na ba ni... what’s her name again?” tanong sa akin ni Rich.

Hindi ko maiwasang masaktan sa pakikitungo

ni Cameron kay Nathan. Yes, Cammy was talking to me and Rich. Nahihiram ko siya paminsan-minsan, ngunit hindi siya ganoong kapalagay sa amin. Pero kay Nathan, palagay na palagay ang loob niya. Then I saw how Nathan kissed the cheek of the smiling Cassandra. Hinapit niya ito palapit sa kanya at ipinatong niya ang kamay sa balikat ni Cameron. They looked like a happy family.

Ikaw dapat ang nasa kalagayan ni Nathan ngayon pero pinakawalan mo pa. You made your choice, Troy, kaya wala kang karapatang makaramdam ng kahit ano.

11

Reality

Troy's POV

Cassandra was laughing when she caught the bouquet of flowers that Beatrice threw at the group of single ladies. Naririnig ko ang panunukso sa kanya ni Cameron na siya na ang susunod na ikakasal. Mahigpit kong nahawakan ang baso na parang mababasag iyon. Ang kaisipang maaari siyang ikasal sa ibang lalaki ay masakit tanggapin.

“Now, may we call on the bachelors.” Lahat ng binata ay nagsitayuan, kasama doon si Nathan. “Tossing of garter!” Nagsigawan ang mga lalaki. I saw Cassandra sitting on a chair while talking to Bea. Nang makita niya si Nathan ay nag-thumbs-up ito.

Tinanggal ni Lex ang garter na nasa hita ng asawa nito at inikot iyon sa daliri bago tumalikod at inihagis sa kalalakihan. Ewan ko pero ayokong si Nathan ang makakuha niyon o kahit na sino pang lalaki. How I wished that the garter would fall on my lap which was really stupid.

Nagulat ang lahat nang mula kung saan ay

biglang lumitaw si Ulric at nakipag-agawan sa garter. Dahil pareho silang magkasing-taas ni Nathan, nahawakan nila iyon nang sabay.

The bride walked toward them and I saw how she pinched Ulric's side as she whispered something to him. When he handed the garter to Nathan, people laughed as he walked toward Cassandra and teased her that he just wanted to make the tossing exciting.

When he turned, I saw him look at me then he smirked. Hindi ko alam kung para saan iyon, pero hindi ko na iyon pinansin lalo na nang makita kong sinisimulan nang isuot ni Nathan ang garter sa binti ni Cassandra, using his teeth.

Para akong tinarakan ng punyal sa dibdib habang tumataas iyon sa kalagitnaan ng hita niya. Hindi namin nakikita kung hanggang saan dahil natatakpan iyon ng gown na suot ni Cassandra, pero sa klase ng tawa niya, alam kong hindi ko magugustuhang makita iyon.

Hindi ko namalayan na naibagsak ko nang malakas ang hawak kong baso. Nagtataakang napatingin sa akin si Rich.

“Love, are you okay?” Tumingin lang ako sa kanya at tumango.

“I... I just need to smoke.” Without giving her a kiss, I stormed out of the place.

I went to the gent’s washroom and loosened the necktie that I was wearing. Para akong nasasakal sa suot kong iyon... literal na nasasakal lalo na sa mga nakita ko kanina.

Napasuntok ako sa pader ng banyo. I was really frustrated... angry... disappointed... hurt. Pinili ko si Rich dahil siya ang babaeng tipo ko at gusto kong pakasalan, pero bakit ganito? Hindi ko alam kung paano ko pakikitunguhan ang nararamdaman ko ngayon. Ang sakit na nakikita ko si Cassandra sa piling ni Nathan.

Again, I punched the wall to release all the pain in my heart. Baka sakaling mawala iyon kapag nabasag na ang kamao ko.

Ang hirap palang makita kang masaya sa iba, Sands. Nathan is one of the best guys in the planet. Lahat ng relasyon niya, tumatagal. When he’s in a relationship, I know how he gives his hundred percent. I am a total opposite of him. I cannot show such emotion to anyone. But I don’t know why I’m so hurt right now.

Did I fall in love with you, Cassandra, without realizing it? Did I really fall hard for you? Dahil kahit

na anong pilit ko, hindi ako lubusang masaya. And I'm jealous of the happiness that Nathan is giving you now. Naipagkamali ko bang pag-ibig ang nararamdaman kong paghanga kay Rich?

Isinandal ko ang aking sarili sa dingding at pumikit. I didn't want to regret my actions. Rich was a very nice woman. I could see her effort to reach out to Cameron every time she's with us. Pati ang parents ko, she's trying to please. She's not uttering a word even though Pauleen and Mama showed their indifference toward her.

She's your ideal woman, Troy. Kung sa pag-aalaga rin lang, wala siyang ipinagkaiba kay Cassandra. She's putting you on a pedestal. And she's really good in P.R. at napatunayan mo na iyan nang ilang beses. People loves her, lalo na ang mga taong nasa sirkulo mo. She's your perfect match.

Nagtungo ako sa lababo at naghilamos. I could not stay this way. I made my choice so I really need to sort out my feelings... throw the unnecessary one.

Palabas na ako ng banyo nang makita kong palapit ang nakatungong si Cassandra na busy sa pagkuha ng anuman sa hawak niyang purse. And again, my heart leapt.

Without thinking, hinila ko siya papasok sa washroom and locked the door.

“Troy!” Nanlalaki ang mga mata niya. I pinned her against the door and looked straight into her eyes. “What do you think you’re doing?”

I took a deep sigh and touched her face. “Why, Sands? Why Nathan of all people?”

Kunot-noong tinitigan niya ako. “Why not Nathan?”

Hindi ako nakakibo. *Shit, Troy! Ano’ng ginagawa mo?*

I dismissed the small voice in my head. “Nathan is a womanizer, Sands.” Gusto kong mapapikit sa kasinungalingang sinabi ko.

Umiling siya. “I trust him with all my heart. He said that he is going to take care of me and Cammy, at nakikita ko iyon. I will not let myself doubt him. He loves me so much.”

I pressed her more on the door. “I missed you so much, Cassandra. You know how crazy I am about you.” I kissed her neck and teasingly blew her ear. Napahugot siya ng hininga. “I’m really crazy over you.”

Pilit na kumawala si Sandra mula sa pagkakahawak ko pero hindi ko siya hinayaan.

Shit, Troy! Your body is responding in just a mere rubbing of her skin against yours.

And I saw anger in her eyes. “Crazy over me? Hah!” she smirked. “Are you nuts? Talaga ngang nababaliw ka na, Troy!” Muli, pinilit niyang makawala pero hindi pa rin siya nagtagumpay. Nanlaki ang mga mata niya nang lalo kong idinikit ang sarili ko sa kanya. I knew she could feel me.

“Isn’t that thing between us enough evidence?” tanong ko sa kanya.

Natawa siya. “Troy, hindi ako kaladkaring babae at alam mo ’yan. You used my body over and over. Ikaw lang ang paulit ulit na gumawa n’un sa akin.” Her eyes watered because of anger. “Ikaw lang din ang paulit-ulit na nanakit sa akin nang ganito.”

Lumuwag ang pagkakahawak ko sa mga kamay niya nang tumulo ang luha niya.

Nagpatuloy siya, “You didn’t let me become a part of you, Troy. After every sex that we had, iniiwan mo ako. For you, it’s just pure lust... just sex. Ni hindi ko masabi kung anong relasyon meron tayo.” Tuluyan kong pinakawalan ang kamay niya just to hold her

face.

“No, Sands, don’t cry.” Gamit ang mga labi ko ay tinuyo ko ang luhang bumabasa sa magkabilang pisngi niya. Marahan niya akong itinulak at naglakad papunta sa kabilang parte ng washroom.

“Hindi ko ba nasabi sa iyong mahal kita, Troy?” Napahugot ako ng hininga. She laughed bitterly. “All those four years, I kept you here in my heart. Hoping that one day, you will see me as a woman who need your love. But no, you didn’t.” Pinunasan niya ang luha niya.

Nawalan ako ng kibo pero hindi ko inaalis ang tingin ko sa kanya. I could see the hate and disgust in her eyes.

“I am just a sex object for you, Troy... Ah, mali yata ’yung word na ginamit ko.” Tumawa siya nang mahina at niyakap ang sarili. “Mas tama sigurong gamitin ’yung parausan. Tama, parausan mo lang ako, Troy. Ginamit mo ako nang paulit-ulit para ilabas lahat ang init d’yan sa katawan mo.”

Napapikit ako. Nasasaktan ako sa nakikitang galit niya sa akin.

“And above all, patuloy ka sa pakikipagkita sa ibang babae. Makikita ko na lang sa dyaryo, kasama

ka ni ganito, ni ganyan. Pero pagdating ng gabi, sa akin mo inilalabas lahat! What did I get in return, huh? Nothing, Troy. Nababoy lang ako... at ako naman si tanga, sige lang. Ang importante, sa akin ka pa rin at the end of the day.”

Napalunok ako at napahugot ng malalim na hininga, pilit na inaalis ang bikig sa lalamunan. Napakalalim ng sugat na iniwan ko sa kanya at alam kong wala iyong kapatawaran.

“Then you told me you need to move out. You don’t know the pain that I’ve been through. You threw me like a piece of shit and you didn’t give a damn! ”Tapos ngayon... ngayon na tinuturuan ko ang sarili kong mabuhay nang wala ka... tinuturuan ko ang sarili kong sumaya sa piling ni Nathan, kakausapin mo ako at gusto mong ipilit na naman ’yang kati sa katawan mo!”

You’re an asshole, Troy! Nasasaktan na naman si Cassandra nang dahil sa iyo!

“Sands...” Sa malalaking hakbang ay nilapitan ko siya para yakapin pero umiwas siya.

“I want to make this clear now.” Marahas na pinunasan niya ang kanyang luha. “This will be the last time na mag-uusap tayo nang ganito at itaga mo

d'yan sa utak mo na puno ng medalya... I will *not* be your whore anymore! Hinding-hindi ako papayag na maging kabit mo kahit pa mahal kita! You have your wife so f*ck her till you die! Magsama kayo ng perfect mong asawa na pwedeng ikabit sa dingding kahanay ng mga medalya mo!” Tumalikod siya sa akin pero mabilis kong hinawakan ang braso niya.

“I love you, Cassandra!” Nagulat kami pareho sa lumabas sa bibig ko. Nanlalaki ang mga matang napaharap siya sa akin. Dahan-dahan kong binitawan ang braso niya. Ako man, nagulat sa ginawa kong pag-amin.

Because all along, you love her.

“I love you, Sands. Hindi ko sinasabi ito just to have sex with you or what.” Hindi ko alam kung saan iyon nanggagaling pero dahil sa pag-amin ko, lumuwag ang kaninang pagsisikip ng dibdib ko. “I love you kasi... it's just you. And I will make everything right. But please... take me back.” Hinawakan ko ang dalawa niyang kamay at hinalikan iyon.

Congratulations Troy! At last, nasabi mo na din. What took you so long to realize it?

But my world shattered when she released her hands from me and shook her head.

“No, Troy. Masyado nang huli kung ano man ang nararamdaman mo, tunay man ’yan o hindi.” Tumulo ang luha niya. “You have Rich, your wife. You chose her. I have Nathan.” Napangiti siya. “The guy who loves me for who I am... who loves me with my imperfections... who loves all of me... who accepted me. Kaya hindi naman masamang ibalik ko sa kanya ang pagmamahal na iyon.” Ngumiti siya at hinawakan niya ako sa mukha. My eyes started to water.

“I will love him, Troy, and be happy with him. Gan’un din ang gawin mo para sa asawa mo. We cannot turn back the time anymore. We need to move forward. And I want to be with Nathan in my future.” Again, she broke into tears. Suminghot siya. “I love you, Troy... hanggang ngayon, hindi pa rin iyon nawawala. But Nathan loves me.”

“But you don’t love him.”

“But he loves me! At alam ko, in due time, matututunan ko rin siyang mahalina.”

Niyakap ko siya nang mahigpit. And for the first time in my life, hindi ko pinigilang umiyak. I claimed her lips. We were both crying.

Marahan niya akong itinulak at muli akong hinawakan sa mukha.

“Sands...” Hinawakan ko ang mga kamay niya at hinalikan iyon. “Don’t!” Inipit ko ang mukha ko sa mga palad niya.

“Let’s be happy for each other, Troy. Anyway, we still have Cameron. Kahit paano, may communication pa rin tayo.” Hinila niya ang kanyang mga kamay at inilahad ang kanang kamay niya sa akin. “Let’s be friends. Baka mas effective tayo bilang magkaibigan,” aniya, sabay ngiti sa akin kahit pa panay ang pagbagsak ng luha niya.

“We cannot be—”

“No, Troy. We can be friends. May pinagsamahan tayo. And we have Cameron. Use those to become the foundation of that friendship.” Ngumiti siya ulit at itinaas ang kamay.

Hesitantly, I took it. “Ang hirap palang magpaalam sa taong mahal mo. Now, I know what you felt then.” Di ko maiwasang matawa nang punasan niya ng panyo ang pisngi ko.

“Sus! Ikaw pa! ’Yaan mo, lilipas din ’yan!” Binawi ni Sandra ang kamay niya sa akin saka tumalikod.

“You know what?” Lumingon siya sa akin. “I am really stupid to let you go.”

“Huli ka na, pogi!” She smiled at me. “May nagmamahal na sa mahal mo!” she winked. Mabigat man, napangiti na lang ako.

She’s really a special woman. I thought si Rich ang mahal ko... minahal ko after Ice. I failed in judging my feelings because all along, in those four years, siya naman pala talaga, walang iba.

At sinita ako ng munting tinig sa aking isipan. Because in those four years, sa malayo ka nakatingin at hinahanap ang ideal woman na gawa ng isip mo. Natabunan ng utak ang anumang nararamdaman ng puso mo.

“Nathan!” Napatigil kami sa paglabas ng banyo nang makita naming nakasandal sa dingding si Nathaniel at nakahalukipkip. Matiim ang tingin na ibinigay niya sa amin. Lumapit siya kay Sandra at hinawakan sa mukha.

“Okay ka lang, Mommy?” I saw love in his eyes.

Nakangiting tumango si Sandra. “Yeah. Nag-usap lang kami, Daddy. We settled everything between us, right, Troy?”

Tumango ako nang tumingin sa akin si Nathan. “Take care of her, Nathan.” Pinilit kong ngumiti. He’s my friend... and would always be.

“Don’t worry, ginagawa ko na.” Ngumiti siya sa akin. “Balikan mo na ang asawa mo. Mukhang naiinip na iyon,” Inakay na niya palayo si Sandra.

She looked back at me and smiled bago tumingala kay Nathan at sinalubong ang ibinigay niyang halik.

Goodbye, my love. He is so lucky to have you.

Napahugot ako ng hininga at tumingala. Nagbabanta kasing pumatak ulit ang luha ko. Mas masakit ang naramdaman ko ngayon kaysa nang sabihin sa akin ni Ice na mahal niya si Lex. Mas masakit pala na piliin ng babaeng mahal mo, na alam mong mahal ka din, ang isang lalaki na mahal siya dahil alam niyang mas sasaya siya sa piling nito.

I smiled bitterly but I knew in my heart that Nathan would really take care of her... would truly love her.

Ipinasya kong tawagan na lang si Rich. I didn’t want to go back to the reception. Ayoko munang makita silang dalawa. Alam kong kaya ko pero ayokong masaktan.

Coward! anang isipan ko.

Yes, I am. Duwag akong makita na masaya si Sandra dahil hindi ko alam kung paano ko pakikitunguhan

ang damdamin kong nasasaktan.

Pag-uwi ko sa bahay, agad kong tinawagan si Ulric. Nagpasya kaming magkita sa condo unit niya. Hindi naman nagtanong pa si Rich nang magpaalam ako sa kanya.

“What happened, ha?” tanong sa akin ni Blond pagkababa niya ng kotse. Sa parking lot na ako naghintay sa kanya. “Kanina ka pa ba?”

“Half an hour.” Natawa ako sa sarili ko. I hated people who made me wait. Pero hindi naman kasalanan ni Ulric ang biglaan kong pakikipagkita sa kanya.

“Half an hour? May problema ka, 'no? Kung wala, hindi mo ako aantayin, panigurado iyan,” natatawang sabi niya. We took the lift. Ulric lived in a posh unit. Sa klase ng trabaho niya, hindi kataka-takang tumira siya sa ganoong kagandang lugar.

Hindi ako kumibo. Sinundan ko lang siya hanggang makarating kami sa unit niya. Pabagsak na naupo ako sa couch.

“What do you want to drink? You want me to call Lex?” natatawang tanong niya sa akin.

“Loko! You saw his face earlier, right? He really

wants to be alone with Ice.” Kinuha ko ang iniabot niyang baso.

“Oo nga eh. Let’s try this wine. Tingnan natin kung gaano kasarap.” Napapalatak ako nang makita ang pangalan na nasa bote. *Henri Jayer Cros Parantoux!*

“Nagtatapon ka ba ng pera?” Natawa ang kaibigan ko. “It’s a whooping 7K euros, pare!” Kulang na lang, kunan ko ng picture ang bote ng alak.

“Na-curious lang ako. Masarap daw s’abi nila, eh. Kaya binili ko.” Inilagay niya ang bucket ng yelo sa lamesa, with some chips and nuts. Naupo siya sa katapat kong upuan. “Now, spill it out, Mr. Villegas!” aniya sa akin habang binubuksan ang wine bottle gamit ng cork screw.

Huminga muna ako nang malalim bago tumitig sa kanya. “I love Cassandra.”

Nagulat ako nang biglang tumawa nang malakas si Ulric. “I knew it!” Napapailing pa siya habang nagsasalin ng alak sa mga baso namin. Tumingin siya sa akin nang ibaba niya ang bote. “Kaya pala halos patayin mo na ako kapag dinidikitan ko si Sandy!” Tumawa ulit siya bago tinikman ang alak. “Wow! This really tastes good!” And he took a sip again.

“Gan’un ba talaga ako?” alangan kong tanong

sa kanya.

“Wait till you see the pictures, pare! Dami kong captured moments mo lalo na n’ung inilalagay na ni Nathan ang garter sa hita ni Sandra Babe! Pang-blackmail ko sa iyo!” Muli siyang humalakhak.

Natatawang napailing ako. Kahit kailan talaga, di seryosong kausap ang lalaking ito.

“But you are too late.” Biglang sumeryoso ang mukha niya. “You are married at kawawa naman ang asawa mo. Don’t worry about Sandy, she’s happy with Nathan. Pabayaang mo namang sumaya’yung tao. Ilang taon kayang nagtiis iyon sa iyo.” Iling-iling na sumubo siya ng chips bago sumandal.

Napabuga ako ng hangin. Tama naman talaga. I need to let Sandra go, like what she did to me. Her happiness is my happiness as well.

Itinaas ni Ulric ang baso niya. “Cheers!” Itinaas ko din ang baso ko. “At inumin natin itong wine hanggang sa maubos natin. Next time, I’ll buy a different one when I go to Europe. Marami talagang wine d’un, eh.” Tumingin siya sa akin. “Nathan is your friend, right?”

Tumango ako. “Close friend. We both went to *MIT*.”

“He’s a good guy. Nakita ko kung gaano niya pinasasaya si Sandra.” Sinalinan niya ulit ng alak ang kanyang baso. “Alam mo, Troy, sayang talaga.” Napaangat ang tingin ko sa kanya. “I like seeing the two of you together. Don’t get me wrong, but she is the perfect match for you.”

Napakunot ako ng noo.

“Pang-balanse mo si Sandra. You are very stiff, si Sandra, kalog. Ang talino mo, si Sandra ay tama lang. Kung ikaw ay parang hari, si Sandra nama’y commoner lang, ’yung abot ng lahat. You are scared to show your emotions, Sandra gives her all.” Napabuntong-hininga si Ulric. “She is your opposite, kaya pumapantay ang weighing scale ninyong dalawa. But you looked for a perfect match.” Hindi ako nakakibo. “Ngayon, tell me honestly, are you really happy? Truly happy with Rich?”

Iniwag ko ang mga mata ko sa kanya at sumimsim ng alak.

“See? Hindi ka makasagot. Ang tagal-tagal na kitang pinagseselos, ngayon mo lang na-realize ang feelings mo sa kanya. Kung alam ko lang na si Nathan pala ang makakapagpa-realize sa iyo ng kalokohan mo, sana dati pa hinanap ko na siya!” Napailing siya. “Pero, pare, hindi ba talaga ako kaselos-selos, ha?”

Parang kahit kay Lex, hindi effective, eh!”

Natawa ako sa sinabi niya.

This is guy is really something. Siya naman ang bumabalanse sa pagkakaibigan naming tatlo. And I don't want him to know na halos patayin ko siya sa ginagawa niyang pakikipaglapit kay Cassandra. I owe him big time, kami ni Lex. He really took care of our ladies for us.

“She offered friendship,” sabi ko sa kanya.

Napatangu-tango ang kausap ko. “She’s really nice. Kung ako si Sandra, ipabubugbog kitang gago ka. Walang friendship-friendship! Kalokohan lang ’yan! But she is Sandra. Katulad ’yan ni Trice kung magmahal. You are lucky kasi naranasan mong mahalin niya.

“Pero si Nathan ang mas maswerte lalo na kapag natutunan siyang mahalin ni Sandra. Si Sandra kasi ang tipo na pang-forever ang gusto. Since Nathan is willing, she took her chance on him. At pasalamat ka kasi may Cameron kayo. Kung wala, ewan ko lang kung mag-offer pa siya ng friendship.”

Tinitigan niya ako bago siya nagpatuloy, “She offered friendship dahil hindi maganda na makita ni Cameron na hindi magkasundo ang mga magulang

niya. She is crossing that gap between you. Just comply with her offer, pare.

“Tapos, mag-focus ka kay Rich. Maging mabuting magulang at asawa ka na lang. Kahit umiyak ka sa harap ko, wala ka nang magagawa. You let her slip away, Troy. Kaya kalimutan mo na ’yang too late mong love. Tek, nasabi ko na bang tanga ka?” Umiling ako. “Well, tanga ka. ’Yan, nasabi ko na kaya kalimutan mo na ang feelings mo kay Sandy at huwag mo nang guluhin ang buhay n’ung tao.”

Can I do that easily? Forgetting Cassandra?

12 Trials

Nathan's POV

“Hi, Mommy. Miss me?” bati ko kay Sandra nang tawagan ko siya.

“Hmm... pwede na rin.”

Natawa ako sa sinabi niya.

“Is there something you want to eat? Maaga kasi ako makakauwi ngayon.” Her cravings had already started. Kaya naman kapag may sinabi sa akin, hindi pwedeng hindi ko bilhin at dalhin sa kanila. I loved looking at her face every time she received something from me. It's my stress reliever.

“Gan'un na ba ako katakaw ngayon?” Napangiti ako dahil para kasing nakikita ko siyang kandahaba ang nguso.

“Hmm... ang nguso.” Narinig kong tumawa siya sa kabilang linya. “Now tell me, what do you want?”

“Brie called up earlier. She wants to pick me up and Cam. We are going to shop. Okay lang ba?” tila

nag-aalangang tanong niya.

My family loved her, even Cameron. And when they learned about her pregnancy, kulang na lang ay patirahin na nila sa bahay ang mag-ina ko. Though I was happy that they loved them, still, I didn't want them to know the truth about the father of the baby.

“Of course! Pero hindi ka ba mapapagod? Remember, bukas pupunta tayo kina Bea.” Kakarating lang kahapon ng pamilya Falcon galing sa paglilibot sa Europa. Halos tatlong linggo ding nawala ang mga ito. Hindi pa nga nasasabi ni Cassie ang kanyang kalagayan sa kaibigan niya.

“Okay lang naman, Dad. Isa pa, minsan lang nandito si Brie. Then Cam really wants to go with her. And Bea called me earlier. Next week na lang daw tayo bumisita sa kanila kasi pinapapunta ng mga oldies sa probinsya ang mga bata. Mga one week daw sila doon.” Kahit nakikinig ako sa sinasabi niya, hindi ko maiwasang hindi mag-alala dahil sa nalaman kong case niya during her pregnancy with Cameron.

“Sure ka ba? Hindi na ba masakit ang balikat mo? Nagpalagay ka ba ulit ng ointment kanina kay Manang?” Nangalay daw ang balikat niya sa kakahiga. Halos hindi kasi siya naglalalabas ng bahay lalo na kapag hindi ako ang kasama. Tuluyan na siyang nag-

resign sa trabaho niya para maalagaan ang kanyang pagbubuntis.

Ang nakuha niyang compensation from her job, according to her, would last for five years, kasama ang mga naipon niya. Wala naman siyang problema kay Cameron because she's well-provided for by Troy. Pagkatapos daw niyang manganak ay saka siya maghahanap ng bagong trabaho o magtatayo ng sariling business. Kung ano iyon, wala pa siyang sinasabi sa akin.

“Opo. No need to worry. Sige na, Dad. Call me if you're out of the office, ha? Baka nasa labas pa kami. Ingat po.”

“Kayo din, ingat. I love you, Mommy. Is Cam beside you?” I heard knocks. Napatingin ako sa pinto.

“Sir, Mr. Villegas is here,” my secretary told me. Natigilan ako. I saw him standing behind her.

“Uhm... Mommy, I'll call you later. Take care, okay? I love you. Send my regards to Cam. Tell her to send me SMS if she wants me to buy anything for her,” bilin ko kay Cassie habang hindi inaalís ang tingin sa pintuan. Sinenyasan ko si Troy na pumasok.

Tumayo ako pagkababa ko ng telepono at nakangiting nilapitan ko siya.

“What a pleasant surprise, pare!” Niyakap ko bilang pagbati ang kaibigan ko. “Hindi na tayo nakakapag-golf.”

“Oo nga. Busy ka kasi sa lovelife mo,” biro niya habang papunta sa visitor’s chair na itinuro ko.

“Nagsalita ang hindi!” Lumapit ako sa coffee maker. I loved doing my own coffee. “The same one?” Tumango siya. Troy always wanted his coffee black with a cube of sugar.

Umupo ako sa kaharap na upuan niya matapos kong iabot sa kanya ang tasa ng kape.

“What brings you here, pare?” Hindi ko maiwasang pagmasdan siyang mabuti. “And what happend to you? You’re a mess! Wala ka bang salamin sa bahay?”

Natawa siya at hinawakan ang kanyang mukha. Sa haba ng balbas at bigote niya, malamang na hindi na siya nag-aabalang mag-ahit.

“Sobrang busy. Sumakit lang ang ulo ko kaya nagawi ako dito, tatal nasa kabilang hotel lang ako.” Troy was a very successful hotelier. Kabi-kabila ang mina-manage niyang hotel pero kahit ganoon siya ka-busy noon, hindi niya nagagawang pabayaang sarili. Hindi tulad ngayon, malapit na siyang maging ermitanyo!

“Buti hindi natatakot ang asawa mo sa iyo?”

Nawala ang ngiti niya sa labi nang mapatingin sa akin.

“How is she?” Kumunot ang noo ko. “How is Cassandra? Matagal na din kaming hindi nagkikita at nagkakausap.”

Napatuwid ako ng upo. “Cassie is fine.”

“I heard she left school.” He took a sip of his coffee.

Tumango ako. “Lie low muna siya. Ayaw munang magtrabaho.”

“Is there something wrong with her?” Halata ang pag-aalala sa boses niya.

Umiling ako. “Okay naman siya. Gusto lang talagang magpahinga sa trabaho. Baka next year na ulit siya maghanap ng bagong mapapasukan.”

Tumango-tango siya. Sa tagal naming magkakilala ni Troy, hindi pwedeng hindi ko mahalata kapag may kakaiba siyang ikinikilos. Like now, it seemed like he wanted to tell me something.

“Spill it out, dude. What is it?”

Troy let out a deep sigh. “I love her, pare.”

Napahugot ako ng hininga sa sinabi niyang iyon. “I love Cassandra,” ulit niya habang nakatitig sa mga mata ko. Ilang segundo akong hindi nakapagsalita. Buti na lang hindi ko hawak ang tasa ng kape, kung hindi ay malamang bumagsak na iyon sa sahig.

“So, why are you telling me now?” I didn’t know where I got the courage to ask that.

“Hindi ko din alam, pare.” Inilapag niya ang tasa sa lamesa saka inilayo ang paningin sa akin. Kinuha niya ang picture frame na nasa ibabaw ng work table ko. It’s me and Cassie. Kuha ni Ulric noong kasal nina Lex at Bea.

I saw him smile, ngiting hindi umabot sa mga mata.

“Maybe because I want to be honest with my feelings towards her.” Tumingin siya sa akin sandali bago muling ibinalik ang pansin sa larawan. He touched Cassie’s face.

“What’s the use, pare? She is my girlfriend now and you are married.” I saw sadness in his eyes nang muli siyang tumingin sa akin.

“Yeah, you’re right. What’s the use of telling you now?” Inilapag niya ang frame sa table bago sumandal sa upuan at pumikit. “I’m too late.”

“Did you... did you...?” I could not utter the question that I wanted to ask.

“Tell her?” Tumango ako. “Yes, I told her.” Ang lakas ng kaba ng dibdib ko nang marinig iyon. He smiled bitterly. “She chose you. And I think she was right in choosing you.”

“Wala lang siyang magawa sa kakulitan ko.” Natawa siya sa sinabi ko.

“Might be.” Ako naman ang natawa. “Take care of her, pare.”

Tumango ako. “As I told you before, I’m already doing it. And, pare, sort it out.” Hinilot niya ang kanyang sintido. “You cannot stay in love with Cassie. You are married.”

“I’ll... I’ll try.” Napailing siya. Mukhang pati siya, hindi kumbinsido sa sinabi niya.

Tinapik ko siya sa braso. “Don’t worry too much about her. Hindi ko siya pababayaan. Takot ko lang na agawin mo siya sa akin!” Natawa siya sa sinabi ko.

“Dapat lang. Kapag namali ka ng lingon, wala ka nang babalikang girlfriend.” Muli akong natawa. Tumayo na siya. “I’ll go ahead. I just want to spread this headache particularly to you. Baka sakaling

mawala.”

“Loko!” Inihatid ko si Troy sa pinto at binuksan iyon.

“Do everything to make her happy, pare. Gawin mo 'yung mga hindi ko nagawa for her,” bilin niya bago humakbang palabas ng opisina ko.

“Sige na. Baka maiyak ka pa dito.” Kumaway siya sa akin bago tumalikod. Bagsak ang mga balikat niya habang papunta sa lift.

Mahal ka ng mahal mo, Mommy. But I'm glad you chose me. I promise na hindi mo pagsisisihan iyon.

Sandra's POV

“Naku, bes, buti nagkita na din tayo!” sabi ni Bea habang nakangiting iniabot sa akin ang coco milkshake na gawa niya. Natuloy na din ang pagdalaw namin sa bahay nila mula nang makauwi sila galing sa honeymoon.

“Kaya nga, eh. Ang hirap mong hagilapin.”

“Mom, Ninang, I'll just go upstairs.” Napatingin kami kay Mason na dala ang libro nito.

“Why? Cammy is here.” Sinulyapan namin ang

aking anak na nakataas ang kilay.

“Wala naman po akong gagawin dito. I’ll just read upstairs. Silang dalawa lang ang natutuwa sa ginagawa nila, eh.” Alexa and Cameron were playing computer games.

“Okay. You go ahead, Mason,” sabi ko.

“Hey you, Alex!” Lahat kami ay napatingin kay Cameron na nakapamaywang. “What’s your problem, huh? In school and even here in your house, you are showing that kind of attitude to me.” Napatingin naman kami kay Mason na kalmado lang.

“What attitude? I’m not into computer games anymore. Lipas na ako diyan. ’Bye and enjoy!” anito, sabay taas ng kamay bago tumalikod.

Nagpapadyak naman sa inis si Cameron. Napailing ako sa iginawi ng anak ko.

“Kahit sa bahay, ganyan ’yan. Inis na inis kay Mason,” pagbibigay-alam ko. Napangiti si Bea. “Ang bilis ng panahon. May dalagita at binatilyo na tayo; si Alexa mo, lumalaki na din. Wala pa bang kasunod?”

“Processing.” Mataman siyang nakatingin sa akin na tila pinag-aaralan ako. “Something changed in you. Blooming ka ngayon. Hiyang ka kay Nathan, ha!”

“I know and I’m happy for that. Ang hirap makahanap ng gwapo na’y mabait pa, mahal na mahal pa ako.” Tumayo ako at lumapit sa bintana. “I have a confession to make, bes.” Tumingin ako sa kanya. “Troy told me that he loves me.” Narinig ko ang paghugot niya ng hininga.

“Kailan ’yun?” takang tanong niya habang nanlalaki ang mga mata. “At talaga naman, ha! Kung kailan huli na saka niya na-realize na mahal ka niya? ’Kaloka lang talaga!”

“At your wedding reception. But I chose Nathan.” Ngumiti ako sa best friend ko.

“Tama lang ang ginawa mo, bes. Walang mangyayari if you will linger in the past. Nathan is a good guy, I think. And Troy, forget about him na lang nang bongga! Ay, di pala pwede. You have Cameron.” Ngumiti siya. “Pero teka, how about his family? Did you meet them?”

Tumango ako. “They like me, bes. Kaya gagawin ko ang lahat para matutunan kong mahal si Nathan. Anyway, he’s a very good person. Wala akong masabi. Pati sa pamilya niya. They even love Cameron.”

“Good for you as in sobrang good for you talaga, bes.” Tumayo siya upang lumapit sa akin at niyakap

ako. “You found the one!”

“One more thing...” Humiwalay siya mula sa pagkakayakap sa akin at tinitigan ako. “I’m...” I took a deep breath. “I’m pregnant.”

I saw the shocked reaction on her face. “How many months?”

“Running for eight weeks... and your hunch is correct. Troy is the father.” Naglakad ako pabalik sa couch at naupo. Para kasing biglang kumirot ang tiyan ko.

Napasunod sa akin si Bea at hinawakan ako sa kamay. “My God, bes! Paanong...? Alam ba ni Nathan?”

“He accepted me fully, bes. Kaya hindi na ako nagdalawang-isip na siya ang piliin ko. But you have to promise me one thing, bes. Troy doesn’t need to know. Ayokong magulo ang buhay nilang mag-asawa. Hindi ko kakayanin kapag may nangyaring masama sa pagsasama nilang dalawa.”

Napabuntong-hininga siya makalipas nang ilang saglit bago tumango.

“Eh, ang family ni Nathan? Si Cameron?”

“They know that I am pregnant. But what they

know that this is Nathan's. Cameron knows the truth. Hindi ipinatago ni Nathan sa kanya. And she agreed as well na hindi malaman ni Troy ang tungkol dito." Muli kong naramdaman ang pagkirot sa bandang ilalim naman ngayon ng tiyan ko.

"So how was your pregnancy, bes? Ano'ng sinabi ng doktor?" Hinaplos niya ang tiyan ko.

"Okay naman so far. Sana nga magtuloy-tuloy. Si Nathan, sinisimulan na niyang ipaayos ang guest room sa bahay para gawing nursery. Kaso lang, bes, nitong mga nakaraang araw, masakit sa bandang ilalim pero konti lang. Di ba normal lang naman 'yun?"

"Are you sure hindi masyado?" Tumango ako. "Alam na ba ni Nathan?"

"I don't want to tell him. For sure, mauuna pa siyang mag-panic sa akin. Ay, teka, naiihi na ako." Tumayo ako at nagpunta sa toilet. Ibababa ko na dapat ang suot kong panty nang may makita akong bahid ng dugo doon. Bigla kong natawag si Bea sa sobrang takot ko.

"Bes, what happened?" Binuksan niya ang pinto ng banyo.

"Call Nathan, bes! I'm bleeding!" Bigla akong

nanghina at napaupo sa toilet bowl. Nanginginig ako.

“Ha? Teka, maupo ka muna diyan. I’ll be back.”
Makaraan ang ilang sandali, kasama na ni Bea si Nathan pagbalik niya sa banyo.

“Daddy, ang baby ko...” Napaiyak na ako nang makita ko ang boyfriend ko.

“Shh... don’t cry.” Binuhat ako ni Nathan. At sa pagpikit kong iyon, hindi ko na alam kung ano ang nangyari....